

Hulyo – Setyembre 2025

“Kayo ay Ganap kay Cristo”

ni

Rev Dr Hien Nguyen

Tungkol sa May-akda



Si Rev Hien Nguyen ay Pastor ng dalawang simbahan sa Australia: Brisbane Bible-Presbyterian Church (2006) at Vietnamese Bible-Presbyterian Church — Brisbane (2013). Nakuha niya ang Kaniyang Master of Divinity (2003), Master of Theology (2004) at Doctor of Religious Education (2024) mula sa Far Eastern Bible College (Singapore).

MARTES, HULYO 1

MGA TAGA-COLOSAS 2:4-12

MGA TAGA-COLOSAS 2:10

“Sa kaniya kayo’y napuspap na.”

KAYO AY GANAP KAY CRISTO

Ang pinakadakilang Kaloob na ibinigay ng mapagmahal na Diyos sa sangkatauhan ay ang Kaniyang bugtong na Anak (Juan 3:16). Nakalulungkot na maraming tao ang binabalewala ang mahalagang Kaloob na ito at naghahanap o humahabol sa mga bagay na walang kabuluhan sa mundong ito: kasikatan, kapangyarihan, kayamanan, katanyagan, karunungan ng mundo, mga pilosopiya, pagpapahalaga, mga pamumuhay, pita ng laman, kalayawan, libangan, atbp., na hindi kailanman makapagbibigay kasiyahan sa kanila ni makapagliligtas sa kanila! *“Ni walang kaligtasan sa kaninumang iba: sapagka’t walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa gitna ng mga tao, na siyang ating dapat ikaligtas”* (Mga Gawa 4:12).

Pinapasalamat natin ang Diyos na sa Kaniyang biyaya at awa lamang ay binuksan Niya ang ating mga mata at iniligtas tayo mula sa kasalanan at sa kapangyarihan ng kadiliman ni Satanas patungo sa Kaniyang kahanga-hangang liwanag (Mga Gawa 26:18; Col 1:13; 1 Ped 2:9) upang matagpuan natin hindi lamang ang ating kaligtasan kay Cristo kundi maging ang ating Lahat sa Lahat (Col 3:11), at tayo ay *“lubos sa kaniya”* lamang. Maraming mananampalataya ang nakatagpo ng kanilang kaligtasan kay Cristo ngunit pagkatapos noon ay hindi na nagpatuloy sa paghahanap kay Cristo bilang kanilang Lahat sa Lahat.

Si Jesus ay hindi lamang ang ating kaligtasan, kundi atin ding katuwiran, ating kabanalan, ating buhay na walang hanggan, ating lakas, ating karunungan, ating tagumpay, ating kapayapaan, ating kagalakan at ating Lahat sa Lahat. Tanging sa Kaniya lamang tayo ay ganap, walang kulang. Kapag nasa atin Siya, nasa atin ang Lahat. Kung wala Siya, wala tayong kahit anuman. Samakatuwid, habang mas nakikilala natin Siya, nagtitiwala sa Kaniya, tumitingin sa Kaniya, umaasa sa Kaniya, at buong pagpapakumbabang nagpapasakop sa Kaniya at sa Kaniyang Salita, lalo nating matatamo ang Kaniyang buhay at ang Kaniyang Lahat. Sa gayo’y mabubuhay tayo para sa Kaniya, maglilingkod sa Kaniya, at lalakad gaya ng paglalakad Niya (Col 2:6; 1 Juan 2:6), at malalasahan na ang Panginoon ay mabiyaya at mahalaga (1 Ped 2:3-4).

PAG-IISIP: Tayo ay ganap lamang kay Cristo, ang ating Lahat sa Lahat.

PANALANGIN: Ama, buksan mo ang aking mga mata upang lalo Kitang makita at mapahalagahan.

KAILANGANG KAYO AY IPANGANAK NA MULI

Ang mga Pariseo ay sinaway ng Panginoong Jesus dahil sa kanilang pagkukunwari (Mat 23). Gayunpaman, sa Juan 3, makikita natin ang isang mabuting Pariseo na nagngangalang Nicodemus, isang pinuno ng mga Judio (v 1) at isang guro ng Israel (v 10), na lumapit kay Jesus sa gabi. Bakit sa gabi? Marahil ay wala siyang sapat na lakas ng loob na makita si Jesus sa araw dahil sa takot sa mga Judio. Ayaw niyang makita siya ng ibang mga pinuno at Pariseo na nakikipag-ugnayan sa Panginoong Jesus, na kanilang kinaiinggitan, kinasusuklaman at pinag-uusig. Ngunit pagkatapos ng kaniyang pakikipagtagpo sa Panginoon, nagbago ang kanyang buhay. Kalaunan ay makikita natin siyang nagkaroon ng lakas ng loob na ipagtanggol si Jesus habang ang mga mataas na saserdote at iba pang mga Pariseo ay laban sa Kaniya (Juan 7:50-51). At sa wakas, nang mamatay si Jesus, nagkaroon siya ng tapang na magdala ng 100 libra ng pabango para sa paglilibing ng Panginoong Jesus (Juan 19:39-42).

Sa Juan 3, sinabi ni Nicodemus kay Jesus, *“Rabbi, nalalaman namin na ikaw ay isang tagapagtuturo ng nagbuhat mula sa Diyos; sapagka’t walang taong maaaring gumawa ng mga himalang ito na iyong ginagawa, maliban na ang Diyos ay sumasakaniya.”* Ngunit dito, dahil sa pagkabahala ni Jesus para sa kaligtasan ni Nicodemus, sinabi Niya sa kanya, *“Katotohanang, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang isang tao ay maipanganak na muli, ay hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos.”* Si Nicodemus ay labis na nagulat, at tinanong si Jesus, *“Paano ba na ang isang tao ay maipanganak kung siya ay matanda na? maaari ba siyang pumasok sa ikalawang pagkakataon sa sinapupunan ng kaniyang ina, at maipanganak?”* Kinumpirma ni Jesus, *“Katotohanang, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang isang tao ay maipanganak sa tubig at sa Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Diyos,”* at pagkatapos ay sinabi ni Jesus sa lahat ng naroroon, *“Kayo ay dapat maipanganak na muli.”* Ito ang pangunahing kondisyon upang makita ang Kaharian ng Diyos at makapasok sa Kaharian ng Diyos, upang makita ang katotohanan, upang maunawaan ang Salita ng Diyos at upang matamasa ang kaligtasan ng Diyos. Sigurado ka ba at ako na tayo ay naipinanganak na muli?

PAG-IISIP: Siguraduhin na tayo ay ipinanganak na muli at pagkatapos ay mag-alala para sa kaligtasan ng iba.

PANALANGIN: Salamat sa Iyo, Ama, sa Iyong pagmamalasakit para sa aking kaligtasan.

IPINANGANAK NA MULI NG DIYOS AT NG KANIYANG SALITA

Paano tayo maipanganganak na muli? Kinukumpirma ng Bibliya, *“Datapuwa’t gaya ng marami na tumanggap sa kaniya, ay ibinigay niya sa kanila ang kapangyarihan upang maging mga anak ng Diyos, samakatuwid sa kanila na nananampalataya sa kaniyang pangalan: Na mga ipinanganak, hindi ng dugo, ni ng kalooban ng laman, ni ng kalooban ng tao, kundi ng Diyos”* (v 12-13), at *“ipinanganak na muli,... sa pamamagitan ng salita ng Diyos, na nabubuhay at namamalagi magpakailan man”* (1 Ped 1:23). Dapat tayong ipanganak ng Diyos at sa pamamagitan ng Salita ng Diyos upang *“maging mga kabahagi sa dibinong kalikasan”* (2 Ped 1:4). Wala nang ibang paraan. Hindi tayo ipinanganak na muli sa *“dugo”* o sa pamamagitan ng ating kaugnayan sa ating mga magulang na Kristiyano. Hindi maibibigay ng ating mga magulang ang *“kalikasang mula sa Diyos,”* ang kalikasan ng Diyos, o ang buhay na walang hanggan. Maraming nalililang ang kanilang sarili sa pag-aakalang sila ay mga santo sa pamamagitan ng kanilang sariling pagsisikap at merito o sa pamamagitan ng kanilang mahigpit na mga relihiyosong gawain habang ang kanilang mga puso ay nananatiling makasalan at tiwali dahil hindi nila kailanman magagawa na likhain ang *“kalikasang mula sa Diyos”* na iyon. Sa pagkabatid nito, tayong mga magulang o mga pastor ay magtuturo ng Salita ng Diyos sa ating mga anak at mga miyembro at taimtim na mananalangin para sa kanila hanggang sila ay ipanganak ng Diyos.

Magpasalamat tayo sa Diyos at purihin ang Panginoon sa Kaniyang mapagpalang gawain sa atin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu at ng Kaniyang Salita, na tumutulong sa atin na magsisi sa ating mga kasalanan at tanggapin si Jesus bilang ating Panginoon at Tagapagligtas (Tito 3:5). Nang sabihin ni Jesus, *“Maliban na ang tao ay ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Diyos,”* nauunawaan natin na ginagamit ng Banal na Espiritu ang Salita ng Diyos, *“ang paghuhugas ng tubig sa pamamagitan ng salita”* (Efe 5: 26) upang muling isilang ang mga nagpapasakop sa Panginoon at sa Kaniyang Salita tulad ng luwad sa kamay ng magpapalayok.

PAG-IISIP: *“Yaong ipinanganak sa laman ay laman; at yaong ipinanganak sa Espiritu ay espiritu”* (Juan 3:6).

PANALANGIN: O Ama, tulungan Mo akong isuko ang aking sarili sa Iyo at sa Iyong Salita upang ako ay maipanganak na muli at maging kabahagi ng Iyong banal na kalikasan.

PAANO KO MALALAMAN NA AKO AY IPINANGANAK NA MULI

Makatitiyak ba tayo na tayo ay ipinanganak na muli? Paano? Ano ang mga palatandaan ng isang tunay na ipinanganak na muling Kristiyano?

Ang isang sanggol ay likas na nangangailangan at umaasa sa kaniyang ina at sa kanyang gatas. Ang isang sanggol ay hindi kailanman mabubuhay nang mag-isa. Gayundin, ang isang Kristiyanong ipinanganak na muli ay likas na nangangailangan at nauuhaw sa Panginoon at sa Kaniyang Salita at hindi siya mabubuhay nang wala ang Panginoon at ang Kaniyang Salita. Iyan ang unang palatandaan. Nangangailangan ba tayo at nauuhaw sa Panginoon at sa Kaniyang Salita? *“Kinauuhawan ng aking kaluluwa ang Diyos, ang buhay na Diyos: kailan ako paririto, at haharap sa Diyos?”* (Awit 42:2), at *“Gaya ng bagong silang na mga sanggol, ay naisin ang tunay na gatas ng salita, upang kayo nawa ay lumago sa pamamagitan nito:”* (1 Ped 2:2). Nabubuhay ba tayo ayon sa Panginoon at sa Salita ng Diyos? (Juan 6:57).

Sunod, ang isang tunay na Kristiyanong ipinanganak na muli ay hindi sadyang patuloy na mamumuhay sa kasalanan. *“Sinuman ang ipinanganak ng Diyos ay hindi gumagawa ng kasalanan; sapagka’t ang kaniyang binhi ay nananatili sa kaniya: at siya ay hindi maaaring magkasala, sapagka’t siya ay ipinanganak ng Diyos”* (1 Juan 3:9). Hindi ito nangangahulugan na ganap na kawalan ng kasalanan dahil siya ay nabubuhay pa sa mundo, at hindi pa perpekto (Fil 3:12-14). Ngunit kapag itinuwid ng Banal na Espiritu, nagsisisi siya kaagad upang maibalik ang kanyang pakikipag-ugnayan sa Diyos (1 Juan 1:7-10) dahil hindi niya matiis na mahiwalay sa Panginoon, umiiyak na tulad ni David, *“Maawa ka sa akin, O Diyos, ayon sa iyong kagandahang-loob: ayon sa karamihan ng iyong malumanay na mga kaawaan ay pawiin mo ang aking mga pagsalangsang. Hugasan mo akong lubos sa aking kasamaan, at linisin mo ako sa aking kasalanan”* (Awit 51:1-2).

Sa pamamagitan ng mga pangunahing palatandaang ito ng isang ipinanganak na muling Kristiyano, maaari nating suriin ang ating sarili at malaman kung tayo nga ay ipinanganak na muli.

PAG-IISIP: Napakaganda na ang isang makasalanang tulad ko ay ipinanganak na muli ng Diyos at ng Kaniyang Salita at ako ay Kaniyang anak na ngayon!

PANALANGIN: O Ama, nagpapasalamat ako sa Iyo dahil sa Iyong mapagbiyang gawain sa aking buhay.

**TUNAY NA KALIGAYAHAN KAY CRISTO:
TANGGAPIN ANG IYONG ESPIRITUWAL NA KAHIRAPAN**

Marami ang nag-iisip na maaari silang magkaroon ng kaligayahan kapag nasa kanila ang mga nais nila: kalusugan, kayamanan, katanyagan, kasikatan, mataas na posisyon sa lipunan, magandang trabaho, magandang pamilya at maraming pera sa bangko. Ngunit ang nakalulungkot, kapag nakuha na nila ang lahat ng mga materyal na biyayang ito, nananatili pa rin ang kahungkagan sa kanilang puso. Kung wala ang Panginoon at ang Kaniyang pagpapala, walang sinuman ang makatatagpo ng tunay at pangmatagalang kaligayahan. Si Haring Solomon ay nagtaglay ng malaking karunungan, kapangyarihan, katanyagan, kayamanan at lahat ng kanyang nais. Bukod dito, siya ay napakatalino (1 Hari 4:32). Pero sa huli ano ang sinabi niya? *“Nasusuklam ako sa buhay; sapagka’t ang lahat ay walang kabuluhan at kabagabagan ng espiritu”* (Eccl 2:17).

Salamat sa Diyos na maaari nating matagpuan ang tunay na kaligayahan kay Cristo Jesus. Ang Kaniyang unang Beatitude ay, *“Mapapalad ang mga dukha sa espiritu: sapagka’t sa kanila ang kaharian ng langit.”* Ang dukha sa espiritu ay tumutukoy sa mga tao na nasa espirituwal na kahirapan at kawalang-kapangyarihan. Napagtanto nila na kulang sila sa kaluwalhatian ng Diyos at sa mga espirituwal na katangian, kulang sila sa pagmamahal sa Diyos at sa kapwa, kulang sila sa kabanalan, katuwiran, karunungan, pagtitiyaga, pagpapakumbaba, pagsunod, atbp. Kung ating maunawaan na tayo ay espirituwal na mahirap, kung gayon tayo ay pinagpala, sapagkat atin ang kaharian ng langit. Sinaway ng Panginoong Jesus ang simbahan ng mga taga Laodicea, sapagka’t sinasabi nila, *“Ako ay mayaman, at sumagana sa pag-aari, at walang pangangailangan ng anumang bagay; at hindi nalalaman na ikaw ay sawimpalad, at kahabag-habag, at mahirap, at bulag, at hubad”* (Pahayag 3:17). Nakalulungkot, ang pilosopiya ng mundo ngayon ay itaguyod ang “sarili” na may pagpapahalaga sa sarili, kumpanyansa sa sarili, pagtingin sa sarili, sobrang kahalagahan sa sarili, atbp., na may positibong pag-iisip, “Magaling ako, ako ay may kakayahan, ako ay matalino,” at hindi kailanman, “Ako ay masama, ako ay walang magawa, ako ay walang pag-asa.” Paano sila magpapakumbaba at lalapit sa Panginoong Jesus sa pagsisisi at pagpapasakop?

PAG-IISIP: *“Si Cristo Jesus ay dumating sa sanlibutan upang iligtas ang mga makasalanan; na sa kanila ay ako ang pangunahin”* (1 Tim 1:15).

PANALANGIN: O Ama, tulungan mo akong makita ang aking sariling espirituwal na kahirapan at ang iyong mga yaman sa akin.

**TUNAY NA KALIGAYAHAN KAY CRISTO:
MAGLUKSA SA MAKADIYOS NA PARAAN**

Ang ikalawang pagpapala ay para sa mga nagluluksa, sapagkat sila ay aaliwin. Habang hinahanap ng mga tao ang kaligayahan, ang pagpapala ni Jesus ay para sa mga nagluluksa. Ano ang ibig sabihin ng magluksa? Ang pandiwang “magluksa” dito ay nangangahulugang *“maging malungkot, magdalamhati, maghinagpis.”* Hindi sapat na maunawaan natin na tayo ay makasalan at espirituwal na mahirap. Maraming tao ang nakakaalam nito, ngunit ito ay binabalewala lamang nila. Hindi sila nalungkot o nagdadalamhati. Wala rin silang pagnanais na harapin ito. Ang iba ay labis na nalulungkot o nagdadalamhati dahil sa kanilang mga kasalanan o sa kanilang malalaking pagkakamali kaya nais nilang wakasan ang kanilang buhay tulad ni Hudan Isariote, na nagbigti matapos niyang ipagkanulo ang Panginoon. Hindi iyon maka-Diyos kundi makamundong kalungkutan, *“sapagka’t ang kalumbayang mula sa Diyos ay nagdudulot ng pagsisisi sa ikaliligtas... ngunit ang kalumbayang ayon sa sanglibutan ay ikamamatay”* (2 Cor 7:10).

Tayo ay pagpapalain kapag tayo ay nalulungkot at nagdadalamhati tungkol sa ating espirituwal na kahirapan, at pagkatapos ay lumapit tayo sa Panginoong Jesus sa pagsisisi. Ito ay makadiyos na kalungkutan na nagdadala ng pagsisisi tungo sa kaligtasan. Si Pedro, na tatlong beses na itinanggi ang Panginoon, ay tumangis ng labis, nagsisi at pinatawad. Ang maka-Diyos na kalungkutan ay laging humahantong sa pagsisisi at kaligtasan.

Kapag tayo ay nagdadalamhati dahil sa ating espirituwal na kahirapan, dahil sa ating mga kasalanan laban sa Diyos, sa ating pagsuway, sa ating kawalan ng katuwiran, sa ating kawalan ng pag-ibig, pananampalataya, kabanalan, at katuwiran, tayo ay aaliwin ng Panginoon at ng Kaniyang Salita at kung ano ang ginawa ng Diyos para sa atin kay Cristo. Tayo ay aaliwin sa pagkakaalam na si Jesus ay naparito sa mundong ito, namatay para sa ating mga kasalanan, muling nabuhay para sa ating katwiran at Siya ay nananalangin para sa atin ngayon sa langit at muling babalik para sa ating ganap na katubusan.

PAG-IISIP: Mabuting suriin ko ang aking sarili, magluksa dahil sa aking mga kasalanan at magsisi.

PANALANGIN: Siyasatin Mo ako, O Ama at ipakita Mo sa akin ang aking espirituwal na kahirapan at tulongan Mo akong magluksa ayon sa maka-Diyos na paraan na humahantong sa pagsisisi.

TUNAY NA KALIGAYAHAN KAY CRISTO: MAGING MAAMO, HANDANG MATUTO AT BUKAS SA PAGTANGGAP

Ang ikatlong pagpapala ay para sa mga maamo. Ito ay tumutukoy sa mga mapagpakumbaba, banayad, handang matuto at bukas sa pagtanggap sa katotohanan ng Diyos, pag-ibig ng Diyos, at kaligtasan ng Diyos. Maraming tao ang nakakaalam na sila ay makasalanang, at nagdadalamhati, ngunit hindi sila sapat na maamo, mapagpakumbaba, at bukas sa pagtanggap ng kaligtasan ng Diyos sa Panginoong Jesucristo. Sinusubukan nilang iligtas ang kanilang sarili at itatag ang kanilang sariling mga merito at katuwiran sa pamamagitan ng paggawa ng mabubuting gawa o pagsunod sa ilang mga relihiyosong ritwal. Marami pang iba ang hindi sapat na maamo upang maniwala at tanggapin ang Salita ng Diyos nang may pananampalataya, paggalang, at pagpapasakop. Naglakas-loob pa silang kwestyunin at punahin ang Salita ng Diyos! Isang makasalanang kayabangan para sa mga makasalanang na kwestyunin ang banal na Diyos, o para sa mga makasalanang nilalang na kwestyunin ang kanilang Manlilikha at ang Kaniyang Salita!

Hindi sapat na mapagtanto natin ang ating espirituwal na kahirapan at magluksa tungkol dito, sapagkat hindi ito makapagligligtas sa atin. Dapat tayong maging mapagpakumbaba at handang matuto upang matanggap ang Salita ng Diyos ng biyaya at kaligtasan para sa ating mga kaluluwa. Kaya isang pagpapala para sa atin na malaman ang ating espirituwal na kahirapan at kawalan ng kakayahan, magluksa at magsisi para sa mga maling nagawa natin laban sa Salita ng Diyos, pati na rin para sa mga tamang bagay na hindi natin nagawa para sa Panginoon, at pagkatapos ay mapagpakumbabang magsisi at tanggapin si HesuCristo bilang ating Panginoon at Tagapagligtas. Ang gantimpala ng mga maamo ay mamanahin nila ang mundo o lupain, na tumutukoy sa mga pangako ng Diyos, kabilang na ang Kaharian ng Milenyo ni Cristo sa lupa kapag Siya ay bumalik muli upang maging Hari ng mga hari. Tanggapin natin ang kaligtasan ng Diyos kay Cristo ngayon upang ating matamasa ang Kaniyang Kaharian ng kapayapaan sa muling pagbabalik ni HesuCristo sa hinaharap.

PAG-IISIP: Ang maging maamo, banayad, mapagpakumbaba, handang matuto, at bukas sa katotohanan at kaligtasan ng Diyos ay tunay na matalino.

PANALANGIN: Ama, bigyan mo ako ng puso na maamo at handang matuto sa pagtanggap ng Iyong Salita.

**TUNAY NA KALIGAYAHAN KAY CRISTO:
MAGUTOM AT MAUHAW SA KATUWIRAN**

Ang ikaapat na pagpapala ay para sa mga nagugutom at nauuhaw sa katuwiran, sapagkat sila ay bubusugin. Ito ay hindi katuwiran ng tao kundi ang banal na katuwiran o ang katuwiran ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo Jesus (Rom 3:22). Sinikap ng mga Pariseo na sundin ang batas kasama ang mga karagdagang tuntunin at tradisyon ng mga tao upang maitatag ang kanilang sariling katuwiran. Nakalulungkot, ang kanilang mabubuting gawa ay panlabas lamang, at sinaway sila ng Panginoong Jesus bilang mga mapagkunwari (Mat 23). Isinalaysay ni Jesus ang isang talinghaga tungkol sa isang Pariseo na nagtiwala sa kanyang sarili na siya ay matuwid at hinahamak ang iba. Siya ay tumayo at nanalangin sa Diyos, ipinagmamalaki ang kanyang mabubuting gawa, samantalang ang maniningil ng buwis ay mapagpakumbaba na nakiusap para sa awa, *“O Diyos mahabag ka sa akin na isang makasalanan,”* ngunit sinabi ni Jesus na ang maniningil ng buwis na ito ay pinawalang-sala kaysa sa Pariseo, *“sapagkat ang bawat nagmamataas ay ibababa; at ang nagpapakababa sa kanyang sarili ay itataas”* (Lucas 18:9–14).

Ang magutom at mauhaw sa katuwiran ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng matinding pagnanais para sa isang matuwid na paninindigan sa harap ng Diyos, isang tamang relasyon sa Diyos. Dapat nating kilalanin ang ating mga kasalanan at ang ating kawalan ng katuwiran, pagkatapos ay mapagpakumbabang lumapit sa Panginoong Jesus sa pagsisipi at magtago sa Kaniyang katuwiran (2 Cor 5:21). Magpasalamat tayo sa Diyos dahil tinanggap Niya tayo kay Cristo (Efe 1:6), at *“sa kaniya kayo’y nangasa kay Cristo Jesus, na sa atin ay ginawang karunungan mula sa Diyos, at katuwiran at kabanalan, at katubusan: Na, ayon sa nasusulat, Ang nagmamapuri, ay magmapuri sa Panginoon.”* (1 Cor 1:30-31). Si Jesucristo ang ating katuwiran sa harap ng Diyos!

Bukod dito, upang magkaroon ng tamang ugnayan sa Diyos, dapat tayong mamuhay ayon sa Kaniyang kalooban. Nangangahulugan ito na dapat nating basahin ang Kaniyang Salita at mauhaw sa Kaniyang Salita tulad ng isang bagong silang na sanggol na nauuhaw sa gatas (1 Ped 2:2).

PAG-IISIP: Tanging kay Cristo at sa Kaniyang katuwiran ako magiging katanggap-tanggap sa Diyos.

PANALANGIN: Ama, tulungan mo ako na unahin ang paghahanap sa Iyo at sa Iyong katuwiran.

TUNAY NA KALIGAYAHAN KAY CRISTO: MAGING MAHABAGIN

Ang ikalimang pagpapala ay para sa mahabagin na tatanggap ng awa. Ang awa ay isang katangian ng Diyos. Ang Awit 136 ay mayroong 26 na taludtod at ang bawat talata ay inuulit ang pariralang, *“sapagka’t ang Kaniyang awa ay magpakailanman.”* Tunay nga na dapat tayong magpasalamat sa ating Diyos sapagkat ang Kaniyang awa ay magpakailanman. Ang ating Ama sa langit ay “Ama ng mga kaawaan” (2 Cor 1:3), at *“Hindi dahil sa mga gawa sa katuwiran na sarili nating ginawa, kundi ayon sa kaniyang kaawaan ay kaniyang iniligtas tayo, sa pamamagitan ng paghuhugas sa muling kapanganakan at ng pagbabago sa Espiritu Santo”* (Tito 3:5). Kung gayon ano ang ibig sabihin ng “maawain”? Nangangahulugan ito ng pagiging aktibong mahabagin at may simpatiya sa isip, sa kaisipan at sa pagkilos. Nangangahulugan ito na pigilin ang parusang karapat-dapat sa mga nagkasala at magbigay ng tulong sa mga walang kakayahan na hindi dapat makatanggap nito. Ipinakita ng Diyos ang Kaniyang awa sa pagligtas sa atin mula sa kaparusahan ng impiyerno na karapatdapat sa atin at tinutulungan Niya at pinagpapala tayo kahit hindi tayo karapat-dapat dito.

Kung paanong ang Diyos ay mahabagin sa atin, tayo rin ay dapat magpakita ng habag sa iba (Lucas 6:36). Ang alipin na tumanggap ng malaking awa mula sa hari ngunit hindi nagpakita ng awa sa kapwa niya alipin ay sinaway at pinarusahan (Mat 18:23-35).

Isang pagpapala para sa atin na magpatawad sa iba at magpakita ng habag sa kanila. At hindang-hindi natin magagawa ito kung hindi natin kinikilala ang ating sariling espirituwal na kahirapan at ang ating walang hanggang kaparusahan sa Impiyerno, at kung hindi natin nakikita at pinahahalagahan ang dakilang awa na ito ng Diyos sa atin kahit hindi tayo karapat-dapat. Salamat sa Diyos na tayo ay hinihikayat na magtiwala at lumapit sa ating Panginoong Jesucristo, ang ating maawain at tapat na Dakilang Saserdote, upang matanggap ang Kaniyang biyaya at awa sa oras ng pangangailangan (Heb 2:17; 4:16), at sa pamamagitan ng Kaniyang awa, maipakita rin natin ang Kaniyang habag sa iba.

PAG-IISIP: *“Siyang humahamak sa kaniyang kapuwa ay nagkakasala: nguni’t siyang naawa sa dukha ay mapalad siya.”* (Prov 14:21).

PANALANGIN: Ama, tulungan Mo po akong maging mahabagin gaya ng Iyong pagiging mahabagin.

TUNAY NA KALIGAYAHAN KAY CRISTO: MAGING DALISAY ANG PUSO (I)

Ang ikaanim na pagpapala ay para sa “*mga dalisay ang puso: sapagkat makikita nila ang Diyos.*” Maraming tao ang humahamon na saka lamang sila maniniwala kapag malinaw na ihahayag ng Diyos ang Kaniyang sarili sa kanila. Ipinahayag ba ng Diyos ang Kaniyang sarili sa sangkatauhan? Oo, ginawa Niya. Inihayag ng Diyos ang Kaniyang sarili sa pamamagitan ng Kaniyang nilikha, sa pamamagitan ng Kaniyang Anak na si Jesu-Cristo, at sa pamamagitan ng Kaniyang Salita ang Banal na Bibliya. Makikita ba ng tao ang Diyos? Ninais ni Moises na makita ang mukha ng Diyos, ngunit sinabi ng Diyos, “*Hindi mo makikita ang aking mukha: sapagka’t walang taong makakakita sa akin, at mabubuhay*” (Exodo 33:20). Bakit? Sapagkat ang Diyos ay napakadakila, napakabanal, napaka-matuwid, napaka-maluwalhati na ang mga makasalanan na may marurumi at tiwaling puso ay hindi maaaring makakita sa Kaniya. May isang tao na matagal nang nasa madilim na selda ng bilangguan. Nang siya ay pinalaya at dinala sa liwanag ng araw, hindi nakayanan ng kaniyang mga mata ang silaw at matinding liwanag ng sikat ng araw. Pinikit niya ang kanyang mga mata at nangailangan ng salaming pang-araw.

Isang pagpapala na magkaroon ng dalisay na puso upang makita natin ang Diyos ngayon gamit ang ating espirituwal na mga mata at makikita natin Siya gamit ang ating pisikal na mga mata kapag bumalik na muli si Jesus. Ang ibig sabihin ng ‘dalisay’ dito ay ‘malinis’ mula sa polusyon, karumihan, at pagkakasala ng kasalanan. Mayroon ba tayong dalisay na puso na walang kasalanan? “*Ang puso ay magdaraya ng higit kay sa lahat na bagay, at totoong masama: sinong makaaalam?*” (Jer 17:9). Tinitingnan ng Diyos ang ating mga puso, isipan, mga iniisip, at mga motibo, at hinahatulan Niya ang kasalanan sa puso (Mateo 5:28). Kumusta naman ang ating puso? Ito ba ay dalisay? Malinis ba ang ating isipan, mga iniisip, at mga motibo? Nagpapasalamat tayo sa Diyos na ang ating Tagapagligtas na si Jesu-Cristo ay may kakayahang linisin ang ating mga puso mula sa lahat ng ating mga kasalanan at kalikuan sa pamamagitan ng Kaniyang sariling dugo at bibigyan tayo ng bagong puso (Ezekiel 36:25-27; 1 Juan 1:7-9).”

PAG-IISIP: (Basahin ang Hebreo 12:14.)

PANALANGIN: (Gamitin ang Awit 139:23-24.)

TUNAY NA KALIGAYAHAN KAY CRISTO: MAGING DALISAY SA PUSO (II)

“Mapapalad ang mga may malinis na puso: sapagka’t makikita nila ang Diyos.” Sa ating makasalanang, mapanlinlang at masamang puso (Jer 17:9), walang sinuman, walang pamamaraang pantao, walang pagsisikap ng tao, walang relihiyosong gawain, meditasyon o yoga ang makakapaglinis at makakapagpadalisay sa ating puso (Rom 8:7). Kailangan natin ng bagong puso na tanging ang ating Tagapaglikha lamang ang makapagbibigay sa atin kapag kinikilala natin hindi lamang ang ating mga kasalanan kundi maging ang ating makasalanang kalikasan, at lumapit tayo sa Panginoong Jesus nang buong pagsisisi at pagpapasakop. Sasaliksikin ng Diyos ang ating mga puso, lilinisin tayo, at bibigyan tayo ng bagong puso upang matakot tayo sa Kaniya at sundin ang Kaniyang Salita (Ezek 36:25-27). Iyan ang mahalagang pangako at pagpapala ng Diyos para sa atin.

Tinanggap tayo ng Diyos sa Kaniyang pinakamamahal na Anak na si Jesu-Cristo, at tayo ay may karapatan at banal na posisyon sa harap ng Diyos kay Cristo, at tinatawag na Kaniyang *“mga banal”* (1 Tess 3:13; 2 Tess 1:10; Judas 14), ngunit hindi pa tayo perpekto habang tayo ay nasa makasalanang mundo pa (Fil 3:12-14). Samakatuwid, kailangan natin ang mapagbiyayang gawain ng pagpapabanal ng Banal na Espiritu sa ating mga puso at buhay araw-araw hanggang sa muling pagbabalik ng ating Panginoong Jesus.

Salamat sa Diyos na tayo ay pinapaging-banal ng Panginoong Jesu-Cristo at ng Kaniyang dugo (Heb 13:12), ng Diyos Ama (Jude 1), ng Banal na Espiritu (Rom 15:16) at ng Salita ng Diyos ang Katotohanan (Juan 17:17). Ang ating bahagi ay ipagkatiwala ang ating mga puso at buhay sa Panginoon nang may buong pagpapasakop sa Kaniya at sa Kaniyang Salita. Wala nang ibang paraan.

Tulad ni Moises, maaari tayong manindigan nang matatag, na nakikita ang Diyos na hindi nakikita (Heb 11:27). At kapag bumalik na si Jesu-Cristo, makikita natin Siya ng harapan (1 Juan 3:2-3). Mayroon ba tayong ganitong pag-asa? Kung gayon, dapat nating linisin ang ating mga sarili!

PAG-IISIP: Kung wala ang mapagpalang gawa ng Diyos sa akin, ako ay wasak!

PANALANGIN: Ama, salamat sa Iyong gawa ng pagbabagong-buhay at pagpapabanal.

TUNAY NA KALIGAYAHAN KAY CRISTO: MAGING TAGAPAMAYAPA

Ang ikapitong pagpapala ay para sa “*mga mapagpayapa: sapagkat sila ay tatawaging mga anak ng Diyos.*” Sa pamamagitan ng mga Beatitudes ng ating Panginoong Jesus, nakikita natin ang tamang mga hakbang sa ating buhay Kristiyano: pagkilala sa ating espirituwal na kahirapan, pagdadalamhati sa ating mga kasalanan sa pagsisisi, mapagpakumbabang pagtanggap ng pagliligtas ng Diyos kay Cristo, pagiging ipinanganak na muli at nauuhaw sa Diyos at sa Kaniyang katuwiran, lumalago sa Kaniyang Salita, pagpapakita ng awa sa iba, pinapaging-banal at ngayon ay naglilingkod sa Panginoon bilang mga tagapamayapa.

Ang terminong mga tagapamayapa ay lumilitaw lamang nang isang beses sa Bibliya, sa Mateo 5:9 at ito ay may kahulugan na tumutukoy sa taong nakatanggap ng kapayapaan ng Diyos sa kanyang sariling puso at pagkatapos ay nagdadala ng kapayapaan sa iba. Hindi lamang siya ang gumagawa ng kapayapaan sa pagitan ng dalawang partido o dalawang tao, kundi ang nagpapalaganap ng mabuting balita ng kapayapaan o ng Ebanghelyo ng kapayapaan na kanyang naranasan. Tayo ba ay mga tagapamayapa? Mayroon ba tayong kapayapaan ng Diyos sa ating mga puso at ibinabahagi ba natin sa iba ang Ebanghelyo ng kapayapaan na ating naranasan?

Upang maging mga tagapamayapa, kailangan muna nating makipagkasundo sa Diyos at magkaroon ng kapayapaan ng Diyos sa ating mga pusong nagpapasakop. Dapat ay walang alitan sa pagitan ng kalooban ng Diyos at ng ating sariling kalooban.

Upang magdala ng kapayapaan sa iba, dapat tayong maging mapagpakumbaba at maamo upang mamuhay nang may kapayapaan kasama nila; at bilang mga embahador ni Cristo, ibinabahagi natin ang Kaniyang ebanghelyo ng kapayapaan sa iba, ipinaaalam sa kanila na mahal sila ng Diyos at isinugo Niya ang Kaniyang Anak na si Jesus upang mamatay para sa kanila at muling mabuhay upang iligtas sila. Dahil sa pag-ibig ni Cristo, taimtim nating hihilingin sa kanila na makipagkasundo sa Diyos.

PAG-IISIP: (Basahin ang Roma 10:15.)

PANALANGIN: Ama, ipagkaloob Mo sa akin ang Iyong kapayapaan at gawin Mo akong Iyong tagapamayapa.

TUNAY NA KALIGAYAHAN KAY CRISTO: MAGING INUUSIG ALANG-ALANG SA KATUWIRAN

Ang mga turo ni Jesus tungkol sa tunay na kaligayahan kahit sa gitna ng pag-uusig ay tila taliwas sa pag-iisip, mga konsepto, mga inaasahan at mga pagpapahalaga ng mundo. Ang mga hindi mananampalataya ay nag-aakala na ang masayang buhay ay hindi maaaring magkaroon ng mga kaguluhan, problema, paghihirap, kapighatian, pagsubok o pag-uusig. Kaya’t maraming mga pinuno ng simbahan ngayon ang ayaw magturo ng Biblikal na paghihiwalay mula sa kasalanan, makamundong pamumuhay, at maling doktrina. Sa halip, ipinapangaral nila ang ebanghelyo ng kalusugan at kayamanan upang makaakit ng mga tao sa isang madali at malawak na paraan, maniniwala sa Panginoong Jesus para magiging malusog at mayaman ngunit hindi kinakailangang magpasakop nang lubusan sa Panginoon at sa Kaniyang Salita!

Kahit na ang mga pagpapala sa talata 10 at 11 ay para sa mga nagdurusa ng pag-uusig, makikita natin na mayroong dalawang antas: ang isa ay para sa mga namumuhay ng maka-Diyos at ang isa pa ay para sa mga nagdadala ng pangalan ng Panginoong Jesus, niluluwalhati at pinarangalan ang Kaniyang Pangalan at ipinapahayag ang kanilang pananampalataya sa Pangalan ni Jesus sa anumang ginagawa nila.

Kapag tayo ay nagugutom at nauuhaw sa Diyos Mismo, sa Kaniyang katuwiran kay Cristo Jesus, sa Kaniyang Salita, at sa tamang relasyon sa Kaniya, susubukan natin, sa biyaya ng Diyos, na mamuhay ayon sa Kaniyang kalooban at Kaniyang Salita. Ang pagdurusa ng pag-uusig para sa kapakanan ng katuwiran ay nangangahulugan ng pagdurusa ng pag-uusig kapag pinananatili natin ang ating tamang relasyon sa Diyos at mamuhay ng maka-Diyos na buhay ayon sa Salita ng Diyos, hiwalay sa mga kasalanan at sa sarili at sa kamunduhan. Hindi tayo dapat magtaka kung kinapopootan tayo at pinag-uusig ng mga tao, sapagkat ang ating Panginoong Jesus ay namuhay ng makadiyos, isang perpektong buhay, isang napakabuting buhay, ngunit Siya’y kinainggitan, kinamuhian, hinamak, inusig, at sa huli ay ipinako nang kahiya-hiya sa krus. Pinatutunayan ng Salita ng Diyos na, *“lahat na ibig mabuhay na may kabanalan kay Cristo Jesus ay mangagbabata ng paguusig.”* (2 Tim 3:12).

PAG-IISIP: Walang makapaghihiwalay sa akin sa pag-ibig ni Cristo (Rom 8:35-39).

PANALANGIN: Ama, tulungan mo akong mamuhay nang may kabanalan, anuman ang mangyari.

**TUNAY NA KALIGAYAHAN KAY CRISTO:
MAGING INUUSIG ALANG-ALANG KAY CRISTO**

Ang huling pagpapala ay para sa mga inuusig dahil sa Pangalan ni Jesus. Itinuturo ng Bibliya, *“Kaya kung kayo’y nagsisikain man, o nagsisiinom man o anoman ang inyong ginagawa, gawin ninyo ang lahat sa ikaluluwalhati ng Diyos”* (1 Cor 10:31), at *“At anomang inyong ginagawa, sa salita, o sa gawa, gawin ninyong lahat sa pangalan ng Panginoong Jesus, na nagpapasalamat kayo sa Diyos sa pamamagitan niya”* (Col 3:17). Nais ng Diyos na sabihin at gawin natin ang lahat sa Pangalan ni Jesus at lahat para sa Kaniyang kaluwalhatian. Ano ang tamang pag-uugali natin kapag tayo ay nilapastangan o pinag-uusig para sa Kaniyang pangalan?

- Huwag mabigla sa kasamaan ng mga tao (Juan 3:19-20). Sinabi ni Jesus, *“Ang alipin ay hindi dakila kaysa sa kanyang panginoon. Kung ako ay kanilang pinag-usig, kayo man ay kanilang pag-uusigin din”* (Juan 15:20), at *“huwag kayong mangagtaka tungkol sa mahigpit na pagsubok sa inyo”* (1 Ped 4:12).

- Tumingin sa Panginoong Jesus, *“upang kayo’y huwag magsihina, na manglupaypay sa inyong mga kaluluwa”* (Heb 12:2-3), sundin ang Kaniyang mga yapak at ipagkatiwala ang ating sarili *“sa kaniya na humahatol nang matuwid”* (1 Ped 2:21-23).

- Magalak, at magalak nang lubos na may pagtitiis *“sapagka’t malaki ang ganti sa inyo sa langit”* (Mateo 5:12). *“Kung tayo’y mangagtiis, ay mangaghahari naman tayong kasama niya”* (2 Tim 2:12), at *“Kung kayo’y sinisiraan dahil sa pangalan ni Cristo, mapalad kayo; sapagka’t ang espiritu ng kaluwalhatian at ng Diyos ay sumasainyo: sa kanila siya ay masama, ngunit sa inyong panig siya ay niluluwalhati”* (1 Ped 4:14). Naluluwalhati natin ang Diyos kapag hindi tayo sumusuko kundi nananatili pa ring tapat sa Kaniya at sa Kaniyang Salita hanggang kamatayan.

- Ituring na isang malaking pribilehiyo na taglayin ang pangalan ng ating Panginoon at magdusa alang-alang sa Kaniya (Fil 1:29 at Fil 3:10), at maging dalisay at *“maging karapat-dapat sa kaharian ng Diyos”* (2 Tes 1:5; 1 Ped 1:7; 4:1). Walang pagdurusa, walang kaluwalhatian (Lucas 24:26).

PAG-IISIP: Isang pribilehiyo ang mausig alang-alang kay Jesus.

PANALANGIN: Ama, tulungan Mo akong magalak at magtiis hanggang wakas.

MARTES, HULYO 15

MGA TAGA-GALACIA 5:13-26

MATEO 5:13

“Kayo ang asin ng lupa.”

KAYO ANG ASIN NG LUPA (I)

Ano ang ibig sabihin ni Jesus nang sabihin Niya sa atin na tayo ang asin ng lupa? Alam natin na ang lahat ng tao, kasama tayo, ay makasalanang at taglay ang ating makasalanang at tiwaling kalikasan. Kapag tayo ay nagsisi at tinanggap si Jesus bilang ating Panginoon at Tagapagligtas, ang ating buhay ay nababago at nagiging kawangis Niya araw-araw. Kung gayon ang ating bagong buhay kay Cristo na may mga katangian ng isang tunay na Kristiyano ay parang asin ng lupa sa makasalanang mundong ito.

Ang ating Panginoong Jesus ay nanalangin sa Kaniyang Ama, “*Hindi ko idinadalangin na alisin mo sila sa sanglibutan, kundi ingatan mo sila mula sa masama. Kung paanong ako’y iyong sinugo sa sanglibutan, sila’y gayon ding sinusugo ko sa sanglibutan.*” (Juan 17:15, 18). Tayo ba ay mga buhay na saksi ng ating Panginoong Jesus tulad ng asin ng lupa? Hindi tayo dapat “magsiayon sa sanlibutang ito” (Rom 12:2), kundi maging impluwensya sa sanlibutan. Ang ilang pangunahing benepisyo ng asin ay ang pagpapahusay ng lasa, pagpigil sa pagkabulok, paglilinis at pagpapagaling, at pagiging tapat at mapagkakatiwalaan.

(a) **Pagpapahusay ng Lasa:** Sa tamang dami ng asin, napapahusay nito ang lasa ng pagkain at ginagawa itong masarap. Tinanong ni Job, *Makakain ba ng walang asin ang matabang?* (Job 6:6). Ipinapakita nito ang mabisang tungkulin ng asin. Sa mundong puno ng kasalanan at kalungkutan, hindi matatagpuan ng tao ang tunay na kaligayahan at kahulugan ng buhay. Nakikita ba nila ang tunay na kaligayahan at kahulugan ng buhay sa atin? Tayo ay nabubuhay dito upang luwalhatiin ang Diyos, magalak sa Kaniya, mamuhay para sa Kaniya, at maglingkod sa Kaniya. Kung wala ang layuning ito, ang ating buhay ay walang kabuluhan. Salamat sa Diyos para sa Kaniyang biyaya at masaganang buhay na ibinigay sa atin upang tayo ay makapamahayag ng makahulugan para sa Kaniya sa makasalanang mundong ito! Ang iba ba ay naiimpluwensyahan ng ating buhay?

PAG-IISIP: Si Cristo lamang ang makatutulong sa akin na mamuhay ng tunay na buhay Kristiyano.

PANALANGIN: Ama, mangyaring mabuhay sa akin at ipakita ang Iyong banal at mapagbiyayang buhay sa pamamagitan ko, at gawin akong pagpapala sa iba, lahat para sa Iyong kaluwalhatian. Amen.

KAYO ANG ASIN NG LUPA (II)

(b) **Pagpigil sa Pagkabulok:** Ginagamit ang asin upang mapanatiling sariwa ang pagkain. Mayroon ba tayong maka-Diyos at banal na impluwensya sa mga hindi mananampalataya? Kapag tayo ay nasa gitna ng mga taong nagsisinungaling, nagbibiro ng malaswa, naninigarilyo, umiinom, nagsusugal, nag-aaway, at nagpapakasasa sa makasalanang pita, nakikita ba nila ang isang maka-Diyos at banal na pamumuhay sa atin? Nahihiya ba sila o natatakot sa atin kahit na tayo ay kanilang kinamumuhian, hinahamak, o inuusig? Nais ng Diyos na gamitin ang ating maka-Diyos at banal na pamumuhay upang pigilan ang pagkabulok ng sanlibutan. Kapag dinala ng Banal na Espiritu ang Simbahan upang salubungin ang ating Tagapagligtas na si Jesus sa Kaniyang Pagparito, ang mundong ito ay mapapasailalim sa impluwensya ni Satanas at magiging napaka-tiwali at makasalanang (2 Thess 2:6-12). Hanggang sa panahong iyon, tayo ba ang asin ng lupa, na may makadiyos at banal na impluwensya sa makasalanang mundong ito?

(c) **Paglilinis at Pagpapagaling:** Ang maalat na tubig ay maaaring gamitin upang hugasan ang mga sugat at maiwasan ang impeksiyon. Namumuhay tayo sa piling ng mga tao o kapatiran, na marami sa kanila ay wasak ang puso, nasaktan o nainsulto ng iba o maging ng kanilang mga mahal sa buhay. Nais ng ating Panginoon na magdala tayo ng tunay na kaaliwan at pagpapagaling sa kanila sa pamamagitan ng ating mabuting pagmamalasakit, mga panalangin, pagsasabi kung paano sila matutulungan ng Panginoong Jesus at kung ano ang magagawa Niya para sa kanila, at pagbabahagi sa kanila ng Salita ng Diyos at ng ating patotoo.

(d) **Pagiging Tapat at Mapagkakatiwalaan:** Ang Diyos ay nakipagtipan sa Kaniyang mga tao at tinawag itong *“isang tipan ng asin magpakailanman”* (Bilang 18:19) upang ipaalala sa Kaniyang mga tao ang Kaniyang katapatan sa pagtupad sa Kaniyang tipan. Kung tayo ang asin ng lupa dapat tayong maging tapat: tapat sa Panginoon, sa Kaniyang perpektong Salita, at sa lahat ng ating ginagawa. Pinagkakatiwalaan ba tayo ng mga tao dahil sa ating katapatan? Tayo ba ay mapagkakatiwalaan at maaasahan sa mundong ito?

PAG-IISIP: Ang tunay na buhay Kristiyano ay dapat may mabuting impluwensya sa mundong ito.

PANALANGIN: Ama, ingatan mo akong maging tapat sa Iyo at sa Iyong Salita hanggang sa kamatayan.

PAANO KUNG MAWAWALA ANG ALAT NG ASIN?

Sa kahabaan ng Timog at Timog-kanluran ng Dead Sea, mayroong isang mahabang tagaytay ng batong asin. Kapag ito ay nahawaan ng ibang mineral, maaaring mawala ang alat nito at ito ay itinatapon sa kalsada, at natatapan ng mga paa ng tao.

Sinasabi ng ating Panginoon na tayo ang asin ng lupa (v13) pagkatapos Niyang ituro ang mga katangian ng mga anak ng Diyos (vv3-12):

- (1) Pagkilala sa espirituwal na kahirapan: Kapag tayo ay mapagmataas at hinahamak ang iba, maaaring mawala ang ilang alat sa ating espirituwal na buhay.
- (2) Pagluluksa: Maaaring mawalan tayo ng ilang alat kung mayroon pang alam na kasalanan sa ating buhay na hindi natin pinagsisihan at tinalikuran!
- (3) Pagiging maamo, madaling turuan, at bukas sa Katotohanan ng Diyos: Maaari tayong mawalan ng ilang alat kapag nagdududa tayo sa Salita ng Diyos.
- (4) Pagiging gutom at uhaw sa katuwiran ng Diyos: Maaaring mawalan tayo ng alat kung hindi natin ninanais ang Salita ng Diyos at ang isang tamang paninindigan sa harap ng Diyos.
- (5) Pagiging maawain: Maaaring mawalan tayo ng ilang alat kung tayo ay hindi mapagpatawad at hindi mabuti sa iba.
- (6) Pagiging dalisay ng puso: Maaaring mawalan tayo ng ilang alat kapag tayo ay gumagawa ng kompromiso at nadudungisan ng mga kasalanan, kamunduhan, maling doktrina, atbp.
- (7) Pagiging tagapamapayapa: Maaaring mawalan tayo ng ilang alat kung ikinahihiya natin ang Ebanghelyo ng kapayapaan at ayaw nating ipamahagi ito sa iba.
- (8) Pagiging tapat sa pag-uusig: Maaaring mawalan tayo ng ilang alat kapag hindi tayo nananatiling tapat sa Panginoon at sa Kaniyang Salita hanggang sa kamatayan.

PAG-IISIP: Mag-ingat o baka maiwala ko ang kalidad ng tunay na buhay Kristiyano.

PANALANGIN: Ama, tulungan mo akong maging alerto at isabuhay ang tunay na buhay Kristiyano sa Iyo.

SI HESUCRISTO AT ANG SALITA NG DIYOS:
TUNAY NA BANAL NA LIWANAG

Ang liwanag ay napakahalaga para sa ating buhay. Nilikha ng Diyos ang liwanag sa unang araw ng Kaniyang literal na anim na araw ng paglikha na may tig-24 na oras (Gen 1:3-5). At sa ikaapat na araw ginawa ng Diyos ang araw, ang buwan at ang mga bituin bilang mga ilaw sa kalangitan (Gen 1:14-17).

Dahil ang likas na liwanag mula sa Diyos ay libre at laging naririyang, marami ang nagwawalang-bahala dito. Sa kadiliman paano natin makikita ang isa't isa? Paano tayo makakahanap ng tamang daan upang ligtas na maglakad sa tamang direksyon? “O magpasalamat kayo sa Panginoon; sapagka’t siya’y mabuti: sapagka’t ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man. Sa kaniya na gumawa ng mga dakilang tanglaw: sapagka’t ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man” (Awit 136:1,7).

Nakikita natin na ang natural na liwanag ay mabuti at mahalaga para sa ating buhay, kaya’t ngayon ay isaalang-alang natin ang Banal na Liwanag ng Diyos para sa ating espirituwal na buhay at kung paano natin ito maipapakita sa mga tao sa mundong ito na puno ng kasalanan at kadiliman. Sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, alam natin na ang tunay na pinagmumulan ng Liwanag ay ang Diyos lamang (1 Juan 1:5, Santiago 1:17, Juan 1:9; 8:12, Aw 119:105). Kaya, upang makuha ang tunay na Banal na Liwanag para sa ating espirituwal na buhay, dapat tayong lumapit sa ating buhay at tunay na Diyos ng Bibliya, ang Panginoong Jesu-Cristo Mismo, at sa Kaniyang Salita lamang. Maraming relihiyon at kulto at mga grupo ng okulto ang nalililalang sa paniniwalang ang kanilang mga diyos, ang kanilang mga pinuno at ang mga aklat ay tunay na liwanag!

Paano natin makikila ang katotohanan mula sa kasinungalingan? Tanging ang Salita ng Diyos, na perpektong inihayag ng Diyos at perpektong iniingatan para sa atin ng Diyos, at ang Banal na Espiritu, ang Espiritu ng Katotohanan, ang makapag liliwanag sa ating mga puso upang makita ang Katotohanan sa Kaniyang liwanag at matulungan tayong ipakita ito sa iba (2 Cor 4:6; Efe 1:18). Wala nang ibang paraan.

PAG-IISIP: Kung wala ang Panginoong Jesus at ang Salita ng Diyos, ako ay nasa espirituwal na kadiliman. Napakasama!

PANALANGIN: Ama, tulungan Mo akong hanapin Ka at ang Iyong Salita palagi, sapagkat Ikaw ang aking buhay na Liwanag.

KAYO ANG LIWANAG NG SANGLIBUTAN

Ano ang ibig sabihin ni Jesus nang sinabi Niya na ang Kaniyang mga tagasunod ay ang ilaw ng sanlibutan? Kapareho ba ito ng Kaniyang sinabi na Siya ang ilaw ng sanlibutan? Tiyak na hindi. Dati tayong nasa ilalim ng kapangyarihan ng kadiliman ng kasalanan at ni Satanas. Salamat sa Diyos sa Kaniyang biyaya at awa na tayo ay inilipat *“mula sa kadiliman tungo sa liwanag, at mula sa kapangyarihan ni Satanas tungo sa Diyos”* upang matanggap natin ang kapatawaran ng mga kasalanan, at ang pamana kasama ng mga pinabanal sa pananampalataya kay Jesus (Mga Gawa 26:18).

Salamat sa Diyos na tayo ngayon ay mga anak ng liwanag (Efe 5:8) at maaaring ipakita ang Liwanag ng Diyos sa mundo ng kadiliman tulad ng buwan o ng salamin na sumasalamin sa liwanag ng araw. Sa pagsasabing *“Kayo ang ilaw ng sanlibutan,”* inaasahan ng ating Panginoon na ipakita natin ang parehong liwanag, ang parehong katotohanan, ang parehong pag-ibig na natanggap natin mula sa Kaniya. Kung gayon, naipapakita ba natin ang ating Panginoong Jesucristo at ang Kaniyang katotohanan sa mundong ito ng kadiliman?

Bilang mga isinilang na muli, may bago tayong mga motibo at layunin sa buhay na naiiba sa mga hindi naniniwala (Mat 6:23). Ginagawa natin ang lahat ng bagay para sa ikaluluwalhati ng Diyos lamang (1 Cor 10:31). Hindi tayo magtatago sa isang sulok, monasteryo, o kumbento. Nais ng ating Panginoon na makita ng mga tao ang ating buhay at ang ating mabubuting gawa tulad ng isang lunsod na nasa burol o isang kandila sa isang patungan, upang luwalhatiin nila ang ating Ama sa langit, hindi tayo. Tulad ng utos ng ating Panginoon, *“Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit.”* Nakikita ba ng iba ang liwanag ng Diyos sa ating buhay? Maaaring makita nila ang ating kabutihan, ang ating katalinuhan, o ang ating mabubuting gawa, ngunit mas mahalaga, nakikita ba nila ang Panginoon at ang Kaniyang katotohanan, ang Kaniyang kabutihan at ang Kaniyang karunungan (Santiago 3:17-18) sa ating buhay?

PAG-IISIP: Isang malaking pribilehiyo na maipakita ang Panginoon at ang Kaniyang Katotohanan sa iba.

PANALANGIN: Ama, tulungan Mo po akong maipakita sa iba ang Iyong liwanag ng katotohanan.

PAANO ISASALAMIN ANG LIWANAG NG DIYOS

Paano natin maisasalamín ang liwanag ng ating Panginoon sa iba?

(a) **Paghiwalay sa Kadiliman:** Ang unang mahalagang hakbang upang maipakita ang Liwanag ng Diyos ay ang paghiwalay natin sa kadiliman ng kasalanan, kawalan ng pananampalataya, kawalang kabanalan, makamundong gawain, at maling doktrina, kahit sa piling ng mga kapatid (2 Cor 6:14-18; 2 Tes 3:6-15). Huwag tayong makisama sa mga gawa ng kadiliman na walang bunga, kundi sa halip ay ituwid ito (Ef 5:11).

(b) **Paglakad sa Liwanag:** Ang paglakad sa liwanag ay nangangahulugang mapagpakumbabang lumakad kasama ang Diyos at mamuhay sa Kaniyang banal na presensya, sa Kaniyang katotohanan at sa Kaniyang pag-ibig. Tanging sa pamumuhay lamang sa banal na presensya ng Diyos na ating mapahalagahan ang dugo ng ating Panginoong Jesu-Cristo, dahil ang liwanag ay nagbibigay-daan upang makita natin ang Diyos at ang Kaniyang katotohanan gayundin ang ating sarili, ang ating kawalang katuwiran at ang ating mga kasalanan. Salamat sa Diyos na ang dugo ni Cristo ay patuloy na naghuhugas sa atin upang mapanatili natin ang ating pakiki-ugnayan sa Kaniya sa Kaniyang liwanag!

(c) **Walang hadlang sa pagitan natin at ng Panginoon:** Upang makapagbigay ng magandang repleksyon, kinakailangan ng napakakintab na ibabaw gaya ng salamin. Kapag hawak natin ang isang salamin na nakaharap sa araw, makikita natin ang matinding liwanag na sumasalamín at kumikislap. Paano mamakakapagbigay ng magandang repleksyon ang salamin kung ito ay marumi o nakatalikod sa araw o may harang sa pagitan nito at ng araw? Gayundin, ang ating buhay ay may iba't ibang antas ng repleksyon ng liwanag ng Diyos depende sa kung gaano natin kakilala ang Panginoon at ang Kaniyang katotohanan, kung gaano tayo nagpapasakop sa Panginoon, at kung gaano tayo kalapit sa ating pakikipag-ugnayan sa Kaniya. Tayo ba ay malinaw na salaming nakaharap sa Panginoon? Mayroon bang sinuman, anumang bagay, anumang kasalanan, o anumang diyus-diyosan (pati na ang “sarili”) sa pagitan natin at ng Panginoon?

PAG-IISIP: Nabubuhay tayo sa mundong ito ng kadiliman upang ipakita ang liwanag ng ating Panginoon.

PANALANGIN: Ama, ingatan mo ako sa Iyong liwanag at hayaang maisalamín ko ang Iyong liwanag.

LUNES, HULYO 21

1 MGA TAGA-CORINTO 6:1-11

1 MGA TAGA-CORINTO 6:11

“Ngunit nangahugasan na kayo.”

NGUNIT KAYO AY NAHUGASAN

Kailangan nating matugunan ang ilang mga kwalipikasyon upang makapasok sa isang bansa bilang isang imigrante. Paano naman sa kaharian ng Diyos at ang mga kwalipikasyon? Ang Diyos ay banal at matuwid, at ang Kaniyang kaharian ay banal at matuwid, kaya ang Kaniyang mga mamamayan ay dapat maging banal at matuwid. Kung gayon, sino ang kuwalipikadong pumasok sa kaharian ng Diyos? Nakalulungkot ngunit totoo, walang sinuman ang kwalipikado dahil *“walang matuwid, wala, wala kahit isa;”* at *“lahat ay nangagkasala nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos”* (Rom 3:10, 23). Ngunit salamat sa Diyos sa Kaniyang mabiyayang gawain ng kaligtasan kay Cristo Jesus, *“nguni’t nangahugasan na kayo, nguni’t binanal na kayo, nguni’t inaring-ganap na kayo sa pangalan ng Panginoong Jesucristo, at sa Espiritu ng ating Diyos.”* (1 Cor 6:11).

Tunay na tayo ay hinugasan at nilinis sa pamamagitan ng dugo ng ating Panginoong Jesus, ng Salita ng Diyos, at sa paghuhugas ng pagbabagong-buhay at pagpapanibago ng Espiritu Santo (Juan 15:3; Efe 5:26; Tit 3:5; 1 Juan 1 :7). Gayunpaman, hindi tayo lilinisin ng Diyos kung hindi natin aaminin ang ating mga kasalanan, tatalikuran at ipagtatapat ang mga ito sa Kaniya (1 Juan 1:9; cf. Aw 32:5). May mga kasalanan pa ba na hindi natin ipinagtapat at tinalikuran? *“Siyang nagtatakip ng kaniyang mga pagsalangsang ay hindi giginhawa: nguni’t ang nagpapahayag at nagiiwan ng mga yaon ay magtatamo ng kaawaan”* (Kawikaan 28:13). Habang lalo nating binabasa ang Salita ng Diyos, lalo nating makikita at mararamdaman ang ating mga kasalanan at kawalang-katarungan at lalo nating kinakailangan ang Tagapagligtas na si Jesucristo at ng paghuhugas at paglilinis ng Kaniyang dugo. Iyan ang paraan na ginagamit ng Banal na Espiritu ang Salita ng Diyos upang maglingkod sa ating mga kaluluwa at puso, at ito ang unang hakbang ng muling kapanangakan upang makapasok sa kaharian ng Diyos, *“Maliban na ang tao’y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Diyos”* (Juan 3:5). Ang kwalipikasyon upang makapasok sa kaharian ng Diyos ay maipanganak muli kay Cristo.

PAG-IISIP: Ang mahugasan ng dugo ni Cristo at muling maipanganak ng Banal na Espiritu ang mga kwalipikasyon upang makapasok sa kaharian ng Diyos.

PANALANGIN: Ama, hugasan mo ako at panatilihin akong malinis palagi sa Iyong dugo.

**NGUNIT BINANAL NA KAYO,
NGUNIT INARING-GANAP NA KAYO**

(a) **Ngunit Kayo ay Binanal:** Ang pandiwang “binanal” ay nasa passive voice, na nagpapahiwatig na ito ay gawain na ganap na ginawa ng Diyos lamang. Ang ating bahagi ay ialay ang ating buhay sa Kaniya, kasama ang pagtitiwala at pagsunod sa Kaniya at sa Kaniyang Banal na Salita. Sa ating posisyon kay Cristo, tayo ay binanal at tinawag na mga banal (1 Cor 1:2), ngunit ito rin ay isang proseso ng pagbabago sa atin upang maging katulad ng Panginoong Jesus hanggang tayo ay maging katulad Niya pagdating Niya. Ito ay proseso ng paghihiwalay sa atin mula sa kasalanan, sa sarili at sa makamundong bagay, isang proseso ng paglilinis sa atin mula sa kasalanan at kawalang-katarungan, at proseso ng pagpuno sa atin ng Kaniyang banal na kalikasan, kaisipan, pag-ibig, kabanalan at kabutihan. Salamat at purihin ang Panginoon na *“ang nagpasimula sa inyo ng mabuting gawa, ay lulubusin hanggang sa araw ni Jesucristo”* (Fil 1:6). Hindi ba tayo magtitiwala sa Panginoon nang may karunungan, ialay ang ating buhay sa Kaniya at magpasakop sa Kaniya at sa Kaniyang Salita tulad ng luwad sa Kamay ng Magpapalayok?

(b) **Ngunit Kayo ay Inaring-ganap:** Ang pandiwa na “inaring-ganap” ay nasa passive voice din, na nagpapahiwatig na ang ganap na gawa ng biyaya ay mula sa Panginoon. Nangyayari ang pagbibigay-katuwiran minsan para sa lahat kapag taos-puso tayong nagsisi at tinanggap si Jesus bilang ating personal na Panginoon at Tagapagligtas (Rom 3:20). Ano ang ibig sabihin ng pagiging inaring-ganap? Nangangahulugan ito na ideklara tayong matuwid sa harap ng Diyos, at tunay na mabihisan ng katuwiran ng Panginoong Jesus dahil sa Kaniyang masunuring buhay sa lupa, sa Kaniyang sakripisyong kamatayan sa krus, at sa Kaniyang muling pagkabuhay. Napakaganda ng biyaya ng Diyos para sa atin, mga makasalang mahirap at walang magawa. Salamat sa Diyos sa Kaniyang kamangha-manghang biyaya para sa iyo at sa akin!

PAG-IISIP: Kung wala si Jesus at ang Salita ng Diyos, patay pa rin tayo sa kasalanan.

PANALANGIN: Ama, salamat po sa Iyong paghugas, pagbanal at pagpapawalang-sala sa akin.

MAGSIPARITO SA AKIN, LAHAT KAYONG NAGPAPAGAL

Sa pamamagitan ng Bibliya, alam natin na walang sinuman o anumang bagay sa mundong ito ang makapagbibigay ng tunay na kapahingahan sa ating kaluluwa maliban sa ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo. *“Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo’y aking papagpapahingahin. Pasanin ninyo ang aking pamatok, at magaral kayo sa akin; sapagka’t ako’y maamo at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa.”* Napakahalaga ng kapahingahan na ibinibigay ni Jesus!

(a) **Lumapit kay Jesus:** *“Magsiparito sa Akin”* ay ang paanyaya mula sa ating Diyos at sa ating Manlilikha! Malugod Niyang inanyayahan ang Kaniyang mga mapanghimagsik na nilalang sa Kaniyang kapahingahan! Siya mismo ang nagbigay ng mapagpalang paanyaya sa Kaniyang mga suwail na nilalang upang makasumpong ng kapahingahan!

(b) **Pasanin ang Pamatok ni Jesus:** *“Pasanin ninyo ang aking pamatok.”* Ang Kaniyang pamatok ay nangangahulugan na Kaniyang pamamahala, direksyon, at mga aral. Tayo ay kailangang magpasakop sa Kaniya, sa Kaniyang pamamahala, direksyon, at sa Kaniyang mga salita upang makasumpong ng kapahingahan sa ating kaluluwa. Alam ng Panginoon ang ating kahinaan, at sapat ang Kaniyang biyaya upang pasanin natin ang Kaniyang pamatok.

(a) **Matuto mula kay Jesus:** Ang ibig sabihin ng *“Mag-aral kayo sa akin”* ay sundan natin si Jesu-Cristo bilang ating perpektong Banal na Guro at Halimbawa at tanggapin ang Kaniyang Salita bilang perpektong batayan ng ating pananampalataya, paniniwala, doktrina, gawain, paglilingkod, at asal. Paano tayo matututo mula kay Jesus? Kailangan nating basahin at pag-aralan ang Kaniyang Salita nang may puso na madaling turuan, masunurin at madasalin. Sa pamamagitan ng Bibliya at sa pagliliwanag ng Banal na Espiritu, makikilala natin ang ating Panginoong Jesus, ang Kaniyang perpektong buhay, ang Kaniyang mga aral at perpektong halimbawa.

PAG-IISIP: “Ikaw (Diyos) ang lumikha sa amin para sa Iyong sarili, at ang aming puso ay hindi mapapanatag hanggang hindi ito nakakasumpong ng kapahingahan sa Iyo” (Augustine).

PANALANGIN: Ama, tanggapin ko nawa ang Iyong pamatok at matuto mula sa Iyo palagi.

GANITO KAYO MANALANGIN (I)

Karaniwan, ang mga hindi mananampalataya ay walang ideya tungkol sa panalangin sa Diyos hanggang sa sila ay humarap sa matinding panganib, malubhang karamdaman, o biglaang sakuna sa kanilang buhay. Kapag nawalan na sila ng pag-asa sa kanilang sarili at sa kanilang huling pagsubok, tumatawag sila sa sinumang “diyos” na makatutulong sa kanila. Nakalulungkot, bihira silang mag-alala tungkol sa kaligtasan ng kanilang kaluluwa. Pinatutunayan ng Biblia na walang kaligtasan maliban sa kay Jesus (Gawa 4:12).

Noong panahon ni Jesus, sinaway ng ating Panginoon ang mga mapagkunwari na mahilig magpakitang-tao sa kanilang mga gawaing pang-relihiyon, kabilang na ang panalangin sa harap ng mga tao upang makuha ang papuri ng tao (Mat 6:5; 23:14). Tinuruan ng ating Panginoon ang Kaniyang mga disipulo kung paano manalangin nang tama (Mat 6; Lucas 11). Kaya, ano ang tamang saloobin na dapat nating taglayin sa panalangin?

(a) Manalangin nang may Pusong Masunurin at Nangangailangan: Ang ilang mga mananampalataya na mahina o tamad sa panalangin ay nag-iisip na ang Diyos ay nakakaalam ng lahat at alam Niya ang lahat ng kanilang pangangailangan, kaya ayos lang na magtiwala sila sa Panginoon at minsan lamang lumapit sa Kaniya sa panalangin kapag may malalaking problema o kahirapan. Tama ba sila? Tanging ang Diyos ang tama; sila ay mali. Ang panalangin ay hindi lamang paglapit sa Panginoon para sa ating mga pangangailangan, kundi ito ay isang paraan upang manatili tayong konektado sa Diyos, na Siya nating buhay at lakas. Bukod sa ating gawain ng panalangin sa umaga, bago kumain o matulog, iniuutos sa atin na magkaroon ng palagiang saloobin ng panalangin sa ating mga puso saan man tayo naroroon (1 Tesa 5:17). Ang panalangin ay pakikipag-usap sa Diyos. Dapat nating pakinggan ang sinasabi ng Diyos sa atin sa pamamagitan ng Kaniyang Salita. Paano naman ang mga kumukuwestiyon o pumupuna sa Salita ng Diyos? Sa tingin mo ba ay pakikikingan ng Diyos ang kanilang mga panalangin? Tiyak na hindi! Sa mga tumatangi sa Kaniyang Salita, hindi sasagutin ng Diyos ang kanilang mga panalangin (Kawikaan 1:24-31; Kawikaan 28:9).

PAG-IISIP: Hindi tayo mabubuhay nang walang paghinga at walang panalangin.

PANALANGIN: Ama, tulungan Mo akong matutong manalangin ayon sa Iyong kalooban.

GANITO KAYO MANALANGIN (II)

(b) **Manalangin nang may Kababaang-loob, Paggalang, at Pananampalataya sa Pangalan ni Jesus:** Natutunan natin na ang mapagpakumbaba at nagsisising panalangin ng maniningil ng buwis ay tinanggap, samantalang ang mapagmataas at matuwid-sa-sarili na panalangin ng Pariseo ay tinanggihan (Lucas 18:10-14). Dapat tayong manalangin nang may mapagpakumbaba at magalang na puso (Eclesiastes 5:2). Ang Diyos ay ating Maykapal at Manlilikha samantalang tayo ay Kaniyang mga nilalang. Ang Diyos ay banal at matuwid samantalang tayo ay makasalanang. Dapat tayong magpakumbaba sa Kaniyang harapan (Santiago 4:6).

Dapat din tayong manalangin sa pangalan ng ating Panginoong Jesus. Kung wala ang Kaniyang kamatayan, muling pagkabuhay, at pananalangin para sa atin, hindi tayo makatatayo sa harap ng banal na Diyos. Sabi ng ating Panginoong Jesus, *“Kung kayo’y magsisihingi ng anoman sa pangalan ko, ay yaon ang aking gagawin.”* (Juan 14:14). Ano ang kahulugan ng pananalangin sa pangalan ni Jesus? Ibig sabihin nito ay pananalangin sa Kaniyang mga merito at katuwiran. Tayo ay wasak, at tayo at ang ating mga panalangin ay tinatanggap ng Ama sa pamamagitan ni Jesucristo lamang. Ang pananalangin sa pangalan ni Jesus ay nangangahulugan din ng pananalangin tulad ng pagdarasal ng Panginoong Jesus: na may pananampalataya at ganap na pagsunod sa kalooban ng Ama (Heb 11:6; Mat 26:39).

(c) **Manalangin nang may Mapagpasalamat, Dalisay, at Mapagpatawad na Puso:** Ang pananalangin ay bahagi ng ating pagsamba na may pasasalamat at papuri sa Panginoon (Awit 100:4; Filipos 4:6). Ito ay isang mabuting panahon para suriin natin ang ating sarili at ipagtapat ang ating mga kasalanan upang tayo ay mapatawad at malinis (Mateo 6:12; 1 Juan 1:9). Kung hindi tayo magsisisi o hindi tatalikuran ang ating mga nalalamang kasalanan, ang ating panalangin ay tatanggihan (Awit 66:18). At tulad ng pagtanggap natin ng kapatawaran mula sa Panginoon, dapat tayong magkaroon ng pusong mapagpatawad upang hindi mahadlangan ang ating panalangin (Mateo 6:14-15).

PAG-IISIP: Kung wala ang muling-nabuhay na Panginoong Jesus at ang Kaniyang Pangalan, ang ating panalangin ay walang kabuluhan.

PANALANGIN: Ama, nagpapasalamat ako sa Iyong pakikinig sa aking mga panalangin sa Pangalan ni Jesus.

ANG MODELONG PANALANGIN NG PANGINOON (I)

Itinuturo sa atin ng ating Panginoong Jesus kung paano manalangin nang tama sa pamamagitan ng Kaniyang halimbawang panalangin.

(a) **Maging Ipinanganak na Muli:** Tanging kapag tayo ay ipinanganak na muli sa pamamagitan ng Banal na Espiritu na maaari tayong tumawag sa Diyos na “Abba, Ama” nang may kahulugan (Roma 8:15). Kung hindi, ang unang hakbang ay humingi sa Panginoon ng kapatawaran at kaligtasan (Roma 10:13).

(b) **Kilalanin ang Soberanya ng Diyos:** Ang pagpapahayag ng “Ama namin na nasa langit” ay pagkilala na ang ating Ama ay nasa ibabaw ng lahat. Siya ang ating Maylalang at Tagapaglikha, ang buhay at tunay na Diyos, na nakakaalam-ng-lahat, makapangyarihan-sa-lahat, nasa-lahat-ng-dako at soberano. Sa ganitong kaalaman at paniniwala, lalapit tayo sa ating Ama nang may pagtitiwala, pagpapakumbaba, paggalang, at pagpapasakop.

(c) **Unahin ang Diyos at ang Kaniyang Kaharian:** (Mateo 6:33). Dito, tayo ay tinuturuan na unahin ang Diyos, *“ang pangalan Mo,” “ang kaharian Mo,”* at *“ang kalooban Mo,”* hindi ang sa atin. Ito ang ating pagsamba sa panalangin. Ang banal na Pangalan ng Diyos ay dapat nating pahalagahan. Ang kaharian ng Diyos ay dapat maging ating inaasahan at pananabik, at habang hinihintay natin ang pagparito ng ating Hari at Tagapagligtas na si Jesucristo upang itatag ang Kaniyang milenyong kaharian ng kapayapaan sa lupa, dapat tayong maging maingat at maging handang makaharap ang Panginoon at magsikap nang husto upang mapabilis ang Kaniyang pagdating (Mateo 24:14; 2 Pedro 3:11-14). Bukod dito, ano man ang ating mga pangangailangan, mga plano, o mga hangarin, dapat nating ipasakop ang ating mga sarili sa kalooban ng Diyos at manalangin, *“Gawin nawa ang iyong kalooban”* hindi lamang sa ating mga buhay kundi pati na rin *“kung paano sa langit, gayon din naman sa lupa.”* Kapag ang pinakamatindi nating hangarin ay ang kalooban ng Diyos lamang, hindi ang sa atin, ang ating *“kalooban”* ay magiging katulad ng sa Diyos at tayo ay manalangin ayon sa Kaniyang Salita at kalooban (Juan 15:7). Ang kalooban ng Diyos ang laging pinakamahusay!

PAG-IISIP: *Ang oras ng panalangin ay isang mapalad at matamis na panahon ng pakikipag-ugnayan sa Diyos.*

PANALANGIN: Ama, tulungan Mo ako na una munang hanapin Ka at ang Iyong kaharian sa aking panalangin.

ANG MODELONG PANALANGIN NG PANGINOON (II)

(a) **Ipahayag ang Ating Pangaraw-araw na Pangangailangan:** *“Ibigay mo sa amin ngayon ang aming kakanin sa araw-araw.”* Ihaharap natin sa ating Ama ang ating pangaraw-araw na pangangailangan, kapuwa espirituwal at pisikal, na may pagtitiwala sa Kaniyang mapagmahal na kalinga at probisyon. Dapat tayong maging kontento at mapagpasalamat sa Panginoon sa bawat araw. Kung paanong kailangan natin ng pagkain para sa katawan, kailangan din natin ang Salita ng Diyos para sa ating kaluluwa. Bukod dito, kailangan din natin ang gabay, karunungan, biyaya, at lakas ng Diyos upang mamuhay para sa Kaniya at magawa ang Kaniyang kalooban sa bawat araw. Dapat din tayong manalangin para sa ating mga kapatid, mga lingkod ng Diyos, sa ministryo, sa kaligtasan ng iba, sa mga namumuno, at iba pa (Gawa 4:31; Efeso 6:18-19; Colosas 1:3; 4:3-4; 2 Tesalonica 1:11; 3:1; 1 Timoteo 2:1-4).

(b) **Humingi ng Kapatawaran:** *“At ipatawad mo sa amin ang aming mga utang, gaya naman namin na nagpatawad sa mga may utang sa amin.”* Ang susunod na bahagi ng panalangin ay ang paghingi ng kapatawaran sa Diyos sa pamamagitan ng ating pagsisisi at pagkumpisal ng mga kasalanan.

(c) **Humingi ng Proteksyon:** *“At huwag Mo kaming ihatid sa tukso, kundi iligtas Mo kami sa masama.”* Ang Diyos ay banal at mapagmahal, kaya’t *“ang Diyos ay hindi matutukso sa masamang bagay, at hindi rin naman siya nanunukso sa kanino man”* (Santiago 1:13), ngunit pinahintulutan Niya si Satanas, ang manunukso, na tuksuhin at subukin si Job at ang ating Panginoong Hesu-Cristo (Job 1:12; 2:6; Mateo 4:1-11). Sa pagkilala sa ating mga kahinaan, tayo ay nananalangin na iligtas tayo ng Diyos mula kay Satanas, sa kasamaan at mga kasalanan (Judas 1:24-25) habang nagpapasakop tayo sa Panginoon, *“magsisilangsang kayo sa diablo”* (Santiago 4:7) at *“Layuan ninyo ang bawa’t anyo ng masama.”* (1 Tesalonica 5:22).

(d) **Purihin ang Panginoon:** Ang ating panalangin ay nagtatapos sa ating papuri sa Kaniya: *“Sapagkat Iyo ang kaharian, at ang kapangyarihan, at ang kaluwalhatian, magpakailanman. Amen.”* Totoong, maganap nawa!

PAG-IISIP: Ang panalangin ay isang mabuting sandata sa ating pakikipaglaban kay Satanas at sa mga kasalanan.

PANALANGIN: Ama, tulungan mo akong manalangin gaya ng itinuro sa akin ng Iyong Salita.

LINGGO NG REPORMASYON

Minsan sa isang taon, ang ating simbahan ay naglalaan ng huling Linggo ng Oktubre bilang Linggo ng Repormasyon upang magpasalamat sa Diyos para sa Repormasyon noong ika-16 na siglo. Nagpapasalamat at nagpupuri tayo sa Panginoon sa paghubog Niya sa Kaniyang mga maka-Diyos na lingkod tulad nina Martin Luther, Ulrich Zwingli, John Calvin, at John Knox. Mahalaga ang Repormasyon para sa Katotohanan na kailangang ihayag. Noong mga panahong iyon, wala sa kamay ng mga tao ang Salita ng Diyos sa kanilang sariling wika; bunga nito, sila ay nailigaw ng mga doktrina, gawain, at tradisyon ng Simbahang Romano Katoliko na labag sa Bibliya. Ang kanilang kaligtasan ay hindi sa pamamagitan ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya lamang kundi hinaluan ng mabubuting gawa, ang kanilang pagsamba ay hindi sa espiritu at katotohanan batay sa Salita ng Diyos lamang kundi hinaluan ng tradisyon ng tao, hindi maka-Bibliyang mga ritwal at sakramento; at ang kanilang katapatan ay hindi sa Panginoon at Tagapagligtas na si Jesus Cristo at sa Salita ng Diyos lamang.

Magpasalamat tayo sa Diyos sa pagbibigay Niya ng tibay at lakas ng loob sa Kaniyang lingkod na si Luther upang tumayong mag-isa para sa katotohanan ng Diyos. Nakakatawang isipin, ngunit ngayon ay nakikita natin ang marami na nakikipagkompromiso at nagnanais na bumalik sa Roma, at iniisip pa nga na ang Repormasyon noong ika-16 na siglo ay isang pagkakamali! Nakakadismaya na maraming tao ang hindi pinapahalagahan ang Salita ng Diyos dahil sa espiritu ng kompromiso, ekumenismo, at maging pagtalikod sa pananampalataya!

Nagpasalamat tayo sa Diyos na sa pamamagitan ng Repormasyon ay mayroon tayong King James Bible sa Ingles ngayon, na isinalin ng mga maka-Diyos at talentadong lingkod ng Diyos mula sa Kaniyang ganap na kinasihan at ganap na naingatan na mga teksto (ang Tradisyunal na Masoretic na tekstong Hebreo para sa Lumang Tipan at Tanggap na Tekstong Griyego para sa Bagong Tipan). Nakalulungkot na marami sa mga tinatawag na Kristiyano, kahit mga lider at iskolar, ang kumukwestiyon at bumabatikos sa Salita ng Diyos!

PAG-IISIP: Ang ating laban ngayon ay para sa ganap na pag-iingat sa bawat Salita ng Diyos.

PANALANGIN: Ama, nagpasalamat ako sa Iyo para sa Repormasyon noong ika-16 na siglo at para sa KJB.

MARTES, HULYO 29

JUAN 8:31-45

JUAN 8:36

*“Kung palayain nga kayo ng Anak,
kayo’y magiging tunay na laya.”*

SI HESUCRISTO, ANG BANAL NA REPORMISTA AT TAGAPAGLIGTAS

Nagpapasalamat tayo sa Diyos sa pagpapadala Niya ng Kaniyang bugtong na Anak, hindi lamang upang ibalik tayo sa Kaniyang katotohanan, kundi upang mamatay din para sa ating mga kasalanan at muling mabuhay para sa ating katuwiran. Sinabi ng ating Panginoong Jesus, *“Kung kayo’y magsisipanatili sa aking salita, kung magkagayo’y tunay nga kayong mga alagad ko; at inyong makikilala ang katotohanan, at ang katotohana’y magpapalaya sa inyo. ...Kung palayain nga kayo ng Anak, kayo’y magiging tunay na laya.”* Tayo ba ay tunay na malaya?

Sinabi ng mga Judio kay Panginoong Jesus, *“Kami’y binhi ni Abraham, at kailan ma’y hindi pa naging alipin ninomang tao.”* Nakalimutan nila na ang kanilang mga ninuno ay naging alipin ng mga Egipcio, ng mga Filisteo, ng mga Midianita, ng mga Babilonyo, atbp., at sa kanilang panahon ay alipin sila ng mga Romano, ng kanilang mga kasalanan, at ng kanilang mga tradisyong gawa ng tao! Maraming tao rin ang nag-iisip na sila ay malaya at hindi alipin ng kahit sino o ano pa man.

Marami ang alipin ng kanilang sariling makasalanang kalikasan sa pamamagitan ng seksuwal na pagnanasa, makasalanang mga hangarin, o masamang ugali. Marami ang alipin ng kanilang kasakiman, mapagmataas na ambisyon, at hindi nila kayang tanggihan ang kanilang sarili o magpasakop sa Panginoon at sa kalooban ng Diyos. Marami ang alipin ng makamundong pamumuhay at materyalismo, palaging nagsisunod sa uso at modernong istilo ng pamumuhay. Marami ang alipin ng pag-inom, paninigarilyo, droga, o pagsusugal. Marami ang alipin ng makamundong aliwan at kasiyahan, ng mga pelikula at mga video game. Marami ang alipin ng mga paniniwalang hindi naaayon sa Bibliya, mga gawi o pamahiin, at sinasabi na kailangan nilang sundin ang ilang mga ritwal o gumawa ng ilang mabubuting gawa upang maligtas. Nakalulungkot, na maliban sa Panginoong Jesus, ang kanilang mga kaluluwa ay hindi makasusumpung ng tunay na kapayapaan, tunay na kalayaan, at tunay na kaligtasan!

PAG-IISIP: Ang tunay na kalayaan ay nagmumula kay Jesus at sa Kaniyang Katotohanan lamang.

PANALANGIN: “Ama, palayain Mo po ako sa kasalanan, sa sarili, sa kamunduhan at kay Satanas.

IKAW AY MAGIGING MALAYA TALAGA (I)

Paano natin malalaman ang katotohanan? Sa pamamagitan lamang ng Salita ng Diyos at sa gabay at liwanag ng Banal na Espiritu natin malalaman ang katotohanan. Dapat muna tayong “*manatili*” sa Salita ng Diyos, at saka natin “*makikilala*” ang katotohanan. Ang pandiwang “*manatili*” ay kapareho ng salitang “*sumunod, magpatuloy, mamalagi*” sa Juan 15:4-16, na nagdadala ng kahulugan ng buong pagpapasakop at ganap na pag-asa ng sanga (mananampalataya) sa Puno ng Ubas (si Cristo). Dapat tayong magbasa at mag-aral ng Salita ng Diyos nang may kababaang-loob, kahandaang matuto, masunurin at pusong madasalin, gayundin nang may pananampalataya, at pagpipitagan, at ang Espiritu ng Katotohanan ang gagabay sa atin “*sa buong katotohanan*” (Juan 16:13). Kapag nalaman na natin ang katotohanan, ang katotohanan ang magpapalaya sa atin.

Ano ang katotohanan? Sa pamamagitan ng Bibliya, nalalaman natin na ang Salita ng Diyos ay katotohanan (Juan 17:17), ang Panginoong Hesu-Cristo ang katotohanan (Juan 14:6), at ang Banal na Espiritu, ang Espiritu ng Katotohanan, ay katotohanan (Juan 14:17; 15:26; 16:13; 1 Juan 5:6).

(a) **Salita ng Diyos:** Noong isinalin ang Bibliya sa wikang Aleman, karamihan sa mga Aleman ay bumalik sa katotohanan ng Diyos at natamasa nila ang kaligtasan ng Diyos kay Cristo sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya lamang, sa kabila ng matinding pag-uusig mula sa Simbahang Romano Katoliko.

Sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, nalalaman natin ang katotohanan na ang Diyos ay Espiritu (Juan 4:24) at ipinagbabawal Niya sa atin ang pagsamba sa mga diyus-diyosan. Kaya tayo ay magiging malaya mula sa pagsamba sa mga diyus-diyosan. Sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, nalalaman natin ang katotohanan na ang Diyos ay soberano at Siya ang nag-aalaga sa atin at kayang gawin ang lahat ng bagay para sa ikabubuti natin. Kaya hindi tayo matatakot sa anumang “masamang kapalaran” sa ilalim ng anino ng mga pamahiin. Habang lalo nating nakikilala ang katotohanan ng Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang salita at ng Banal na Espiritu, mas lalo nating natatamasa ang kalayaan kay Cristo.

PAG-IISIP: Ang pagkilala sa Salita ng Diyos, ang Katotohanan ng Diyos, ay tunay na kalayaan.

PANALANGIN: Ama, tulungan mo akong malaman ang Iyong Katotohanan sa pamamagitan ng Iyong Salita.

IKAW AY MAGIGING MALAYA TALAGA (II)

(b) **Ang Panginoong Jesu-Cristo:** Sinabi ng ating Panginoong Jesus, *“Kung palayain nga kayo ng Anak, kayo’y magiging tunay na laya.”* Ang ating Panginoong Hesu-Cristo ay namatay para sa ating mga kasalanan at muling nabuhay para sa ating pagkamakatuwiran (Roma 4:25), kaya’t Siya ay may kakayahang palayain tayo mula sa mga kasalanan, sa sumpa ng kautusan, at sa pagkondena, *“Na siya rin ang nagdala ng ating mga kasalanan sa kaniyang katawan sa ibabaw ng kahoy”* (1 Pedro 2:24). Marami ang nakakakilala sa Salita ng Diyos at naniniwala kay Hesu-Cristo, ngunit nananatili silang alipin ng kasalanan. Bakit? Sinisikap nilang mapaglabanan ang kanilang makasalanang kalikasan sa pamamagitan ng sariling lakas. Hindi lamang tayo kayang iligtas ng Panginoong Jesus mula sa mga kasalanan kundi kaya rin Niya tayong palayain mula sa ating makasalanang kalikasan (Roma 7:24-25). Tulad ni Pablo, hindi tayo dapat magtiwala sa sarili kundi lumapit tayo kay Jesus lamang nang may kababaang loob, kasama ang pagtitiwala at pagsuko sa Kaniya (Juan 15:5).

Noong nag-aral ako sa Far Eastern Bible College sa Singapore, nakilala ko ang ilang estudyante na nakalaya sa pagkaadik sa droga dahil sa kanilang pananampalataya sa kay Panginoong Hesu-Cristo, at ginagamit ng Panginoon ang kanilang buhay sa ministeryo! Purihin ang Panginoon! Siya ang ating dakilang Tagapalaya at Tagapagligtas!

(c) **Ang Banal na Espiritu:** Sinabi ng Bibliya, *“Ngayon ang Panginoon ay siyang Espiritu: at kung saan naroroon ang Espiritu ng Panginoon, doon ay may kalayaan”* (2 Cor 3:17). Inamin ni David na siya ay makasalanan at tumawag siya sa Panginoon nang may pagsisisi (Awit 51:10-12). Ang Banal na Espiritu ay may kakayahang ipanganak tayong muli, at pakabanalin tayo, at punuin tayo ng Kaniyang banal na kalikasan upang mapaglabanan natin ang mga kasalanan at magbubunga ng Kaniyang mga bunga (Roma 8:2; Gal 5:22-23). Hindi ba’t nararapat na isuko natin ang ating sarili sa kontrol ng Banal na Espiritu?

PAG-IISIP: Ang pagpapasakop sa Katotohanan ng Diyos ay tunay na kalayaan ng Kristiyano.

PANALANGIN: Ama, pinasasalamatan Kita sa pagpapalaya Mo sa akin sa pamamagitan ng Iyong Katotohanan.

TUNAY NA MGA MANANAMBA: MAGING IPINANGANAK NA MULI

Sa mundong ito, napakaraming mga relihiyosong grupo, at lahat ay nag-aangkin na ang kanilang relihiyon, ang kanilang mga “diyos,” ang kanilang mga aklat, ang kanilang mga paniniwala at mga kaugalian ay ang siyang totoo. Kung gayon ano ang mga pamantayan upang matulungan tayong kumilatis at humatol kung aling grupo ang totoo o sino ang tunay na mga sumasamba sa buhay at tunay na Diyos? Ang pamantayan ay dapat magmula sa Salita ng Diyos (Juan 17:17). Tanging sa pamamagitan lamang ng Salita ng Diyos natin malalaman kung paano sasambahin nang tama ang buhay at tunay na Diyos, ayon sa Kaniyang kagustuhan.

Sinasabi sa Juan 4:23 na ang Diyos ay naghahanap ng mga *“tunay na mananamba”* na sasamba sa Kaniya sa espiritu at sa katotohanan. Ano ang ibig sabihin ng pagsamba sa Ama sa espiritu at sa katotohanan?

Sinasabi ng Bibliya na tayo’y *“mga patay dahil sa mga pagsalangsang at mga kasalanan”* (Efeso 2:1). Ang taong pisikal na patay ay walang magagawa. Gayundin, ang isang taong espirital na patay ay hindi maaaring makipag-usap sa Diyos at hindi siya makasasamba sa Kaniya nang tama. Sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, alam natin na nilikha ng Diyos sina Adan at Eba, ngunit sinuway nila ang Diyos at sila’y isinumpa. Ang kasalanan at kamatayan ay dumating sa mundo: pisikal na kamatayan (pagkahiwalay ng kaluluwa), espirital na kamatayan (pagkahiwalay sa Diyos), at walang-hanggang kamatayan (paghatol sa Impiyerno magpakailanman sa Araw ng Paghuhukom). Ang pagkahiwalay sa Diyos ay nangangahulugan ng pagkahiwalay sa Kaniyang katotohanan, espirital na liwanag, at buhay. Nilinlang sila ni Satanas at iniligaw sa pagsamba sa iba’t ibang mga huwad na “diyos” at mga idolo. *“Subali’t sinasabi ko, na ang mga bagay na inihahain ng mga Gentil, ay kanilang inihahain sa mga demonio, at hindi sa Diyos: at di ko ibig na kayo’y mangagkaroon ng pakikipagkaisa sa mga demonio.”* (1 Cor 10:20). Ang unang kundisyon upang maging tunay na mananamba ay ang pagiging ipinanganak na muli, magkaroon ng bagong puso at bagong espiritu upang makasamba sa Diyos nang tama (Ezekiel 36:26).

PAG-IISIP: Upang maging tunay na mga mananamba, kailangan muna tayong ipanganak na muli.

PANALANGIN: Ama, pinasasalamatang Kita sa pagliligtas Mo sa akin upang makasamba sa Iyo nang tama sa espiritu at katotohanan.

SABADO, AGOSTO 2

JUAN 4:19-26

MATEO 18:20

*“Sapagka’t kung saan nagkakatiapon
ang dalawa o tatlo sa aking pangalan,
ay naroroon ako sa gitna nila.”*

MGA TUNAY NA MANANAMBA: SUMASAMBA SA PANGALAN NI JESUS

Marami ang nag-iisip na ang pagsamba sa Ama sa katotohanan ay nangangahulugang pagsamba sa Diyos nang may tapat at matapat na puso. Tama iyon, ngunit hindi sapat, dahil marami ang “taimtim” na sumasamba sa kanilang mga huwad na “diyos” at handa pang mamatay para sa kanilang mga paniniwala. Natutunan natin na ang Salita ng Diyos ay katotohanan, ang Panginoong Jesus ang katotohanan, at ang Banal na Espiritu ay katotohanan. Kaya’t ang pagsamba sa Diyos sa katotohanan ay nangangahulugang pagsamba sa Kaniya sa Pangalan ni Jesus, ayon sa Kaniyang Salita at sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.

Sinabi ni Jesus, *“Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay”* (Juan 14:6) at *“Sapagka’t kung saan nagkakatiapon ang dalawa o tatlo sa aking pangalan, ay naroroon ako sa gitna nila”* (Mateo 18:20). Kinumpirma Niya ito sa babaeng Samaritana, *“Babae, paniwalaan mo ako, na dumarating ang oras, na kahit sa bundok na ito, ni sa Jerusalem, ay hindi ninyo sasambahin ang Ama.”* Ang pokus ay hindi sa lugar ng pagsamba, kundi sa Diyos mismo at sa diwa ng pagsamba: *“sambahin ang Ama sa espiritu at katotohanan”*.

Ang Diyos ay banal, matuwid, at maluwalhati. Paano natin, bilang mga makasalanang, masasamba Siya sa paraang katanggap-tanggap sa Kaniya? Kung wala ang Panginoon at Tagapagligtas na si Jesus Cristo, tayo mismo at ang ating pagsamba ay tiyak na tatanggihan ng Diyos. Dapat tayong magpakumbaba, aminin ang ating mga kasalanan, at tanggapin ang Tagapagligtas na si Jesus Cristo bilang ating Kahalili sa harap ng Diyos. Kapag nagtitipon tayo upang sumamba sa Diyos, dapat tayong mapagpakumbabang tumingin sa ating Tagapagligtas na si Jesus Cristo at magtiwala sa Kaniyang Pangalan at mga merito upang ang ating pagsamba ay magiging katanggap-tanggap sa Diyos, *“upang maghandog ng mga hain na ukol sa espiritu, na nangakalulugod sa Diyos sa pamamagitan ni Jesucristo”* (1 Ped 2:5). Ang tunay na pagsamba ay dapat nakasentro kay Cristo. Si Cristo lamang ang dapat mapaluwalhatian, hindi ang iba. Si Cristo ay kinakailangang dumakila, (Juan 3:30), at si Cristo ay dapat ipangaral (2 Cor 4:5).

PAG-IISIP: Kung wala si Cristo, lahat ng mananamba ay hindi katanggap-tanggap sa Diyos.

PANALANGIN: Ama, nawa’y ang aking pagsamba ay laging nakasentro kay Cristo.

**MGA TUNAY NA MANANAMBA:
SUMASAMBA AYON SA SALITA NG DIYOS**

Upang masamba ang Ama sa katotohanan, dapat tayong sumamba ayon sa Salita ng Diyos. *“Ako’y sasamba sa dako ng iyong banal na templo, at magpapasalamat sa iyong pangalan, dahil sa iyong kagandahang-loob at dahil sa iyong katotohanan: sapagka’t iyong pinadakila ang iyong salita sa iyong buong pangalan.”* (Awit 138:2). Dapat nating dakilain ang Salita ng Diyos sa ating pagsamba. Ang ating pagsamba ay dapat nakasentro sa Salita ng Diyos. Inutusan ni Pablo si Timoteo, *“Ipangaral mo ang salita; magsikap ka sa kapanahunan, at sa di kapanahunan, sumawata ka, sumaway ka, mangaral ka na may buong pagpapahinuhod at pagtuturo.”* na may ganitong babala, *“Sapagka’t darating ang panahon na hindi nila titiisin ang magaling na aral; kundi, pagkakaroon nila ng kati ng tainga, ay magsisipagbunton sila sa kanilang sarili ng mga gurong ayon sa kanilang sariling mga masasamang pita; At kanilang ihihiwalay ang kanilang mga pakinig sa katotohanan, at itutungo sa mga katha”* (2 Timoteo 4:2-4). Nakalulungkot, sa panahong ito, maraming “Kristiyano” ang bulag na sumusunod sa mga “iskolar” o “mga pinunong iskolar” na pumupuna at nagpapalaganap ng pagdududa sa Salita ng Diyos! Mas gusto nilang makarinig ng mga sipi mula sa mga “dakilang tao” at mga kawili-wiling kuwento kaysa sa Salita ng Diyos, na may kapangyarihang baguhin ang kanilang mga buhay! Paano natin makikilala ang tunay na pangangaral ng Salita ng Diyos? Dapat tayong magkaroon ng tamang pag-uugali tulad ng mga kapatid sa Berea, *“tinanggap nila ang salita nang may buong kahandaan ng pag-iisip, at sinisiyasat ang mga kasulatan araw-araw, kung gayon nga ang mga bagay na ito”* (Gawa 17:11).

Sumamba tayo sa Ama ayon sa Salita ng Diyos at sa atin ding pag-awit at pagpupuri sa Diyos. *“Manahanan nawang sagana sa inyo ang salita ni Cristo; ayon sa buong karunungan, kayo’y mangagturuan at mangagpaalalahanan sa isa’t isa sa pamamagitan ng mga salmo at ng mga himno at mga awit na ukol sa espiritu, na magsiawit kayong may biyaya sa inyong puso sa Diyos.”* (Col 3:16). *“At huwag kayong magsiayon sa sanglibutang ito”* (Roma 12:2).

PAG-IISIP: Ang mga tunay na mananamba ay dapat sumamba sa Diyos ayon sa Salita ng Diyos.

PANALANGIN: Ama, nawa’y ang aking pagsamba ay laging nakasentro sa Bibliya.

LUNES, AGOSTO 4

FILIPOS 3:1-11

JUAN 6:63

*“Ang espiritu nga ang bumubuhay;
sa laman ay walang
anomang pinakikinabang.”*

MGA TUNAY NA MANANAMBA:

SUMASAMBA SA PAMAMAGITAN NG BANAL NA ESPIRITU

Ang pagsamba sa pamamagitan ng Banal na Espiritu ay hindi nangangahulugang pagsamba sa pamamagitan ng mga himala at mga palatandaan o sa “pagsasalita ng iba’t ibang wika,” “pagkalasing o pagtumba sa Espiritu,” “mga bagong pahayag,” o “mga makapropetikong salita,” at iba pa. Hindi tayo dapat malinlang ng ganitong mga pekeng “espirituwal na kaloob,” sapagkat tumigil na ang mga kaloob ng tanda (1 Cor 13:8-10) at ang pahayag ng Diyos ay kumpleto at sapat na. Walang sinuman ang dapat magdagdag o magbawas mula sa Salita ng Diyos (Pahayag 22:18-19). Bukod dito, ang Banal na Espiritu ay pumarito upang bigyang kaluwalhatian si Jesu-Cristo lamang (Juan 16:14) at hindi ang sinumang tao, at Siya ang Banal na May-akda ng Kasulatan, kaya hindi Niya maaaring salungatin ang Kasulatan.

Ang Banal na Espiritu ang gumagabay sa atin sa lahat ng katotohanan (Juan 16:13), tumutulong sa atin na maunawaan ang mga espirituwal na bagay (1 Cor 2:10-16), binabago tayo at pinapabanal (Juan 3:5; Roma 15:16) at tinutulungan tayo na sumamba at maglingkod sa Diyos (Filipos 3:3). Ang pagsamba sa pamamagitan ng Banal na Espiritu ay ang magtiwala sa Kaniya, hindi sa ating kakayahan, at taimtim na manalangin para sa Kaniyang presensya, gabay, at pagpapala sa ating pagsamba, sapagkat kung wala ang Kaniyang presensya, ang ating pagsamba, panalangin, pangangaral at pag-awit ay walang buhay! Ang Banal na Espiritu ang nagtuturo sa atin na manalangin, nag-aayos ng ating mga puso upang makapagpuri sa Panginoon nang may kabuluhan, nagliliwanag sa ating mga puso upang maunawaan ang mensahe at mapalakas ang pananampalataya. Sa pagkaalam nito, dapat tayong laging magpakumbaba at magtiwala sa Banal na Espiritu, hindi sa ating sarili. Kapag pinangangaral ko ang mensahe, dapat akong taimtim na manalangin para sa patnubay, pagliliwanag at pagpapahid mula sa Banal na Espiritu. Kung hindi, ang aking pangangaral ay walang buhay. Maaring maunawaan ng mga nakikinig ang mensahe sa kanilang isipan, ngunit maaaring hindi maantig ang kanilang puso at hindi mabago ang kanilang buhay!

PAG-IISIP: Ang Banal na Espiritu lamang ang nagbibigay buhay, at ang laman ay walang pakinabang.

PANALANGIN: Ama, panatilihin Mo akong mapagpakumbaba at laging nananalig sa Banal na Espiritu.

**SI HESU-CRISTO:
ANG TUNAY NA PUNO NG UBAS,
TUNAY NA PINAGMUMULAN NG BUHAY**

Ginawa ng Diyos ang lahat para sa Kaniyang bayan at inaasahan Niya sila na magbunga ng mabuting bunga ng katuwiran upang sila'y maging mga saksi Niya at maging pagpapala sa mundo. Ibinigay Niya sa kanila ang kautusan, mga pangako, mga tipan, at ang pagsamba sa Diyos, at isinugo sa Kaniyang mga lingkod, ang mga propeta, na turuan sila at gabayan sila sa Kaniyang daan, ngunit kanilang inusig ang Kaniyang mga propeta. Sa huli, isinugo ng Diyos sa Kaniyang bugtong na Anak, ang Panginoong Jesus, na ituro sa kanila ang Salita ng Diyos at dalhin sila sa tunay na pagsamba sa espiritu at katotohanan, ngunit Siya ay kanilang hinamak, tinanggihan, at ipinako sa Krus. Sa pamamagitan ng kabiguan nina Adan at Eba at pati na rin ng mga tao ng Israel, nalaman natin na ang tao, dahil sa kanilang makasalanang kalikasan, ay hindi kailanman kayang bigyang-kasiyahan ang Diyos o sundin ang Kaniyang Salita.

Salamat sa Diyos sa pamamagitan ni HesuCristo na ating Panginoon! Ano ang ibig sabihin ni Jesus nang sinabi Niya, *“Ako ang tunay na puno ng ubas”*? Una, Siya ang Diyos ng tipan, si Jehovah, *“AKO YAONG AKO NGA”* (Exodo 3:14), ang walang hanggan, hindi nagbabago, at tapat na Diyos. Siya ang AKO NGA, kahapon, ngayon, at magpakailanman, gaya ng Kaniyang sinabi, *“Bago ipinanganak si Abraham ay ako nga”* (Juan 8:58; Heb 13:8). Ang mga relihiyosong pinuno ay tao lamang. Hindi nila tayo maililigtas o mabibigyan ng bagong buhay. Ikalawa, si Jesus, bilang tunay na Punong Ubas, ang nag-iisang tunay na Pinagmumulan ng espirituwal na buhay at buhay na walang hanggan. Ang mga relihiyosong pinuno ay nagbibigay ng walang laman na mga pangako at patay na mga aral, ngunit hindi sila kailanman makapagbibigay ng buhay. Kung wala si Jesus, walang sinuman ang makapamumuhay bilang tunay na Kristiyano! Sa wakas, si Jesus mismo, ang buhay na Banal na Persona (hindi isang bagay), ang ating bagong buhay. Tanging kapag nasa atin ang Panginoon Mismo ay magkakaroon tayo ng Kaniyang buhay (1 Juan 5:11-12). Hindi ba tayo dapat laging umasa sa Kaniya upang magkaroon ng Buhay?

PAG-IISIP: Kung wala si Cristo, walang sinuman ang makapamumuhay ng tunay na buhay Kristiyano.

PANALANGIN: Ama, tulungan Mo akong laging umasa sa Iyo upang magkaroon ng Iyong tunay na Buhay.

KAYO ANG MGA SANGA (I)

Sinabi ni Jesus, *“kayo ang mga sanga.”* Ano ang kahulugan nito? Una, nagpapasalamat tayo sa Diyos na pinili Niya tayo at inihugpong sa Kaniya, ang tunay na Puno ng Ubas (v.16). Bilang mga sanga, tayo ay bahagi ng Puno ng Ubas at nakikibahagi sa buhay at lakas ni Jesus gaya ng pagiging mga miyembro ng katawan ni Cristo. Purihin ang Panginoon sa Kaniyang biyaya at habag! Susunod, dapat tayong laging mapagpakumbaba, sa pagkakaalam na ang ugat ang sumusuporta sa mga sanga, at hindi ang mga sanga ang sumusuporta sa ugat, kaya’t *“Huwag kang magpalalo kundi matakot ka”* (Roma 11:18-20). Tulad ng ang mga sanga ay hindi makapagbubunga sa kanilang sarili, kung wala ang Panginoong Jesus ay hindi tayo kailanman makapagbubunga ng tunay na espirituwal na bunga o magagawa ang kalooban ng Diyos at ang Salita ng Diyos.

Upang magbunga ng marami, may dalawang kondisyon: (1) Manatili kay Jesus, at (2) Hayaang si Jesus at ang Kaniyang mga salita ay manatili sa atin. Ang manatili kay Jesus ay nangangahulugang magtiwala sa Kaniya, umasa sa Kaniya, at tumingin sa Kaniya para sa buhay at lakas. Ang pabayaan si Jesus at ang Kaniyang mga salita na manatili sa atin ay nangangahulugang hayaan na ang Panginoon at ang Kaniyang mga salita ang magkontrol at magdirekta sa ating buong pagkatao. May tatlong uri ng sanga sa Juan 15. Ang isa ay hiwalay, ang isa ay hindi nagbubunga, at ang isa ay mabunga. Anong uri ka?

(a) **Hiwalay na Mga Sanga:** Ang ating Panginoong Jesus ay nagsabi, *“Kung ang sinoman ay hindi manatili sa akin, ay siya’y matatapon katulad ng sanga, at matutuyo; at mga titipunin at mga ihahagis sa apoy, at mangasusunog.”* Ito ay tumutukoy sa mga hindi mananampalataya at sa mga nagpapanggap na Kristiyano. Maaring narinig nila ang Ebanghelyo, pumupunta sa simbahan at ipinapahayag si Jesus sa kanilang mga labi, ngunit sa kanilang puso, hindi sila nagtitiwala sa Panginoong Jesus. Hindi sila mga ipinanganak na muli na Kristiyano. Maaaring iniisip nila na sila’y ligtas na kapag ikinumpisal nila ang kanilang mga kasalanan sa Panginoon sa panalangin, ngunit sila pa rin ang hari ng kanilang buhay. Nagpaplano sila at ginagawa ang anumang naisin nila nang hindi alintana ang Panginoon at ang Kaniyang Salita. Sila’y itatapon, malalanta at susunugin sa apoy.

PAG-IISIP: Paano mabubuhay ang sanga kung wala ang Puno ng Ubas?

PANALANGIN: Ama, mangyaring panatilihin Mo akong nananatili sa Iyo palagi.

KAYO ANG MGA SANGA (II)

(b) **Mga Sanga na Walang Bunga:** Sinabi ni Jesus, *“Ang bawa’t sanga na sa akin ay hindi nagbubunga ay inaalís niya.”* Ito ay para sa mga naniniwala sa Pangalan ng Panginoong Jesus ngunit hindi nagpapasakop sa Kaniya at sa Kaniyang Salita. Sila ay nagpapakilalang Kristiyano ngunit hindi pa tunay na ipinanganak na muli, tulad ni Judas Iscariote. Inaangkin nilang naglilingkod sila sa Panginoon, nangangaral ng Bibliya, at nagsasagawa pa ng “mga himala, mga tanda, at mga kababalaghan” sa Pangalan ni Jesus, ngunit ang kanilang mga ginagawa ay ayon sa kanilang sariling kagustuhan, pamamaraan, at kondisyon.

(c) **Mga Mabungang Sanga:** Sinabi ni Jesus, *“At ang bawa’t sanga na nagbubunga ay nililinis niya, upang lalong magbunga.... Ang nananatili sa akin, at ako’y sa kaniya, ay siyang nagbubunga ng marami.”* Ito ay tumutukoy sa mga tunay na ipinanganak na muli na Kristiyano na pinili ng Panginoon. Sila ay nauuhaw sa Panginoon at sa Salita ng Diyos at may mahalagang pakikipag-ugnayan sa Kaniya. Hindi lamang sila nagtitiwala at umaasa sa Panginoon kundi nagpapasakop din sa Kaniya, nauunawaan na kung wala Siya ay wala silang magagawang katanggap-tanggap sa Panginoon ni magbunga ng tunay na bunga. Salamat sa Diyos sa Kaniyang tunay na espirituwal na bunga ng pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagiging matapat, kaamuan, pagpipigil (Gal 5:22-23), kabutihan, katuwiran, katotohanan (Efe 5:9), pagsunod, kabanalan, at buhay na tulad ni Cristo (Roma 6:16-22; 8:29).

Naluluwalhati lamang natin ang Diyos sa pamamagitan ng pagbubunga nang sagana, at dahil dito ay kinakailangang putulin at alisin ng ating Amang nasa Langit ang mga hindi kinakailangang sanga at dahon. Salamat sa Diyos sa Kaniyang pagtutuwid na sa pamamagitan nito tayo ay nagiging mas mapagpakumbaba, masunurin, at nagpapasakop sa Panginoon at sa Kaniyang Salita, at sa pamamagitan nito ay makapagbubunga tayo nang higit pa. Nakagagaan ng loob na malamang kapag ang sanga ay pinutol, ang Puno ng Ubas ay nakararanas din ng sakit! Ang ating Panginoon ay naaantig sa ating mga kahinaan!

PAG-IISIP: Ang Diyos ay nasisiyahan at naluluwalhati lamang kapag tayo ay nagbubunga nang sagana.

PANALANGIN: Ama, nagpapasalamat ako sa Iyong pagtutuwid at mapagmahal na pag-aalaga.

BIYERNES, AGOSTO 8
MGA TAGA-ROMA 6:1-14
MGA TAGA-GALACIA 2:20

*“Ako’y napako sa krus na kasama ni
Cristo: at hindi na ako ang nabubuhay,
kundi si Cristo ang nabubuhay sa akin.”*

AKO AY NAPAKO SA KRUS KASAMA NI CRISTO

Ang mga pilosopiya ng mundong ito ay nagtuturo sa mga tao na itaas ang “sarili.” Sinasabi nila, “Dapat mong linangin ang positibong damdamin at pag-iisip tungkol sa iyong sarili.” Karamihan sa mga relihiyon ay nagtataas din ng “sarili.” Kahit na ang ilan sa kanila ay nakauunawa na nagkakasala ang tao, iniisip pa rin nila na ang puso ng tao ay mabuti o may mabuting likas na katangian at nagiging masama lamang ang tao dahil sa masamang kapaligiran o lipunan sa paligid nila. Kaya’t sinusubukan nilang iiwas ang kanilang sarili sa mga makasalanang gawain at ginagawang mas mabuti at mas banal ang kanilang sarili. Itinuturing nila ang kanilang sarili bilang mga santo at hinahamak ang iba bilang mga karaniwan o makasalanang tao!

Pinatutunayan ng Bibliya na ang puso ng tao ay “*magdaraya ng higit kay sa lahat na bagay, at totoong masama*” - masyadong tiwali at bulok para mapabuti o mabago ng sarili. “*Makapagbabago бага ang Etiope ng kaniyang balat, o ang leopardo ng kaniyang batik? kung magkagayo’y mangakagagawa naman kayo ng mabuti, na mga bihasang gumawa ng masama*” (Jeremias 13:23; 17:9).

Kahit na tayo ay ipinanganak na muli at may bagong puso kay Cristo, nananatili pa rin sa atin ang ating makasalanang kalikasan. Upang harapin ang makasalanang kalikasan na ito, ang biblikal na paraan ay panatilihin itong patay at hindi ito pagbubutihin (Roma 6:6). Kung ang ating mga mata ay mabuksan upang matingnan ang ating Panginoong Jesus na dinadala ang ating mga kasalanan, tingnan din ang ating makasalanang kalikasan sa krus (Roma 6:11)! Tulad ni Pablo, maaari nating sabihin na, “*Ako’y napako sa krus na kasama ni Cristo; at hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Cristo ang nabubuhay sa akin: at ang buhay na ikinabubuhay ko ngayon sa laman ay ikinabubuhay ko sa pananampalataya, ang pananampalataya na ito’y sa Anak ng Diyos, na sa akin ay umibig, at ibinigay ang kaniyang sarili dahil sa akin.*” (Gal 2:20). Ang pagkapapako sa krus kasama ni Cristo ang tanging paraan upang mapalaya tayo mula sa ating makasalanang kalikasan, pagiging makasarili, at pagkamakamundo (Gal 5:24; 6:14). Ang Banal na Espiritu ay makatutulong sa atin na gawin ito (Roma 8:13) habang tayo’y “*namamatay araw-araw*” (1 Corinto 15:31).

PAG-IISIP: Walang kamatayan sa kasalanan at sarili, walang muling pagkabuhay sa bagong buhay kay Cristo!

PANALANGIN: Ama, nagpapasalamat ako sa Iyo na ako ay napako sa krus na kasama Mo.

KUNG KAYO NGA’Y NABUHAY NA MULI KASAMA NI CRISTO

Kung tayo ay kaisa ni Cristo sa Kaniyang kamatayan, tayo rin ay kaisa Niya sa Kaniyang muling pagkabuhay (Roma 6:4-5). At ang patunay nito ay ang paghahanap natin ng *“mga bagay na nasa itaas... ilagak ang pagiisip sa mga bagay na nasa itaas.”*

(a) **Patuloy na hanapin** ang *“mga bagay na nangasa itaas, na kinaroroonan ni Cristo, na nakaupo sa kanan ng Diyos.”* Ito’y nangangahulugan na patuloy na hanapin ang Panginoon Mismo, ang Kaniyang mukha, at ang Kaniyang kalakasan (Kaw 8:17; Awit 105:4), ang Kaniyang mga kautusan/ang Kaniyang Salita (Awit 119:45; Gawa 17:11; Col 3:16), ang Kaniyang kaharian at katuwiran (Mateo 6:33), ang Kaniyang kalooban at kaluwalhatian (Juan 5:30,44), ang Kaniyang biyaya at awa (Heb 4:16), ang Kaniyang mga espirituwal na pagpapala (Efe 1:3-14), karunungan mula sa itaas (Kaw 3:13; Santiago 1:5; 3:17-18), mga makadiyos na katangian kay Cristo (Col 3:12 14; 2 Ped 1:4-8), atbp.

(b) **Patuloy na ilagak** ang inyong pagkagiliw (isipan) *“sa mga bagay na nasa itaas, huwag sa mga bagay na nasa ibabaw ng lupa.”* Minamahal ng mga di-sumasampalataya ang mundong ito at sila ay may makasanlibutang isipan (1 Juan 2:15-16), ngunit ang mga anak ng Diyos ay hindi dapat gawin ito. Nasa mundo tayo ngunit hindi tayo kabilang sa mundo, at hindi tayo dapat makiayon sa mundong ito (Juan 17:14 16; Roma 12:2). Dapat tayong mamuhay para sa Panginoon at *“gawin ang lahat sa pangalan ng Panginoong Jesus... gawin ng buong puso, na gaya ng sa Panginoon, at hindi sa mga tao”* (Col 3:17,23), at *“gawin ang lahat sa ikakaluwalhati ng Diyos”* (1 Cor 10:31).

Hindi ibinibigay ng Diyos ang bagong buhay o buhay na walang hanggan bilang hiwalay na regalo mula sa Kaniyang Anak, kundi *“tayo’y binigyan ng Diyos ng buhay na walang hanggan, at ang buhay na ito ay nasa kaniyang Anak. Ang kinaroroonan ng Anak ay kinaroroonan ng buhay; ang hindi kinaroroonan ng Anak ng Diyos ay hindi kinaroroonan ng buhay.”* (1 Juan 5:11-12). Hindi sapat na hanapin lamang ang Panginoon sa ating araw-araw na debosyon o sa pagsamba tuwing Linggo, kundi sa bawat sandali. Ang buhay ng isang sanga ay nakatago sa Puno.

PAG-IISIP: Patunay ng bagong buhay: Hinahanap ang Panginoon at namumuhay para sa Kaniya.

PANALANGIN: Ama, tulungan Mo akong hanapin Ka at mamuhay para sa Iyo at sa Iyong kaluwalhatian.

KAYO AY WALANG LEBADURA (I)

Ang lebadura o pampaalsa ay isang sangkap na idinadagdag sa masa upang ito ay umalsa. Noong panahon ng Bibliya, ang lebadura ay karaniwang isang piraso ng fermentadong masa mula sa nakaraang pagluluto na inilalagay sa bagong masa upang tumaas ito.

Sa Bibliya, ang lebadura ay tumutukoy sa isang impluwensiya, mabuti man o masama, na kumakalat o lumalaganap. Sa pagtuturo tungkol sa mabuting impluwensiya ng Ebanghelyo, sinabi ni Jesus na ang kaharian ng langit ay katulad ng lebadura na kinuha ng isang babae at itinago sa tatlong takal ng harina hanggang sa ang lahat nito ay umalsa (Mateo 13:33).

Ang lebadura na ating pinag-aaralan ngayon ay may masamang kahulugan at impluwensiya. Sa talatang ito ng Bibliya, inutusan tayong alisin ang lumang lebadura at ang lebadura ng masamang hangarin at kasamaan. Binalaan din tayo ni Jesus na mag-ingat sa lebadura ng mga Pariseo, ng mga Saduceo, at ni Herodes. Ano ang kahulugan ng lebadurang ito sa atin? Tayo ba ay walang lebadura?

Marahil karamihan sa mga mananampalataya sa Corinto ay alam ang tungkol sa lebadura ngunit hindi nila napansin ang malaganap na epekto nito, kaya kinailangang paalalahanan sila ni Pablo *"Hindi бага ninyo nalalaman na ang kaunting lebadura ay nagpapakumbo sa buong limpak?"* Nakalulungkot na, hindi lamang sila nabigong mapansin ang masamang impluwensiya ng imoralidad at kasalanan sa kanilang sarili kundi ipinagmamalaki pa nila ang tungkol dito. Kailangan silang sawayin ni Pablo, *"Hindi mabuti ang inyong pagmamapuri."* (v 6). Sa katunayan, lahat ng pagmamapuri ay masama at kasuklam-suklam (Santiago 4:13-16), maliban sa pagmamapuri sa Panginoon (1 Cor 1:27-31).

Ang lebadura ay may napakalakas at malaganap na impluwensiya o epekto. Ito ay kumikilos nang lihim, tahimik at dahan-dahan ngunit ito ay lumalaganap sa pamamagitan ng pagdikit hanggang sa ang buong masa ay apektado at umalsa. Napapansin mo ba kung gaano kasama at kalaganap ang impluwensiya ng lebadura sa espirituwal na pananaw?

PAG-IISIP: Ang lebadura ay may tahimik ngunit napakalakas at malaganap na impluwensiya.

PANALANGIN: Ama, ingatan Mo ako mula sa lahat ng uri ng masamang lebadura.

LUNES, AGOSTO 11

1 MGA TAGA-CORINTO 5:1-8

1 MGA TAGA-CORINTO 5:7

*“Sapagka’t ang kordero ng ating
paskua ay naihain na,
sa makatuwid baga’y si Cristo.”*

KAYO AY WALANG LEBADURA (II)

Upang mapanatiling dalisay ang ating Kristiyanong pamumuhay mula sa “lebadura,” pinaalalahanan tayo ni Pablo tungkol sa ating Panginoong Jesus, ang Kordero ng Paskua, *“Sapagka’t ang kordero ng ating paskua ay naihain na, sa makatuwid baga’y si Cristo.”* Ano ang Paskua? Nang ang mga Israelita ay nasa ilalim ng pagkaalipin sa Ehipto, ipinadala ng Diyos si Moises upang sila ay makalaya (Exodo 2-3). Kahit na nagsagawa si Moises ng mga himala at ipinatupad ang paghatol ng Diyos sa Egipto, hindi pa rin pinayagan ni Paraon ang mga Israelita na umalis. Sa huli, ipinadala ng Diyos ang huling salot, ang kamatayan ng mga panganay, tao man o hayop, sa lupain ng Egipto. Inutusan ng Diyos ang Kaniyang bayan na kumuha ng isang kordero na walang kapintasan, patayin ito, at ilagay ang dugo sa magkabilang poste at sa itaas na poste ng mga pintuan ng kanilang mga bahay sa gabi. Nang gabing iyon, dumaan ang anghel ng Panginoon sa Egipto at pinatay ang lahat ng panganay, ngunit nilagpasan ang mga bahay na may tanda ng dugo sa mga pintuan. Mahigpit din silang inutusan na alisin ang lebadura sa kanilang mga bahay at kumain ng tinapay na walang lebadura sa loob ng pitong araw (Exodo 12:19). Sa pamamagitan lamang ng salot na ito, na pinayagan ni Paraon ang mga Israelita na umalis.

Nang nasa lupa pa si Jesus, gumawa Siya ng maraming himala upang patunayan na Siya ang Mesiyas na isinugo ng Diyos. Alam Niya na ang Kaniyang mga himala ay hindi makapagliligtas ng kaluluwa. Ngayon, ang mga relihiyosong pinuno ay nag-aangking madadala nila ang mga tao kay Cristo sa pamamagitan ng mga tanda at himala.

Itinatag ni Jesus ang Huling Hapunan sa gabi ng Kaniyang pagkaaresto. Habang ang ibang mga Judio ay pumapatay ng mga kordero para sa Paskua, alam ng ating Panginoong Jesus na Siya ang Korderong iyon at ang Sakripisyong iyon (Mateo 26:26-28; 1 Cor 11:23-25). Gaya ng iniutos ni Jesus, ang Huling Hapunan ay isang ordinansa na dapat nating panatilihin bilang kapalit ng Paskua. *“Kaya nga ipangilin natin ang pista.”* Ipinagdiriwang ba natin ang kapistahan ngayon? Paano natin ito ipagdiriwang? Ang hinihingi ay: *“na tulad sa kayo’y walang lebadura.”* Tayo ba ay walang lebadura?

PAG-IISIP: Si Jesucristo lamang, ang Kordero ng Diyos, ay ang ating Sakripisyo ng Paskua.

PANALANGIN: Ama, salamat po sa Iyong sakripisyo.

MARTES, AGOSTO 12

1 MGA TAGA-CORINTO 5:1-8

1 MGA TAGA-CORINTO 5:7

*“Alisin ninyo ang lumang lebadura,
upang kayo’y maging bagong limpak,
na tulad sa kayo’y walang lebadura.”*

KAYO AY WALANG LEBADURA (III)

“Alisin ninyo ang lumang lebadura.” Ang “*alisin*” ay isang utos na linising lubusan, agaran at epektibo. Ang “*lumang lebadura*” ay tumutukoy sa ating makasalanang kalikasan, makasalanang pita, pagiging makasarili, sariling kagustuhan, kayabangan, at iba pa.

(a) **Lebadura ng Masamang Hangarin at Kasamaan:** Ang lebadura ng masamang hangarin ay tumutukoy sa mga gawi ng masamang pag-iisip, pag-uugali, at pagkatao habang ang lebadura ng kasamaan ay nagpapahiwatig ng masasamang gawa at salita na nakakasakit sa iba.

(b) **Lebadura ng Pagkukunwari:** Ang lebadura ng mga Fariseo ay pagkukunwari (Lucas 12:1), hindi isinasagawa ang kanilang ipinapangaral o sinasabi, pagmamahal sa parangal at papuri ng tao, panlabas na pagiging matuwid, pagmamahal sa mga pinararangalan na posisyon, at iba pa.

(c) **Lebadura ng Kawalan ng Paniniwala:** Ang mga Saduseo ay hindi naniniwala sa muling pagkabuhay, mga anghel o espiritu (Gawa 23:8), at tinatanggap lamang nila ang limang aklat ni Moises bilang Batas. Maraming simbahan ngayon ang hindi naniniwala na perpektong iningatan ng Diyos ang Kaniyang Salita para sa Kaniyang mga anak. Marami ang hindi naniniwala sa premillennial na Kaharian ng kapayapaan sa mundo ni Cristo. Ang lebadura ng kawalan ng paniniwala ng iilan ay maaaring maging sanhi na marami ang magkaroon ng espiritu ng kawalan ng pananampalataya at pagpuna (Mga Bilang 14:34-37).

(d) **Lebadura ng Kompromiso at Pulitika:** Ang mga Herodiano, na itinuring na isang partidong pampulitika, ay kumampi sa mga Saduseo at nakipag-alyansa sa mga Fariseo upang magplano laban sa Panginoong Jesus (Marcos 3:6; 12:13). Layunin nila na magkamit ng kapangyarihan at impluwensya. Nakalulungkot, maraming pinuno ngayon ang naglalaro ng pulitika sa simbahan, sinusubukang makuha ang puso ng mga miyembro sa pamamagitan ng kanilang mga kompromiso at mga paraan na nakalulugod sa tao.

(e) **Lebadura ng Maling Pagtuturo:** Ang mga mananampalataya sa Galacia ay naapektuhan ng lebadura ng mga hindi makabibliyang aral (Galacia 1:6; 5:9). Gayundin ang maraming simbahan sa kasalukuyan!

PAG-IISIP: Mag-ingat at alisin ang lahat ng uri ng masamang lebadura.

PANALANGIN: Ama, panatilihin Mo akong walang lebadura upang makapanatili akong nagdiriwang ng kapistahan.

MAKABAHAGI KAYO SA KABANALANG MULA SA DIYOS

“Makabahagi kayo sa kabanalang mula sa Diyos.” Ang pangakong ito ay hindi nangangahulugang tayo ay magiging mga diyos, kundi tayo ay magkakaroon ng Kaniyang walang hanggang buhay at magiging katulad Niya sa kabanalan at katuwiran (1 Juan 2:25, Heb 12:10). Ang prosesong ito ay tinatawag na pagpapakabanal: lumalago sa kalikasan ng Diyos at unti-unting namamatay sa sarili, kasalanan, at mga pita ng mundo. Magpasalamat tayo sa Diyos sa pagbabahagi Niya sa atin ng Kaniyang banal na kalikasan, ang walang hanggang buhay na Kaniyang ipinamumuhay! Imposibleng pilitin ang isang unggoy na magbigkas ng Awit 23 nang may espiritu ng pagsamba, o isang isda na mabuhay sa tuyong lupa, o isang baboy na lumipad sa himpapawid sapagkat ang kanilang mga kalikasan ay magkaiba. Gayundin, imposible para sa mga makasalanang tao na mamuhay ng isang tunay na Kristiyanong buhay. Mas higit na alam ito ng Diyos kaysa sa atin, kaya’t ang pinakamahalagang kinakailangan para sa mga tao upang maging mga Kristiyano ay ang ipanganak na muli sa pamamagitan ng mapagpalang gawa ng Diyos lamang (Juan 1:12-13, 3:5).

Dahil ipinanganak na muli at naging kabahagi ng kalikasan ng Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya, dapat ay patuloy tayong lumago sa Kaniyang biyaya at kaalaman at kabanalan (2 Ped 3:18). Upang lumago kay Cristo, dapat nating ibigay ang buong sikap upang maidagdag sa ating pananampalataya ang mga birtud ni Cristo. Kung paano namuhay si Cristo sa mundong ito, ganoon din ang dapat nating gawin (1 Juan 2:6): taglay ang Kaniyang moral na pagkaperpekto, kabutihan, kahinahunan, kaamuan, kababaang loob, kabaitan, lakas ng loob, pagpapasakop, at pagsunod sa Kaniyang Ama hanggang kamatayan. Idagdag sa birtud ang kaalaman tungkol sa Diyos at Kaniyang Salita. Ito ay nangangailangan na hanapin natin Siya at ang Kaniyang Salita araw-araw. Pagkatapos ay idagdag sa kaalaman ang pagpipigil sa sarili, na bunga ng Banal na Espiritu (Gal 5:22-23). Pagkatapos ay idagdag sa pagpipigil sa sarili ang pagtitiyaga o pagtitiis nang may katatagan, na hindi isinusuko ang ating pananampalataya, tiwala, at pag-asa sa Panginoon. Pagkatapos idagdag sa pagtitiyaga ang kabanalan na may debosyon, katapatan, paggalang, at pagkamaka-Diyos. Pagkatapos idagdag sa kabanalan ang mabuting pakikitungo sa kapatid o pag-ibig sa kapwa.

PAG-IISIP: Napakagandang maging kabahagi ng kalikasan ng Diyos!

PANALANGIN: Ama, tulungan Mo akong lumago sa Iyong biyaya, kaalaman at kalikasan.

**SI JESUCRISTO AT ANG KANIYANG SALITA:
ANG PUNDASYON NG ATING KALIGTASAN AT PAGLILINGKOD**

Bago tayo magtayo ng isang bahay, dapat tiyakin natin na mayroon tayong matibay na pundasyon. Paano naman ang pundasyon ng ating kaligtasan at paglilingkod? Una, ito ay ang Panginoong Jesus mismo. At Siya ay hindi isang bagay, kundi isang buhay na Persona, at dapat mayroon tayong buhay na pakikipag-ugnayan sa Kaniya, tunay na umaasa sa Kaniya sa lahat ng ating ginagawa. Kung gayon, nasa atin ang Kaniyang buhay (1 Juan 5:11-12), at isang buhay at matibay na pundasyon. Ang ibig sabihin ng Jesus ay Tagapagligtas. Ang Kaniyang pagkakatawang-tao, Kaniyang kapanganakang birhen, Kaniyang kamatayan para sa ating mga kasalanan, at Kaniyang muling pagkabuhay para sa ating pagpapawalang-sala ang nagtitiyak sa ating kaligtasan magpakailanman. Ang ibig sabihin ng Cristo ay ang Pinahiran. Mayroong tatlong pinahiran na katungkulan: ang pagkasaserdote, ang pagiging hari, at ang pagiging propeta. Kapag sinasabi natin na si Jesucristo ang ating Pinahiran, dapat nating ipakahulugan na Siya ang ating Tagapagligtas bilang Dakilang Saserdote, Hari ng mga hari, at Banal na Propeta.

Tunay na si Jesus ang iyong Tagapagligtas at aking Tagapagligtas, ngunit paano naman si Cristo? Siya ba ang ating Dakilang Saserdote, ang ating tanging Kinatawan sa harap ng Diyos? Salamat sa Diyos na si Jesus ang ating Dakilang Saserdote, na may pakikiramay sa ating mga kahinaan at sa pamamagitan ng Kaniyang pagdalangin at Kaniyang dugo, maaari tayong magkaroon ng pakikipag-ugnayan sa Banal na Diyos. Ang Panginoong Jesus ba ang ating Hari, ang Hari ng ating mga puso, isipan, at buhay? Mayroon ba Siyang ganap na kapangyarihan at kontrol sa ating mga buhay? Kung patuloy pa rin nating sinasabi, pinakikinggan, binabasa, pinapanood, pinaniniwalaan, o ginagawa ang gusto natin o pumupunta kung saan natin gusto nang hindi isinasaalang-alang ang Kaniyang kalooban, Kaniyang Salita, at Kaniyang Pangalan, hindi Siya ang ating Hari. Sa wakas, si Jesus ba ang ating Banal na Propeta, ang Banal na Tagapagsalita mula sa Diyos? Kung oo, dapat tayong magpasakop nang lubusan sa kapangyarihan ng Kaniyang Salita.

PAG-IISIP: Tanging si Jesu-Cristo at ang Salita ng Diyos ang ating matatag na pundasyon.

PANALANGIN: Ama, tulungan Mo akong magtiwala at magpasakop sa Iyo at sa Iyong Salita palagi.

MAGING MAINGAT KUNG PAANO TAYO NAGTATAYO

“Nguni’t ingatan ng bawa’t tao kung paano ang pagtatayo niya sa ibabaw nito.” Ang salitang *“ingatan”* ay nangangahulugang *“bigyang pansin, maingat na pagmasdan, isaalang-alang nang mabuti upang maisagawa nang naaayon at maayos.”* Dapat tayong maging maingat kung paano tayo nagtatayo at kung anong mga materyales ang ating ginagamit. Dapat tayong maging maingat sapagkat balang araw, kapag bumalik ang Panginoong Jesus, tayo ay magbibigay-sulit sa ating mga nagawa. Ang mga materyales na binanggit dito ay ginto, pilak, mahahalagang bato, kahoy, dayami, at pinaggapasan. Wala sa atin ang nagnanais na magtayo gamit ang mga materyales na madaling masunog tulad ng kahoy, dayami, at pinaggapasan.

(a) **Gawin ang lahat ayon sa Kalooban ng Diyos:** *“At ang sanglibutan ay lumilipas, at ang masamang pita niyaon; datapuwa’t ang gumagawa ng kalooban ng Diyos ay nananahan magpakailan man.”* (1 Juan 2:17). Malalaman natin ang kalooban ng Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang Salita sa patnubay ng Banal na Espiritu. Dapat tayong humiling sa Panginoon na gabayan tayo ayon sa Kaniyang kalooban. Tandaan na ang paggawa ng kalooban ng Diyos ay tulad ng ginto, pilak, at mahahalagang bato, ngunit ang paggawa ng ating kalooban o kung ano ang ating gusto ay masusunog tulad ng kahoy, dayami, at pinaggapasan.

(b) **Gawin ang lahat para sa Panginoon at para sa Kaniyang Kaluwalhatian:** Kumusta naman ang mga layunin sa likod ng ating paglilingkod? Anuman ang ating ginagawa, *“gawin ninyo ang lahat sa ikaluluwalhati ng Diyos”* (1 Cor 10:31) at gawin ito *“ng buong puso, na gaya ng sa Panginoon, at hindi sa mga tao”* (Col 3:23).

(c) **Gawin ang lahat nang may pag-ibig para sa Diyos at sa kapwa:** Ang pag-ibig ay hindi nagkukulang (1 Cor 13:8). Ang lahat ng mga tanda ng kaloob tulad ng mga wika at mga propesiya ay huminto na, ngunit ang pag-ibig ay nananatili magpakailanman sapagkat ang Diyos ay pag-ibig at Siya ay nananatili magpakailanman. Ito ay maka-Diyos at banal na pag-ibig, hindi makataong pag-ibig, pag-ibig na hindi nagagalak sa kasamaan kundi nagagalak sa katotohanan (1 Cor 13:6).

PAG-IISIP: Mahalin ang Diyos at gawin ang Kaniyang kalooban, lahat para sa Kaniya at para sa Kaniyang kaluwalhatian.

PANALANGIN: Ama, tulungan mo akong maging maingat kung paano ko itinatayo ang aking espirituwal na buhay at ministeryo.

SABADO, AGOSTO 16
MGA TAGA-EFESO 5:1-20
MGA TAGA-EFESO 5:15

*“Mangagingat kung paano kayo lumalakad,
huwag gaya ng mga mangmang,
kundi gaya ng marurunong.”*

MAGSILAKAD NANG MAY PAG-IINGAT (I)

Ngayon, makikita natin ang pagbaba ng pamantayan ng personal na moralidad, sekswal na moralidad, panlipunan o pampublikong moralidad, at maging ang “Kristiyanong” moralidad. Ang ilang imoral na pag-uugali na itinuring na mabibigat na kasalanan limampung taon na ang nakalipas ay nagiging karaniwan na ngayon. Dati, mariing tutol ang mga tao sa homoseksuwalidad, ngunit ngayon ay may mga simbahan na nag-orden ng mga homoseksuwal na obispo o nagsasagawa ng kasalan sa pagitan ng parehong kasarian. Ang pagsasama nang hindi kasal ay karaniwan na para sa mga kabataan. Tumataas ang antas ng krimen, diborsyo, aborsyon, at imoralidad. Pumasok na rin ang makamundong pamumuhay sa simbahan. Ito ay isa lamang sa mga palatandaan ng mga huling araw (2 Tim 3:1-5).

Ang pagtangga sa Diyos at sa Kaniyang Salita ang pangunahing dahilan ng pagtaas ng imoralidad sa mundo at sa simbahan ngayon. Ang Diyos ay liwanag at banal at ang Kaniyang Salita ay liwanag at banal. Kapag tinatanggihan ng mga tao ang Diyos at ang Kaniyang Salita, pinipili nilang lumakad sa kadiliman. Nawa’y tulungan tayo ng Diyos na mamuhay ayon sa Kaniyang kalooban at Salita.

(a) **Magsilakad Nang May Pag-iingat Bilang Marurunong:** *“Mangagingat kung paano kayo lumalakad, huwag gaya ng mga mangmang, kundi gaya ng marurunong.”* Ang salitang “marurunong” dito ay tumutukoy sa kakayahang mailapat nang may kasanayan ang ating nalalaman. Hindi sapat na malaman kung ano ang tama o mabuti, kundi mahalaga rin kung paano ito maisasagawa nang wasto. Mahalaga ring kilalanin na kulang tayo sa karununganang ito. Kaya’t dapat nating hilingin sa Panginoon ito. *“Nguni’t kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Diyos, na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito’y ibibigay sa kaniya.”* at *“ang karunungan mula sa itaas ay una sa lahat dalisay, pagkatapos mapayapa, banayad, madaling pakiusapan, puno ng awa at mabubuting bunga, walang kinikilingan, at walang pagkukunwari. At ang bunga ng katuwiran ay natatanim sa kapayapaan sa mga nagsisigawa ng kapayapaan.”* (Santiago 1:5; 3:17-18). Dapat matalino nating isagawa ang ating pamumuhay ayon sa kalooban at Salita ng Diyos, sinasamantala ang panahon at pinangungunahan ng Banal na Espiritu.

PAG-IISIP: Ang pamumuhay ayon sa Salita ng Diyos ay matalino.

PANALANGIN: Ama, bigyan Mo ako ng Iyong karunungan upang magawa ang Iyong kalooban at Salita.

MAGSILAKAD NANG MAY PAG-IINGAT (II)

(b) **Sinasamantala ang Panahon:** *“Na inyong samantalain ang panahon, sapagka’t ang mga araw ay masasama.”* Ang ibig sabihin nito ay mahusay na paggamit ng oras. Kung nasayang natin nang walang kabuluhan ang ating oras noon, ngayon ay gamitin natin ito nang may kabuluhan at karunungan ayon sa kalooban ng Diyos. *“Ituro mo sa amin ang pagbilang ng aming mga kaarawan, upang kami ay mangagtamo sa amin ng pusong may karunungan.”* (Awit 90:12). Ang isang taong dumaranas ng nakamamatay na karamdaman ay bibilangin ang kanyang mga araw, maging ang kanyang mga oras at minuto. Dapat mayroon tayong ganitong saloobin sapagkat maaaring ang araw na ito ang huling araw ng ating buhay. Pahalagahan natin ang ating mga araw na mamuhay para sa Panginoon. Paglingkuran Siya upang kapag dumating Siya o kapag isinuko natin ang ating huling hininga, wala tayong pagsisisi! Maraming tao ang nagsasayang ng oras sa panonood ng TV at mga video, pakikinig sa makamundong musika, pag window shopping, pakikipagkuwentuhan sa mga kaibigan, pag-surf sa internet na walang pakay, at iba pa.

(c) **Nauunawaan ang Kalooban ng Diyos:** *“Kaya huwag kayong maging mga mangmang, kundi unawain ninyo kung ano ang kalooban ng Panginoon.”* Paano hindi maging mangmang? Sa pamamagitan ng pag-unawa sa kalooban ng Panginoon at pagsasagawa nito. Kung hindi natin nauunawaan o ginagawa ang kalooban ng Diyos, tayo ay mga hangal sa paningin ng Diyos. Ang Banal na Espiritu ang nagliliwanag sa ating mga puso at tumutulong sa atin na maunawaan ang kalooban ng Diyos sa pamamagitan ng nakasulat na Salita ng Diyos, sa pamamagitan ng buhay na Salita ng Diyos (ang Panginoong Jesucristo), at sa pamamagitan ng mga tapat, may sapat na gulang, at maka-Diyos na mga lingkod, at lahat ay nakabatay sa Salita ng Diyos lamang. Nais ng Diyos na mamuhay tayo ng banal at maka-Diyos na buhay sa pag-ibig, kapayapaan, pananampalataya, kabutihan, katuwiran, at katotohanan. Nais din ng Diyos na paglingkuran natin Siya, tularan Siya, at sundan Siya ayon sa ganap na halimbawa ng Panginoong Jesucristo. Bago tayo gumawa ng anuman, matalino na suriin natin kung ito ay ayon sa kalooban o Salita ng Diyos. Ang pagkabigong gawin ito ay pagiging hangal sa harap ng Diyos!

PAG-IISIP: Napakaikli lang ng ating buhay. Mamuhay nang matalino para sa Panginoon!

PANALANGIN: Ama, tulungan mo akong gamitin ang aking oras nang matalino upang mamuhay para sa Iyo.

MAGSILAKAD NANG MAY PAG-IINGAT (III)

(d) **Mapuspos ng Banal na Espiritu:** *“Mapuspos kayo ng Espiritu”* (talata 18), o literal na, “patuloy na magpailalim sa kontrol ng Banal na Espiritu” hindi lamang tuwing Linggo o sa oras ng debosyon, kundi palagi at tuloy-tuloy. Ang isang lasenggo ay kontrolado ng alak, at nawawala ang kanyang pagpipigil sa sarili, madaling mahulog sa tukso, at kumikilos nang walang pag-iisip. Kapag tayo ay kontrolado ng Banal na Espiritu, magbubunga Siya sa atin ng mabubuti at espirituwal na bunga tulad ng pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kahinahunan, kabutihan, pananampalataya, kaamuan, pagpipigil sa sarili, katuwiran, at katotohanan (Galacia 5:22-23; Efeso 5:9).

Dapat tayong magpasakop sa Banal na Espiritu at sa Kaniyang kalooban (1 Cor 12:11). Ang Banal na Espiritu ang May-akda ng Salita ng Diyos, kaya kung sinasabi nating tayo ay nagpapasakop sa Banal na Espiritu, dapat din tayong magpasakop sa Kaniyang Salita. Ang isang Kristiyanong kontrolado ng Espiritu ay *“walang anomang magagawang laban sa katotohanan, kundi ayon sa katotohanan”* (2 Cor 13:8), *“luluwalhatiin”* si Jesucristo lamang (Juan 16:14), at dadakilain ang Salita ng Diyos higit sa lahat (Awit 138:2). Tiyak na hindi niya kukuwestiyunin o pupunahin ang Salita ng Diyos. Isang kahangalan na mapailalim sa kontrol ng ating makasalanang kalikasan, ni Satanas, o ng anuman sa mundong ito.

(a) **Umawit ng Papuri sa Panginoon at Magpasalamat Palagi:** Sa ilalim ng kontrol ng Banal na Espiritu, hindi tayo magsasalita sa mga wika, kundi magsasalita tayo sa isa’t isa sa *“mga salmo at mga himno at mga awit na ukol sa espiritu, na nangagaawitan at nangagpupuri sa inyong mga puso sa Panginoon; Na kayo’y laging magpasalamat sa lahat ng mga bagay sa pangalan ng ating Panginoong Jesucristo sa Diyos na ating Ama”* (talata 19-20). Tunay nga, ito ay tila kaharian ng langit sa ating puso kapag ang ating puso ay nakaayon sa Panginoon sa pag-awit at pagpupuri sa Kaniya nang may pasasalamat saan man tayo naroroon at anuman ang ating ginagawa. At hindi tayo magrereklamo o magbubulong kapag may nangyaring hindi maganda sa atin o kapag may inaasahan tayong mangyari na hindi natuloy.

PAG-IISIP: Kahangalan na magpasailalim sa anumang bagay maliban sa Espiritu.

PANALANGIN: Ama, tulungan mo akong magpasakop sa kontrol ng Banal na Espiritu.

MAGING MAPAGPASALAMAT KAYO (I)

Itinuturo sa atin ng Panginoong Jesus na gawin ang lahat bilang ating tungkulin, at bilang mga walang-pakinabang na mga lingkod na hindi naghihintay ng pasasalamat sa mga natulungan natin (Lucas 17:9-10). Gayunpaman, dapat tayong maging mapagpasalamat sa Panginoon at sa mga tumulong sa atin. Ang pasasalamat sa Panginoon mula sa puso ay bunga ng isang Kristiyanong ipinanganak na muli (Heb 13:15).

Ang mga hindi mananampalataya ay hindi nagpapasalamat sa Diyos dahil iniisip nila na ang kanilang mga naabot ay bunga ng sarili nilang lakas, pagsisikap, kakayahan, o talino. Sinasabi sa Biblia na ang poot ng Diyos ay nahahayag mulasalangit laban sa lahat ng kasamaan at kawalang-katuwiran ng mga tao sapagkat hindi nila niluwalhati ang Diyos, *“ni nagpasalamat”* sa Kaniya, ni sumamba sa Kaniya na Manlilikha (Roma 1:18-21, 25) bagama’t Siya ay mabait sa kanila (Mateo 5:45; Lucas 6:35).

Iniuutos ng Diyos sa Atin na Maging Mapagpasalamat: Tiyak na ang pagbibigay ng pasasalamat sa Panginoon ay utos at kalooban ng Diyos, *“Kayo’y maging mapagpasalamat”* (Col 3:15), at *“Ihandog mo sa Diyos ang haing pasasalamat: at tuparin mo ang iyong mga panata sa Kataastaasan”* (Awit 50:14), at *“Sa lahat ng mga bagay ay magpasalamat kayo; sapagka’t ito ang kalooban ng Diyos kay Cristo tungkol sa inyo.”* (1 Tesa 5:18).

Pinagaling ng ating Panginoong Jesus ang sampung ketongin sa pamamagitan lamang ng salita mula sa Kaniyang bibig nang sila ay sumigaw sa Kaniya, *“Jesus, Guro, maawa ka sa amin”* (Lucas 17:12-19), at namangha ang ating Panginoon nang isa lamang sa kanila, isang Samaritano, ang bumalik upang magpasalamat sa Kaniya. Nagtanong si Jesus, *“Hindi ba’t sampu ang nalinis? ngunit nasaan ang siyam? Walang nasumpungang nagbalik upang magbigay ng kaluwalhatian sa Diyos, maliban sa dayuhang ito.”*

Kalooban at utos ng Diyos na magpasalamat tayo sa Kaniya *“para sa lahat ng bagay sa pangalan ng ating Panginoong Jesucristo”* (Efe 5:20), *“walang patid”* (1 Tesa 2:13), at *“magpakailan man”* (Awit 30:12). Mabuting bagay na magpasalamat sa Panginoon (Awit 92:1) sapagkat sa paggawa nito ay ating *“dinadakila Siya”* (Awit 69:30) at *“niluwalhati ang Diyos”* (Lucas 17:16, 18).

PAG-IISIP: Iniligtas ako ng Panginoon mula sa kasalanan at walang hanggang Impiyerno!

PANALANGIN: Ama, salamat sa Iyong biyaya, awa at kaligtasan.

MAGING MAPAGPASALAMAT KAYO (II)

Paano tayo magiging mapagpasalamat sa Diyos?

(a) **Hayaang maghari ang Kapayapaan ng Diyos sa inyong mga puso** (tal. 15). Hindi natin maaaring paghiwalayin ang kapayapaan ng Diyos sa Diyos ng kapayapaan (2 Tesalonica 3:16). Kaya’t ang pagpapahintulot na maghari ang kapayapaan ng Diyos sa ating mga puso ay nangangahulugang hayaan nating maghari ang Diyos ng kapayapaan sa ating mga puso. Kung ang bawat anak ng Diyos ay nagpapasakop sa Diyos ng kapayapaan, ang simbahan ay magkakaroon ng kapayapaan at magiging isang katawan sa pagkakaisa (tal. 15). Ang susunod na utos ay *“Maging mapagpasalamat kayo,”* o *“Patuloy na maging mapagpasalamat”* sa lahat ng oras. Nagpapasalamat tayo sa Panginoon para sa lahat ng bagay: sa Kaniyang biyaya, awa, kaligtasan, proteksyon, probisyon, patnubay, Kaniyang kapayapaan, kagalakan, maging sa Kaniyang soberanya. Kaya Niya na ang lahat ng mga bagay ay nagkakalakip na gumagawa para sa ikabubuti natin (Roma 8:28).

(b) **Hayaan ang Salita ni Cristo na manahanan sa inyo nang sagana (masagana) sa lahat ng karunungan** (tal. 16). Ang Salita ni Cristo ay ang mismong Salita ng Diyos, ang Kaniyang Ama (Juan 17:8;14). Ano ang ibig sabihin ng manahanan ang Salita ng Diyos sa atin? Ang ibig sabihin nito ay patuloy nating hayaan na ang Salita ng Diyos ang magkontrol at magdirekta sa ating buong pagkatao. Dapat tayong mamuhay ayon sa Salita ng Diyos, basahin at bulay-bulayin ito araw-araw, unawain ito at panatilihin ito, sundin ito, isabuhay ito at isakop ang ating sarili sa Salita ng Diyos. Paano manahanan ang Salita ng Diyos sa atin kung pinagdududahan, kinukwestiyon o binabatikos natin ito?

Nakalulungkot, maraming “mga lider na Kristiyano o iskolar” ang gumagawa nito at nililigaw at nililito ang maraming kabataang mananampalataya! Ngunit ang Salita ng Diyos ay nagbabago ng ating mga buhay at nagpapabanal sa atin (Awit 19:7; Juan 17:17; 1 Pedro 1:23) at nagbibigay sa atin ng tunay na karunungan (Awit 19:7; Awit 119:98).

PAG-IISIP: Hayaang ang Diyos ng kapayapaan at ang Kaniyang Salita ang maghari sa aking puso.

PANALANGIN: Ama, nagpapasalamat ako sa Iyong kapayapaan at sa Iyong Salita.

MAGING MAPAGPASALAMAT KAYO (III)

Napakahalaga na magbigay ng pasasalamat sa Panginoon kaya ang bawat talata ay nagpapaalala sa atin ng obligasyong ito. Maaari nating ipahayag ang ating pasasalamat sa Panginoon sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa Kaniya at sa Kaniyang Salita na maghari at mabuhay sa ating mga puso, at gayundin sa pamamagitan ng paggalang sa Pangalan ng ating Panginoong Jesus at paggawa ng lahat sa Kaniyang Pangalan.

Gawin ang lahat sa pangalan ng Panginoong Jesus na may pasasalamat. Ito ay nangangailangan na maging maingat tayo sa ating sinasabi at ginagawa. *“Sasabihin o gagawin ba ito ni Jesus kung Siya ay narito sa ating sitwasyon?”* Kapag tinutukso tayo ni Satanas, matalino para sa atin na umasa sa ating Panginoong Jesus, na kailanman ay hindi nagreklamo kundi nagtiwala sa kalooban at tamang oras ng Kaniyang Ama nang may mapagpakumbabang pagpapasakop, at pagkatapos ay napagtagumpayan si Satanas sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, at sumunod sa Kaniyang Ama hanggang sa kamatayan (Mateo 4:4-11; Fil 2:8).

May ilang kapatid na hindi pa rin iniwan ang masasamang gawi tulad ng paninigarilyo sa pamamagitan ng pagdadahilan, “Hindi kasalanan ang paninigarilyo, at hindi ipinagbabawal ng Bibliya ang paninigarilyo.” Matutulungan tayo ng Banal na Espiritu na maunawaan ang kalooban ng Diyos sa pamamagitan ng ibang mga talata at sa pamamagitan ng halimbawa ni Jesus. Una, hindi natin magagawa ang manigarilyo sa pangalan ni Jesus, sapagkat hinding hindi Niya ito gagawin. Tungkulin nating patunayan, subukan, o alamin *“kung ano ang katanggap-tanggap sa Panginoon”* at mauunawaan natin na hindi sinasang-ayunan ng Diyos ang paninigarilyo dahil inaalipin tayo nito at nakasasama ito sa ating katawan, na templo ng Banal na Espiritu; dahil dito, nilalabag natin ang ikaanim na utos, *“Huwag kang papatay”* (Exodo 20:13).

Walang sinuman ang makapamumuhay tulad ng ginawa ni Jesus kung wala ang Kaniyang tulong gaya ng Kaniyang kinumpirma, *“sapagkat kung kayo’y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa.”* Kaya’t dapat tayong “magpasalamat” sa Panginoon sa pagtulong Niya sa atin, lahat ng kaluwalhatian ay sa Kaniya.

PAG-IISIP: Isang malaking pribilehiyo at responsibilidad na gawin ang lahat sa Pangalan ni Jesus.

PANALANGIN: Ama, tulungan Mo akong gawin ang lahat sa salita o gawa sa Iyong pangalan.

MAG-INGAT KAYO SA MGA DIYUS-DIYOSAN (I)

“Sapagkat lahat ng diyos ng mga bayan ay mga diyus-diyosan: ngunit nilikha ng Panginoon ang mga langit” (1 Cronica 16:26; Awit 96:5). Ang Diyos ng Biblia ay ang buhay at tunay na Diyos, at kinapopootan Niya ang pagsamba sa diyus-diyosan sapagkat ito’y kasuklam-suklam sa Kaniya (Deut 7:25; 16:22; 1 Tes 1:9). Noong si Pablo ay nasa Atenas, *“ay namuhi ang kanyang espiritu (nagalit) sa loob niya sa pagkamasid niya sa bayan na puno ng diyus-diyosan”* (Gawa 17:16). Makikita natin na ang mundo ay puno ng pagsamba sa diyus-diyosan, hindi lamang sa mga relihiyong gawa ng tao na may mga rebulto, imahen, at larawan, kundi pati na rin sa mga puso ng tao na may iba’t ibang “diys-diyosan” tulad ng kanilang mga mahal sa buhay, sariling imahe, pangalan, katanyagan, titulo, kasikatan, matataas na posisyon, kayamanan, makamundong aliwan o kasiyahan, mga artista sa pelikula, mga sikat na mang-aawit, o mga tanyag na atleta, at iba pa.

Ang Diyos ay labis na nagagalit sa pagsamba sa diyus-diyosan, gayundin ang Kaniyang lingkod na si Pablo. Paano naman tayo? Taglay ba natin ang parehong espiritu? Sa Araw ng Paghuhukom, ang mga sumasamba sa diyus-diyosan ay parurusahan sa Impiyerno (Pahayag 21:8). Inuutusan tayo ng Diyos na *“magsitakas sa pagsamba sa diyos-diyosan”* (1 Cor 10:14) at *“mangagingat kayo sa mga Diyos-diyosan”* (1 Juan 5:21).

Ang una at ikalawang utos ng Diyos ay nagsasabi, *“Huwag kang magkakaroon ng ibang Diyos sa harap ko”* at *“Huwag kang gagawa para sa iyo ng larawang inanyuan... Huwag mong yuyukuran sila, o paglingkuran man sila: sapagkat akong Panginoon mong Diyos ay mapanibughuin”* (Exodo 20:3-5). At inilahad ng ating Panginoong Jesus ang buod ng una at dakilang utos, *“At iibigin mo ang Panginoon mong Diyos ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo, at ng buong lakas mo”* (Marcos 12:30). Tunay nga, kung iniibig natin ang Diyos nang higit sa lahat, Siya lamang ang sasambahin natin, nang walang anumang imahe o diyus-diyosan, pararangalan at itataas ang Kaniyang Pangalan lamang, pananatiliing banal ang Kaniyang Araw, at susundin ang Kaniyang Salita (Juan 14:21, 23).

PAG-IISIP: Kinapopootan ng Diyos ang pagsamba sa diyus-diyosan. Lahat ng sumasamba sa diyus-diyosan ay parurusahan sa Impiyerno.

PANALANGIN: Ama, ilayoMo ako sa lahat ng diyus-diyosan.

MAG-INGAT KAYO SA MGA DIYUS-DIYOSAN (II)

Ang pagsamba sa diyus-diyosan ay ang ating pagkabigo na mahalin ang Diyos at sundin ang Kaniyang Salita, dakilain ang pangalan ng Diyos lamang, at matutong makuntento sa Kaniya.

(a) **Pagkabigo na Mahalin ang Diyos at Sundin ang Kaniyang Salita:** Isang pagsamba sa diyus-diyosan kapag minamahal natin ang ating sariling kalooban higit sa Salita ng Diyos. Inakala ni Haring Saul na ayos lamang ang bahagyang pagsunod sa Diyos, ngunit sinabi ng Diyos sa kanya sa pamamagitan ni Samuel, *“Narito, ang pagsunod ay maigi kay sa hain, ...Sapagkat ang paghihimagsik ay gaya ng kasalanan ng panghuhula, at ang katigasan ng ulo ay gaya ng kasamaan at pagsamba sa diyus-diyosan”* (1 Sam 15:22-23). Pinadakila ng Diyos ang Kaniyang Salita nang higit sa lahat ng Kaniyang Pangalan (Awit 138:2), kaya’t kung hindi natin sinusunod ang Kaniyang Salita, sinusuway natin Siya.

(b) **Pagkabigo na Itaas ang Pangalan ng Diyos Lamang:** Hindi nalulugod ang Diyos kapag niluluwalhati natin ang Kaniyang Pangalan habang nagtataglay ng lihim na layunin na purihin ng tao ang ating sariling pangalan (Mateo 23). Ang tamang saloobin ay, *“Siya’y kinakailangang dumakila, nguni’t ako’y kinakailangang bumaba”* (Juan 3:30). Kung tayo ay kontrolado ng Banal na Espiritu, si Jesus lamang ang ating luluwalhatiin (Juan 16:14). Hindi na kailangang banggitin ni Apostol Juan ang kanyang sariling pangalan sa Ebanghelyo at sa kanyang tatlong sulat kung saan kilala na siya ng unang Iglesia.

(c) **Pagkabigo na Matutong Maging Kuntento sa Panginoon:** Ang Biblia ay nagsasabi tungkol sa *“kasakiman, na iya’y pagsamba sa diyus-diyosan”* (Col 3:5) at ang *“masakim, na isang mapagsamba sa mga diyus-diyosan”* (Efe 5:5). Ang sumasamba sa diyus-diyosan ay laging naghahangad ng higit pa, ninanais niya ang taglay ng iba, at siya ay sakim para sa di-makatarungang pakinabang. Kapag ang tao ay labis na sakim sa katanyagan, kapangyarihan, posisyon, pera, o anumang mahalagang bagay sa mundong ito, ang kanyang puso at isipan ay abala sa mga bagay na ito at wala nang puwang para sa Panginoon o sa Kaniyang Salita! Natututo ba tayong masiyahan sa Panginoon, ang ating Lahat sa Lahat? (Fil 4:11; 1 Tim 6:6).

PAG-IISIP: Ako ba ay nagkasala ng pagsamba sa diyus-diyosan?

PANALANGIN: Ama, patawarin Mo ako sa aking pagsamba sa diyus-diyosan.

MAG-INGAT KAYO SA MGA DIYUS-DIYOSAN (III)

Ang 1 Juan 5:18-21 ay nagbibigay sa atin ng mahahalagang tagubilin kung paano lumayo sa diyus-diyosan.

(a) **Maging Isinilang na Muli:** Ang isang isinilang na muli (talata 18) ay hindi namumuhay sa kasalanan (1 Tesa 1:9). Kapag siya’y nabigo sa paggawa ng kalooban ng Diyos, nagsisisi siya kaagad.

(b) **Ingatan ang Sarili:** *“Ang ipinanganak ng Diyos ay nag-iingat sa kanyang sarili, at hindi siya ginagalaw ng masama”* (talata 18). Ang salin ng Griyegong Teksto sa KJV ay tama gamit ang panghalip na pang-uri na *“heauton”* (*“kanyang sarili”*) sa halip na ang masamang salin na *“auton”* (*“siya”*). Tiyak na iingatan ng Panginoon ang Kaniyang mga anak mula kay Satanas (Juan 10:28-29), ngunit ang tunay na muling isinilang na mananampalataya ay kailangang ingatan din ang kanyang sarili mula kay Satanas at labanan siya (Santiago 4:7; 1 Pedro 5:8-9). Nabigo sina Eva at Adan na labanan si Satanas kaya sila nahulog sa kasalanan. Ang ating Panginoong Jesus ay nilabanan si Satanas sa pamamagitan ng Salita ng Diyos hanggang siya’y lumayo. Hindi tayo dapat pumunta sa mga lugar na puno ng tukso o magbasa ng aklat o manood ng programa na puno ng tukso at pagkatapos ay umasa na pananatilihin tayong malinis ng Diyos! *“Mangag-ingat kayo sa mga diyus-diyosan!”*

(c) **Maging sa Panginoon:** Tayo ay pag-aari ng Diyos (talata 19) at ang ating katawan ay templo ng Banal na Espiritu. Dapat nating luwalhatiin ang Diyos sa ating katawan at espiritu (1 Cor 6:19-20).

(d) **Lumago sa Kaalaman Tungkol sa Diyos:** Salamat sa Diyos na binibigyan tayo ng Panginoong Jesus ng pagkaunawa (talata 20) upang lubos nating makilala sa pamamagitan ng karanasan ang buhay at tunay na Diyos. Habang mas nakikilala natin ang Diyos, mas lalo natin Siyang mamahalin, pagtitiwalaan, katatakutan, susundin, at luluwalhatiin.

(e) **Maging sa Diyos at sa Kaniyang Anak na si Jesu-Cristo:** *“At tayo’y nasa kanya na totoo, maging sa kaniyang Anak na si Jesu-Cristo. Ito ang tunay na Diyos, at ang buhay na walang hanggan”* (talata 20). Sa labas ni Cristo, wala tayong taglay na anuman!

PAG-IISIP: Pinakaligtas na ikubli ang ating sarili kay Cristo.

PANALANGIN: Ama, nagpapasalamat ako sa Iyo na ako ay sa Iyo at ako ay nasa Iyo.

HUWAG PUMASOK SA TUKSO

Ang mundong ito ay puno ng tukso, at bawat isa sa atin ay maraming beses nang natukso. Nabasa, narinig, o nasaksihan natin ang maraming tao—bata o matanda, lalaki o babae - na nahulog sa tukso. Maraming mataas na opisyal ang nawalan ng dangal dahil sa panunuhol, korupsiyon, o iskandalo sa seks. Maraming kabataang babae at lalaki ang naakit sa seksuwal na imoralidad. Ang iba ay natukso na gumawa ng mga kasalanan tulad ng pagnanakaw, pagpatay, pagtutulak ng droga, pakikiapid, pangangalunya, pagpapakamatay, at iba pa. Kahit sa mga simbahan, maraming lider ang natutuksong ikompromiso ang katotohanan ng Diyos, ang Kaniyang Salita, at mga prinsipyo ng Bibliya para lamang matanggap, makilala, mabigyan ng kredito, sumikat, o para sa pansariling pakinabang at makasariling ambisyon.

Ang salitang “*tukso*” sa Santiago 1 ay hindi lamang tumutukoy sa tukso sa kasalanan (talata 13) kundi pati na rin sa pagsubok, paghihirap, pag-uusig, at iba pa (talata 2, 12). Pinahihintulutan ng Diyos si Satanas na tuksuhin tayo, tulad ng ginawa niya kina Adan at Eva (Genesis 3). Maging ang ating Panginoong Jesus ay tinukso (Mateo 4). Nais ng Panginoon na subukin tayo upang makita kung tayo ay may takot, pagmamahal, at pagsunod sa Kaniya (talata 12). Ang tukso at pagsubok ay mga pagkakataon upang patunayan ang ating pagmamahal, pagsunod, at katapatan sa Panginoon. Kaya, tinuturuan tayo na tiisin ang pagsubok nang may pagtitiyaga (talata 12) at labanan at pagtagumpayan si Satanas na tagatukso sa pamamagitan ng ating pananampalataya kay Cristo at ng Salita ng Diyos (Santiago 4:7; 1 Pedro 5:9; 1 Juan 2:14; 5:5).

Ang kasalanan ay totoo, si Satanas ay totoo, at ang tukso ay totoo, at yaong talagang nagnanais na mamuhay ng banal ayon sa Salita ng Diyos ay makikita kung gaano katindi ang labanan! Patuloy na binabalaan tayo ng ating Panginoong Jesus, “*Kayo’y mangagpuyat at magsipanalangin, upang huwag kayong magsipasok sa tukso: ang espiritu sa katotohanan ay may ibig, datapuwa’t mahina ang laman*” (Mateo 26:41). Nawa’y tulungan tayo ng Panginoon na pagtagumpayan ang mga tukso upang tayo’y pagpalain (talata 12).

PAG-IISIP: Ang matukso ay hindi kasalanan, ngunit ang bumigay sa tukso ay kasalanan.

PANALANGIN: Ama, tulungan Mo po akong mapagtagumpayan ang mga tukso upang Ikaw ay maluwalhati.

SI SATANAS ANG TAGATUKSO AT ANG KANIYANG PARAAN (I)

Si Satanas ay ang malaking dragon, ang matandang ahas, ang Diyablo, ang tagapag-sumbong ng ating mga kapatid (Pahayag 12:9-10), isang sinungaling at ama ng kasinungalingan (Juan 8:44), ang kalaban ng mga mananampalataya (1 Pedro 5:8), ang manunukso (Mat 4:3; 1 Tesalonica 3:5), at iba pa. Siya ay napakatuso at mapanlinlang (Gen 3:1; 2 Cor 11:3), at *“nilililang niya ang buong mundo”* (Pahayag 12:9). Layunin ni Satanas na ilayo tayo sa Panginoon, sa Kaniyang Salita, katotohanan, at kaligtasan (Lucas 8:12; 2 Cor 4:4; 2 Tesalonica 2:8-10) at tuksuhin tayo na maging independyente mula sa Diyos sa pamamagitan ng paggawa ng ating kagustuhan ayon sa ating pita, na *“parang diyos”* (Genesis 3:5).

Ang Salita ng Diyos ay katotohanan (Juan 17:17), samantalang si Satanas ay isang sinungaling. Kaya’t sa simula pa, inaatake na niya ang Salita ng Diyos.

(a) **Inilagay ni Satanas ang pagdududa sa Salita ng Diyos sa pamamagitan ng tanong,** *“Tunay bang sinabi ng Diyos, ‘Huwag kayong kakain sa alin mang punong kahoy sa halamanan?’”* (Gen 3:1). Sinabi ng Diyos, *“Datapuwa’t sa kahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama ay huwag kang kakain; sapagka’t sa araw na ikaw ay kumain niyaon ay walang pagsalang mamamatay ka”* (Gen 2:17).

Isinasantabi ng maraming ateista ang Diyos na kanilang Tagapaglikha at ang Kaniyang Salita mula sa kanilang isipan at buhay at tinatanggap ang teorya ng ebolusyon. Gayunpaman, sinasabi ng Awit 14:1, *“Ang mangmang ay nagsabi sa kaniyang puso, walang Diyos: sila’y nangapapahamak, sila’y nagsigawa ng kasuklamsuklam na mga gawa; walang gumagawa ng mabuti.”* Kung titingnan ang nilikha ng Diyos, sa pamamagitan ng Kaniyang Salita, at sa pagliliwanag ng Banal na Espiritu, natitiyak natin na ang Diyos ang ating Tagapaglikha at Maylalang (Awit 139:14).

Tunay nga, tayo ay nilikhang kahanga-hanga at kamangha-mangha. Kapag tinitingnan natin ang anumang bahagi ng ating katawan, mamamangha tayo sa karunungan at kapangyarihan ng Diyos, ang ating Tagapaglikha.

Ginamit ni Pablo ang katawan ng tao upang ipakita ang buhay at mahigpit na ugnayan, koneksyon, at pagkakaisa ng mga miyembro ng simbahan sa isa’t isa at maging sa Ulo, ang Panginoong Jesu-Cristo. Kung gayon ano ang kahulugan ng sinasabi ng Bibliya na, *“Kayo ang katawan ni Cristo”*?

Mula sa Salita ng Diyos, nalalaman natin na si Jesus ay 100% Diyos at 100% Tao (1 Tim 2:5, 3:16; Heb 1:8, 10:12). Sa katawang-tao, nakaramdam din Siya ng pagod, gutom, at uhaw. Naramdaman Niya ang sakit nang Siya’y ipinako sa krus. Namatay Siya at inilibing. Siya’y muling nabuhay na may maluwalhating katawan na magkakaroon din tayo sa Kaniyang muling pagbabalik.

Gayunpaman, kapag sinasabi ng Bibliya na, *“kayo ang katawan ni Cristo,”* ang katawan dito ay tumutukoy sa Iglesiya habang si Cristo ang Ulo (Efe 5:23; cf. Colosas 1:24). Ang buhay at mahalagang koneksyon sa pagitan ng Simbahan at ng Panginoong Jesus ay isang *“dakilang misteryo”* (Efe 5:32). Ang *“Iglesiya”* dito ay binubuo ng mga tunay na muling ipinanganak na Kristiyano, na tinubos ng dugo ng Panginoong Jesus, *“mula sa bawat angkan, at wika, at bayan, at bansa”* (Pahayag 5:9). Mayroon ba tayong buhay at malapit na ugnayan at koneksyon sa Panginoong Jesus, ang ating Ulo, at sa isa’t isa bilang mga miyembro ng Kaniyang katawan?

PAG-IISIP: Ang katawan ay konektado at nasa ilalim ng kontrol ng ulo.

PANALANGIN: Ama, nagpapasalamat ako na ako’y bahagi Mo at ng Iyong Simbahan.

KAYO ANG KATAWAN NI CRISTO (II)

Mayroong mga dakilang pagpapala sa pagiging mga miyembro ng katawan ni Cristo. Tinatanggap natin ang Kaniyang paggabay, pagtutustos, at proteksyon.

(a) **Paggabay ni Cristo:** Ang Ulo ang kumokontrol at nagdidirekta sa katawan ayon sa Kaniyang isipan at kalooban. Isang dakilang pagpapala ang matamasa ang paggabay at direksyon mula sa ating Banal na Ulo, ang ating Panginoon at Mabuting Pastol (Juan 10:3-4). Patuloy tayong ginagabayan ng ating Panginoon ngayon sa pamamagitan ng Banal na Espiritu at ng Kaniyang Salita, ang Bibliya (Roma 8:14, Awit 119:105). Maraming nagpapakilalang Kristiyano ang hindi nananatiling matatag sa Ulo (Colosas 2:19) kundi ginagawa lamang ang ayon sa kanilang nais. Tiyak na nawawala sa kanila ang pinagpalang paggabay ng Ulo. Kapag naririnig natin ang tinig ng ating Pastol (Salita ng Diyos) at sumusunod tayo sa Kaniya sa bawat hakbang, hinding-hindi tayo maliligaw, sapagkat Siya'y laging nauuna sa atin at ang Kaniyang daan ay laging mabuti at perpekto. Sumunod tayo sa Kaniya lamang.

(b) **Pagtutustos at Mapagmahal na Pag-aaruga ni Cristo:** Isang dakilang pagpapala ang pagiging minamahal, inaalagaan, at pinapahalagahan ng ating Panginoon. Tunay na Siya'y pumarito upang tayo'y magkaroon ng buhay at magkaroon nito nang mas sagana (Juan 10:10). Bilang mga miyembro ng katawan ni Cristo at Kaniyang mga tupa, maaari nating awitin ang Awit 23. Hindi ba tayo dapat na higit pang magtiwala sa ating Panginoon at sa Kaniyang mapagmahal na pag-aaruga?

(c) **Proteksyon ni Cristo:** Isang malaking kaaliwan ang malaman na kapag tayo ay naligtas at naipanganak na muli, hindi na tayo kailanman mapapahamak, ngunit pinananatiling ligtas sa makapangyarihang kamay ng ating Panginoon (Juan 10:28-29). Tunay, bilang mga miyembro ng katawan ni Cristo, lahat ng nangyayari sa atin ay nakakaapekto sa ating Panginoon Mismo. Manalig tayo sa ating Panginoon at sa Kaniyang proteksyon.

PAG-IISIP: Ang Simbahan ay nagtatamasa ng paggabay, mapagmahal na pag-aaruga, at proteksyon ni Cristo.

PANALANGIN: Ama, nagpapasalamat ako sa Iyong paggabay, mapagmahal na pag-aaruga, at proteksyon.

KAYO ANG KATAWAN NI CRISTO (III)

May iisang Diyos at Ama ng lahat, iisang Panginoon, iisang Banal na Espiritu, iisang Pananampalataya, iisang Bautismo, iisang Pag-asa, at iisang Katawan (Efe 4:4-6). Mayroon lamang iisang Katawan, isang dinakikitang unibersal na Iglesiya na binubuo ng mga tunay na muling isinilang na Kristiyano (1 Cor 12:13; Gal 3:28). Gayunpaman, maraming mga miyembro nito ang may iba’t ibang mga kaloob at tungkulin upang maglingkod sa Panginoon at magpatibay sa isa’t isa (Efe 4:12-15). Bukod dito, *“Inilagay ng Diyos ang bawat isa sa mga sangkap ng katawan, ayon sa kaniyang minagaling.”* (v. 18). *“Hinusay ng Diyos ang katawan... upang huwag magkaroon ng pagkakabahabahagi sa katawan”* (vv. 24-25).

(a) **Nagpapasakop sa Ulo:** Ang katawan ay may iisang Ulo lamang. Si Cristo ang Ulo ng Simbahan (Efe 5:23-24). Nakalulungkot na may pagkakabahagi sa mga simbahan ngayon na dulot ng mga lider at miyembro ng simbahan na hindi lubos na nagpapasakop sa Ulo, ang Panginoong Jesu-Cristo, at sa Salita ng Diyos.

(b) **Tapat na Gampanan ang Bahagi ng Bawat Isa:** Hindi binibilang ng Diyos kung gaano karami ang nagawa natin para sa Kaniya, kundi kung gaano tayo katapat sa pagtupad ng ating bahagi ayon sa Kaniyang kalooban (Mat 25:21, 23).

(c) **Nabibilang sa Isa’t Isa at Nangangailangan sa Isa’t Isa:** Ang katawan ay hindi maaaring buuin ng iisang miyembro lamang, at ang isang miyembro ay hindi maaaring magtatag ng simbahan, kundi dapat may dalawa o tatlo na nagtitipon sa Pangalan ni Jesus (Mat 18:20). Sa ilang pagkakataon, kailangang lumakad tayo nang mag-isa kasama ang Diyos upang tuparin ang Kaniyang kalooban laban sa nakararami, ngunit kailangan pa rin natin ang tapat na mga kapatid upang maganap ang layunin ng Diyos (vv. 15, 21). Kailangan natin si Cristo na ating Ulo at ang isa’t isa.

(d) **Pagmalasakit sa Isa’t Isa:** Ang lahat ng bahagi ng ating katawan ay magkaugnay at nakakaapekto sa isa’t isa, kaya *“ang mga sangkap ay mangagkaroon ng magkasing-isang pagiingat sa isa’t isa”* (v.25). Dapat nating ipagdasal ang isa’t isa at alagaan ang isa’t isa.

PAG-IISIP: Kailangan natin ang Panginoon na ating Ulo at kailangan natin ang isa’t isa.

PANALANGIN: Ama, tulungan Mo akong magpasakop sa Iyo at gawin ang aking bahagi nang tapat.

KAYONG LAHAT AY MAGKAKAPATID

Ang ilan sa atin ay maaaring may mga kapatid, at ang ilan naman ay wala. Ipinagmamalaki natin ang isang matagumpay na kapatid na may mataas na posisyon sa lipunan. Kung gayon ay tiyak na nais nating maging kapatid ng Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon. Ngayon, bigyang-pansin natin ang kahulugan ng pagiging magkakapatid kay Cristo o sa pamilya ng Diyos (Fil 1:14; Col 1:2). Pinahahalagahan ba natin ang mahalaga at pinagpalang pagkakapatiran na ito?

Sa Mateo 23, sinaway ng ating Panginoon ang pagpapaimbabaw ng mga eskriba at Pariseo. Inaangkin nilang may awtoridad silang magpaliwanag at magturo ng Salita ng Diyos, ngunit hindi nila isinasagawa ang kanilang itinuturo. Gusto nilang ipakita ang kanilang mga gawaing panrelihiyon sa harap ng mga tao upang makakuha ng paggalang. Mukha silang malinis, mabuti, at matuwid sa panlabas, ngunit sa loob ay puno ng pagkukunwari at kasamaan. Gustung-gusto nila ang mga pinarangalang posisyon sa sinagoga, iglesia, at mga piging, at gusto nilang tawagin at batiin sa mga titulo ng mataas na paggalang tulad ng Rabbi (aking guro).

Iniutos ng ating Panginoong Jesus sa Kaniyang mga alagad na huwag magpatawag ng "Rabbi" ni "mga guro." Ang salitang "*Guro*" na ginamit dito ng ating Panginoon ay tatlong beses lamang binanggit sa Mateo 23:8, 10. Ang ibig sabihin nito ay gabay, guro, pinuno, na katumbas ng rabbi, isang titulo ng paggalang sa mga guro ng Judio (ayon kay Spiros Zodhiates). Tanging ang ating Panginoon ang karapat-dapat na maging ating dakilang Banal na Guro, dakilang Banal na Panginoon, at dakilang Banal na Pinuno.

Iniutos din ng ating Panginoon sa Kaniyang mga alagad na huwag tawagin ang sinuman sa lupa na "ama" (patungkol sa kanilang espiritu o kaluluwa). Mayroon tayong mga ama sa ating laman na tinatawag nating "Tatay" o "Papa," at mayroon din tayong Ama ng ating espiritu (Heb 12:9) na tinatawag nating "Abba," "Ama." Mayroon lamang tayong iisang espirituwal na Ama sa langit, iisang espirituwal na Guro at Pinuno, ang ating Panginoong Jesu-Cristo, at tayong lahat ay magkakapatid.

PAG-IISIP: Iisang Ama lamang at iisang Guro, at lahat ay magkakapatid.

PANALANGIN: Ama, tulungan Mo ako na mapagpakumbabang maglingkod at hindi paglingkuran.

MGA KAPATID NI JESUCRISTO

Upang maging mga kapatid ni Jesus, kailangan tayong ipanganak na muli upang maging mga anak sa pamilya ng Diyos. Gusto mo bang maging kapatid ng Panginoong Jesus?

(a) **Maging Masunurin:** Ang pagsunod sa kalooban at Salita ng Diyos ay bunga ng isang tunay na ipinanganak na muli at masunuring Kristiyano (Mateo 12:50, Lucas 8:21). Ang ating makataong kalikasan ay makasalanang, tiwali, at *“pakikipagalit laban sa Diyos; sapagka’t hindi napasasaklaw sa kautusan ng Diyos, ni hindi nga maaari”* (Roma 8:7). Gayunpaman, sa pamamagitan ng ating Panginoon, kaya nating mapagtagumpayan ang makasalanang kalikasang ito upang gawin ang kalooban ng Diyos. Mas pipiliin mo bang sundin ang Diyos at ang Kaniyang Salita kaysa ang tao at ang kanilang mga ideya?

(b) **Maging Banal at Hiwalay:** Ang pagiging banal ay nangangahulugan ng paghihiwalay mula sa mga kasalanan, pagnanasa, at makamundong bagay, at pagiging nakatuon sa Panginoon para sa Kaniyang sariling paggamit, at nasa ilalim ng Kaniyang kontrol. Ang isang templo ay nagiging banal lamang kung ito’y nakahiwalay mula sa karaniwang gamit, inialay sa Panginoon, at napupuno ng banal na presensya ng Diyos. Sa mundong ito ng kasalanan at panlilinlang, dapat tayong mag-ingat sa mga bulaang tagapagturo, bulaang propeta, at pati sa mga bulaang kapatid (2 Cor 11:26; Galacia 2:4) at ihiwalay natin ang ating sarili mula sa kanila na maaaring magpanggap na mga kapatid ni Jesus ngunit namumuhay sa kasalanan (1 Cor 5:11) o naglalakad nang *“walang kaayusan”* na hindi ayon sa Salita ng Diyos (2 Tesalonica 3:6, 15).

(c) **Mapagmahal at Maalagaing Kapatid:** Kung tayo ay tunay na ipinanganak na muli, iibigin natin ang Diyos at ang mga kapatid na ipinanganak sa Kaniya (1 Juan 5:1). Si Pablo, isang Judio, ay nangaral ng Ebanghelyo sa mga Hentil, gugugol at pagugugol para sa kanila (2 Cor 12:15), at tinawag silang *“mga kapatid”* (Roma 1:13)! Kay Cristo, iibigin at igagalang natin ang mga kapatid sa Panginoon nang walang diskriminasyon, pagkiling, o paghamak!

PAG-IISIP: Isang malaking pribilehiyo ang maging kapatid ni Jesus!

PANALANGIN: Ama, nagpapasalamat ako na hindi Ka nahihiyang tawagin akong kapatid.

KAYO’Y MAGIGING MGA SAKSI KO (I)

Tulad ng asin ng lupa at ilaw ng sanlibutan, inaasahan tayong maging tapat at tunay na mga saksi ng Panginoon (talata 8). Ang isang saksi ay inaasahang magsabi ng katotohanan sa kanyang nakita, narinig, at nalaman, at siya’y mananagot sa maaaring sabihin niya (Deut 5:20; 19:15-21; Mateo 19:18). Ang salitang *martir*, na mula sa parehong orihinal na termino ng saksi, ay nangangahulugang isang tao na sumasaksi hanggang sa kamatayan (Gawa 22:20; Pahayag 2:13). Inaasahan tayo ng ating Panginoon na maging mga matapat na saksi Niya at ng Kaniyang Katotohanan hanggang kamatayan.

Ang mga alagad ay labis na nagalak nang si Panginoong Jesus ay nagpakita sa kanila ng hindi bababa sa sampung beses matapos Siyang nabuhay mula sa mga patay at inasahan nilang ibalik ng Panginoon ang kaharian ng Israel sa lupa. Totoo, ang kaharian ng Israel ay maibabalik sa ikalawang pagparito ni Panginoong Jesus ayon sa itinakda ng Ama, ngunit nais ni Panginoong Jesus na ituon nila ang pansin sa Dakilang Komisyon: *“Datapuwa’t tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo ng Espiritu Santo: at kayo’y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kahulihulihang hangganan ng lupa.”*

Ang mga salita ng ating Panginoong Jesus sa Gawa 1:8 ay natupad nang eksakto hanggang sa pinakamaliit na detalye: natanggap ng mga alagad ang kapangyarihan ng Espiritu Santo nang dumating Siya sa kanila (Gawa 2) at sila’y naging mga saksi ng Panginoon sa Jerusalem (Mga Kabanata 2-7), sa Judea at Samaria (8:1-9:31), at hanggang sa dulo ng mundo (9:32-28:31).

Tinawag at sinanay ng ating Panginoon ang Kaniyang mga alagad upang maging mga saksi Niya. Sila’y kasama ni Jesus, narinig ang Kaniyang mga sinabi at itinuro, nakita ang Kaniyang mga ginawa, at naging mga saksi sa Kaniyang buhay, Kaniyang mga gawa, Kaniyang kamatayan, at Kaniyang muling pagkabuhay. Malapit na silang lisanin ng Panginoong Jesus, at inaasahan Niya na ang Kaniyang mga alagad ay magiging mga saksi Niya.

PAG-IISIP: Inaasahan ni Cristo na tayo ay magiging mga saksi Niya, ng Kaniyang Katotohanan at ng Kaniyang Salita.

PANALANGIN: Ama, gamitin mo ako bilang Iyong saksi saan man ako naroroon.

KAYO’Y MAGIGING MGA SAKSI KO (II)

Bakit hiniling ni Panginoong Jesus sa Kaniyang mga alagad na maghintay sa kapangyarihan ng Espiritu Santo, gayong napakahalaga na marinig na ng buong mundo ang Ebanghelyo sa lalong madaling panahon? Bagama’t kasama nila si Jesus, tinuruan at sinanay Niya, at binigyan ng kapangyarihang magpagaling ng mga maysakit at magpalayas ng mga demonyo (Lucas 10:17), hindi pa rin sila kwalipikado para sa dakilang Misyon na ito kung wala ang kapangyarihan ng Espiritu Santo.

Kung wala ang Espiritu Santo at ang Kaniyang kapangyarihan, paano mabubuksan ng mga alagad ang mga mata ng tao *upang sila’y mangagbalik sa ilaw mula sa kadiliman at mula sa kapangyarihan ni Satanas hanggang sa Diyos* (Gawa 26:18)? Paano sila magiging matatag at matapang upang harapin ang lahat ng kaaway ng katotohanan at ipangaral ang dalisay na Ebanghelyo nang walang takot o kompromiso? Paano nila matitiis ang lahat ng hirap, pagtangga, pag-uusig, at pagsalungat alang-alang kay Panginoong Jesus hanggang kamatayan? Kailangan nila ang Espiritu Santo at ang Kaniyang kapangyarihan para sa kanilang buhay at ministeryo. Tunay nga, matapos dumating ang Espiritu Santo sa mga alagad, nagkaroon sila ng kapangyarihang ipangaral ang Ebanghelyo, manindigan sa harap ng mga pinuno ng mga Judio (Gawa 5:29), magalak kahit sa gitna ng mga paghihirap at pag-uusig dahil sa Pangalan ni Jesus, at magpatuloy sa kanilang ministeryo ng pagtuturo at pangangaral (Gawa 5:41-42).

Kung wala ang Espiritu Santo at ang Kaniyang kapangyarihan, hindi tayo magiging tapat at tunay na mga saksi ng ating Panginoon hanggang kamatayan. Kailangan nating magpasakop sa kontrol at patnubay ng Espiritu Santo. Pinapatnubayan tayo ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, kaya’t kailangan nating basahin, pag-aralan, at sundin ang Salita ng Diyos araw-araw. Maaari rin Niya tayong patnubayan sa pamamagitan ng napapanahong pangangaral at payo ng Kaniyang mga makadiyos na lingkod, o sa pamamagitan ng pagpapatibay-loob ng Kaniyang mga anak, o sa Kaniyang soberanya at probidensya sa ating buhay at kalagayan. Tunay, Siya ang ating matapat na Gabay. Salamat sa Diyos para sa ministeryo ng Espiritu Santo.

PAG-IISIP: Kung wala ang Espiritu, hindi tayo magiging tapat na mga saksi.

PANALANGIN: Ama, tulungan Mo akong magpakumbabang magpasakop sa kontrol ng Espiritu.

KAYO’Y MAGIGING MGA SAKSI KO (III)

Hindi natin maaaring patotohanan ang isang tao na hindi natin kilala, ni maibabahagi sa iba ang wala tayo. Dapat nating tunay na makilala si Jesus, maniwala at tanggapin Siya bilang ating personal na Panginoon at Tagapagligtas. Ang Espiritu Santo ang nagpapatotoo (nagpapahayag) tungkol kay Panginoong Jesus at lumuluwalhati sa Kaniya (Juan 15:26; 16:14) at nagpapatotoo rin kasama ng ating espiritu (Roma 8:16). Sa patotoo at kapangyarihan ng Espiritu Santo, tayo ay makapagpapatotoo para sa ating Panginoong Jesus.

Sunod, kailangan nating magpatotoo tungkol kay Panginoong Jesus hindi lamang sa ating pagbabahagi o pangangaral kundi pati na rin sa ating buhay. Mainam na sabihin sa iba ang tungkol sa ating Panginoon, ngunit sa pamamagitan lamang ng kapangyarihan ng Espiritu Santo na makapagpapatotoo tayo sa ating Panginoong Jesus sa pamamagitan ng ating buhay (Gal 2:20; 5:24; 6:14). Nakikita ba ng iba ang kamatayan ng ating Panginoong Jesus sa ating buhay bilang *“Ako’y napako sa krus na kasama ni Cristo”*? Kung mahal pa rin natin ang ating “sarili” higit sa Diyos at sa Kaniyang kalooban, patuloy na namumuhay sa kasalanan, o nagmamahal pa rin sa sanlibutan at nakikiayon dito, paano tayo magiging tunay na saksi sa Kaniyang kamatayan?

Sa tuwing tayo ay nakikibahagi sa Hapunan ng ating Panginoon, dapat nating ipakita ang kamatayan ng Panginoon (1 Cor 11:26) sa ating buhay. Kapag nakita ng iba na sa lahat ng bagay gusto lang nating gawin ang kalooban ng Diyos, huminto sa pamumuhay sa kasalanan, at hindi tayo sa mundo, kung gayon tayo ay mga buhay na saksi sa ating Panginoon at sa Kaniyang kamatayan. Kapag nakita ng iba ang isang bagong buhay sa atin - isang banal, makadiyos, mapagpakumbaba ngunit matagumpay na buhay, kung gayon tayo ay mga buhay na saksi sa ating Panginoon at sa Kaniyang muling pagkabuhay. Kapag nakita ng iba na hindi tayo nagtatayo ng ating tahanan sa mundong ito kundi naninirahan lamang dito bilang mga peregrino at umaasa sa pagdating ng ating Panginoong Jesu-Cristo, tayo ay mga buhay na saksi sa ating Panginoon at sa Kaniyang malapit na pagdating!

PAG-IISIP: Mahalagang maging buhay na saksi para sa ating Panginoon.

PANALANGIN: Ama, gawin Mo akong buhay na saksi.

KAYO'Y MAGIGING MGA SAKSI KO (IV)

Tayo ay tinawag na maging saksi hindi lamang sa Panginoon Mismo kundi maging sa Katotohanan ng Diyos o Salita ng Diyos sa pamamagitan ng ating buhay. Ang ating Panginoon ay ang *saksing tapat at totoo* (Pahayag 3:14). Naparito Siya sa mundo upang *bigyang patotoo ang katotohanan* (Juan 18:37). Ang Salita ng Kaniyang Ama ay katotohanan (Juan 17:17), at si Jesus mismo ang katotohanan (Juan 14:6). Ang Espiritu Santo ay Espiritu ng katotohanan na gumagabay sa mga mananampalataya sa *buong katotohanan* (Juan 16:13).

Upang maging tapat at tunay na mga saksi ng Katotohanan ng Diyos o Salita ng Diyos, dapat nating malaman ang katotohanan sa ating puso (hindi lamang sa ating isipan) nang tama at wasto, tunay na paniwalaan ito, tanggapin ito, magpasakop dito, ipamuhay ito, at pagkatapos ay isagawa ito, ibahagi ito, ituro ito, at ipangaral ito nang tama, tapat, at may paggalang. Maraming nagpapakilalang Kristiyano o mga lider ang maaaring magpangaral ng Bibliya nang mahusay ngunit ang kanilang puso at buhay ay hindi nagpapasakop sa Salita ng Diyos. Paano sila magiging buhay na saksi ng Salita ng Diyos nang walang pananampalataya, pagpapakumbaba, at pagpapasakop?

Ang ating Panginoong Jesucristo at ang Kaniyang mga tapat na apostol ay walang ginawa laban sa katotohanan kundi para sa katotohanan (2 Cor 13:8), dapat gayundin tayo. Bukod dito, sa pamamagitan lamang ng patotoo at kapangyarihan ng Espiritu Santo tayo magkakaroon ng matibay na paninindigan upang ipaglaban ang katotohanan nang tapat hanggang kamatayan. Naririnig ba ng iba ang Katotohanan ng Diyos o Kaniyang Salita mula sa ating bibig at nakikita ba nila ito sa ating mga buhay?

Nais ng ating Panginoon na tayo ay maging Kaniyang mga saksi saanman tayo naroroon. Hindi magandang patotoo para sa isang Kristiyano na maging maka-Diyos sa simbahan tuwing Linggo ngunit di-maka-Diyos sa bahay, sa paaralan, sa palaruan, o sa trabaho sa mga karaniwang araw. Tayo ba ay tunay at tapat na mga saksi para sa Panginoon Mismo at sa Salita ng Diyos sa pamamagitan ng ating mga buhay saanman tayo naroroon sa lahat ng araw?

PAG-IISIP: Dapat nating malaman nang tama ang Salita ng Diyos upang makapagpatotoo nito.

PANALANGIN: Ama, sanayin mo akong maging saksi para sa Iyo at sa Iyong Salita.

MARTES, SETYEMBRE 23

LUCAS 2:1-20

LUCAS 2:11

*“Sapagka’t ipinanganak sa inyo ngayon
sa bayan ni David ang isang Tagapagligtas,
na siya ang Cristo ang Panginoon.”*

WALANG PUWANG PARA KAY JESUS? (I)

Ang Pasko ay ipinagdiriwang halos kahit saan sa mundo ngayon. Para sa mga Kristiyano, ipinagdiriwang natin ito nang may kagalakan, paggalang, at pasasalamat, samantalang ang mga di-Kristiyano ay ipinagdiriwang ito sa pamamagitan ng dekorasyon, mga salu-salo, at aliwan. Para sa atin, alam nating si Jesus ay hindi lamang ang Perpektong Tao kundi ang Perpektong Diyos din, ang Tagapagligtas ng mundo. Para sa mga di-Kristiyano, si Jesus ay itinuturing lamang na isang mabuting tao, mabuting guro, mabuting propeta, o isang dakilang lider ng relihiyon tulad ng iba. Marami pa nga ang nagdiriwang ng Pasko nang hindi alam ang anumang bagay tungkol sa Panginoong Jesus! Paano naman ikaw? Ang kwento ng Pasko ay isang tunay na kwento na may mga makasaysayang katotohanan. Ito’y nagsasalaysay ng soberanya ng Diyos at responsibilidad ng tao.

(a) **Makasaysayang Katotohanan:** Ang buong Bibliya ay Salita ng Diyos, na perpekto at totoo at karapat-dapat sa ating buong pagtitiwala, hindi lamang tungkol sa kaligtasan at mga doktrina kundi pati sa agham, kasaysayan, at heograpiya. Ang kwento ng Pasko ay isang tunay na kwento na may mga totoong makasaysayang pangalan at personal na pangalan tulad nina Jesus, David, Jose, at Maria, Augusto, Cirenio, at mga totoong lugar tulad ng Siria, Nazaret, Galilea, Lungsod ni David o Betlehem.

(b) **Soberanya ng Diyos:** Makikita ang soberanya ng Diyos sa katuparan ng Kaniyang mga pangako patungkol sa Mesiyas sa Bagong Tipan. Una, ang Mesiyas ay ipinanganak mula sa isang birhen (Gen 3:15; Isa 7:14; Mat 1:18, 25; Lucas 1:35; 2:6-7). Pangalawa, ang Mesiyas ay mula sa lahi ni Abraham (Gen 12:7) at ni Isaac (Gen 17:19), mula sa tribo ni Juda (Gen 49:10), mula sa angkan ni David, ang tagapagmana ng trono ni David (Isa 9:7; 11:1-5). Sa wakas, ang Mesiyas ay isinilang sa Bethlehem (Mikas 5:2). Nanirahan sina Jose at Maria sa Nazaret. Ang mahabang paglalakbay ay tiyak na mahirap para kay Maria na malapit nang manganak. Sa pamamagitan lamang ng soberanya ng Diyos na inutusan ni Augusto ang lahat ng tao sa Kaniyang kaharian na bumalik sa kanilang sariling bayan upang magparehistro sa talaan ng buwis. Kaya’t kinailangang bumalik sina Jose at Maria sa Bethlehem, at doon ipinanganak si Jesus bilang katuparan ng hula ng Diyos!

PAG-IISIP: Ang kwento ng Pasko ay isang tunay na kwento na may makasaysayang katotohanan.

PANALANGIN: Ama, nagpapasalamat ako sa Iyong pagparito upang iligtas ako.

WALANG PUWANG PARA KAY JESUS? (II)

(c) **Ang responsibilidad ng tao** ay makikita rin sa kwento ng Pasko. Una, ang mapagpakumbabang pagsunod ni Maria. Naniwala sila sa Diyos at mapagpakumbabang sumunod sa Kaniya nang walang takot sa opinyon ng publiko. Ayon sa batas ni Moises, ang isang babaeng buntis na walang asawa ay dapat batuhin hanggang mamatay. Dito, makikita natin na pinangalagaan siya ng Diyos nang siya'y manalig sa kat ipinagkatiwala ang kanyang buhay, kanyang pangalan, kanyang reputasyon, at kanyang kinabukasan sa Kaniya nang may buong pagpapasakop. Tinitingnan ng Diyos ang ating puso higit sa ating posisyon sa lipunan, edukasyon, o magandang anyo.

Paano naman si Jose? Sinabi sa Bibliya na siya ay isang matuwid na tao (*Mateo 1:19*) at binalak niyang hiwalayan nang tahimik si Maria nang malaman niyang siya'y nagdadalang-tao. Gayunpaman, nagpakita ang isang anghel sa kanya sa panaginip at sinabihang tanggapin si Maria bilang kanyang asawa dahil ang bata ay ipinaglihi sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Napili at nagamit siya ng Diyos dahil siya'y matuwid at masunurin. Sa totoo lang, walang tao ang matuwid sa harap ng Diyos (*Roma 3:10*). Tinawag si Jose na matuwid dahil mayroon siyang tamang relasyon sa Diyos sa pamamagitan ng kanyang pananampalataya sa Diyos, sa Salita ng Diyos at sa paparating na Mesiyas. Gayundin, tayo ay pinapawalang-sala at nagkaroon ng tamang relasyon sa Diyos sa pamamagitan ng ating pananampalataya kay Jesu-Cristo, ang ating Tagapagligtas, at sa Salita ng Diyos. Ngayon, mayroon tayong Bibliya, ang kumpleto, sapat, at huling kapahayagan ng Diyos, kaya hindi na natin kailangan ng anghel na magpakita sa panaginip. Sa halip, basahin natin ang Salita ng Diyos at hanapin ang Kaniyang kalooban nang may pusong mapanalanginin at masunurin.

Paano naman ang mga pastol? Nang magpakita sa kanila ang anghel at ipahayag ang mabuting balita, naniwala sila at nagtungo sa Betlehem, at nasumpungan sina Maria, Jose at ang sanggol sa sabsaban. Niluwalhati at pinuri nila ang Diyos at ibinahagi ang mabuting balita sa iba. Paano naman tayo? Ganun din ba ang gagawin natin?

PAG-IISIP: Ang responsibilidad ng tao ay magtiwala sa Diyos at sumunod sa Kaniyang Salita.

PANALANGIN: Ama, tulungan Mo po akong magtiwala sa Iyo at sundin ang Iyong Salita sa lahat ng panahon.

WALANG PUWANG PARA KAY JESUS? (III)

Hindi natin lubos na mapagkakatiwalaan ang isa na hindi natin kilala, kaya’t dapat nating kilalanin ang Panginoong Jesus upang mahal in Siya, pagkatiwalaan, sambahin, paglingkuran, at ibahagi sa iba ang tungkol sa Kanya. Ang kahulugan ng pangalang Jesus ay “Tagapagligtas,” na pumarito upang mamatay para sa ating mga kasalanan at muling nabuhay para sa ating kaligtasan. Ang kahulugan naman ng Cristo ay ang “Pinahiran,” na tumutukoy sa Kaniyang tungkulin bilang Mataas na Saserdote, Hari, at Propeta. Tinatanggap at pinaniniwalaan natin Siya hindi lamang bilang ating Tagapagligtas na nagliligtas sa atin mula sa kasalanan kundi bilang ating Mataas na Saserdote na Tagapamagitan natin sa Banal na Diyos, at ating Hari na naghahari sa ating mga buhay, at ating Propeta na ang mga salita’y ating pinaniniwalaan at sinusunod.

Sa bersikulo 5 hanggang 7, nalalaman natin na si Maria ay malapit nang manganak. Lubos niyang kailangan ng espesyal na pag-aalaga at pahinga. Subalit, dahil sa kautusan ni Cesar Augusto, maraming tao ang bumalik sa kanilang mga bayan upang magparehistro, kaya’t puno na ang lahat ng bahay-panuluyan. Ang mga may-ari ay mas inuna ang kita, itinaas ang upa, o inilaan ang mga silid para sa mayayaman, kaya’t walang lugar para kina Maria at Jesus, na mga mahihirap!

Ngunit paano tinrato ng mga tao ang buntis na si Maria? Wala silang malasakit sa kanya ni awa man lang. Sa huli, sa biyaya at mapagmahal na kalinga ng Diyos, isinilang ni Maria ang sanggol, binalot si Jesus, at inilagay Siya sa isang sabsaban, kasama ng mga hayop, na napakabaho at napakarumi! Hindi alam ng mga tao na si Jesus ang kanilang Manlilikha na naparito upang iligtas sila! Wala silang puwang para kina Maria at Jesus sa kanilang mga puso. Paano naman ang ating mga puso? May puwang ba para sa ating Panginoon at Tagapagligtas? Mahal Niya tayo at nais Niyang maging Tagapagligtas at Hari ng ating mga puso. Napakawalang puso natin kung iiwan natin ang Panginoong Jesus sa labas ng ating mga puso habang Siya ay nakatayo at kumakatok (*Pahayag 3:20*)! Kung wala tayong puwang para sa Kaniya sa ating mga puso ngayon, wala rin Siyang puwang para sa atin sa langit (*Juan 14:1-2*)!

PAG-IISIP: Ang Panginoong Jesus ay patuloy na nakatayo at kumakatok!
PANALANGIN: Ama, nawa’y Ikaw ang maging Tagapagligtas at Hari ng aking puso sa lahat ng panahon.

KAYO'Y SULAT NI CRISTO (I)

Karaniwan, kapag pumupunta tayo sa bagong lugar ng trabaho, mas nagiging kampante tayo kung may dala tayong sulat ng rekomendasyon, dahil ito ay nagsasalita ng mabuti tungkol sa ating sarili at ipinakikilala ang ating mga kredensyal upang tayo ay tanggapin nang maayos. Tungkol sa espirituwal na mga bagay, mas madali para sa atin na tanggapin ang mga bagong mangangaral, guro o pastor na may sulat ng rekomendasyon mula sa mga pinuno ng ating inang simbahan. Paano naman si Pablo? Hindi siya bago sa mga taga Corinto, dahil siya ang nagtatag ng iglesia sa mga taga-Corinto sa kanyang ikalawang paglalakbay pangmisyon (Gawa 18). Sinulatan niya sila, *"sapagka't isinilang ko kayo kay Cristo Jesus sa pamamagitan ng ebanghelyo"* at *"sapagkat ang tatak ng aking pagkaapostol ay kayo sa Panginoon"* (1 Cor 4:15; 9:2).

Si Pablo, na napilit ng pag-ibig ni Cristo (2 Cor 5:14), ay sumulat sa mga taga- Corinto, *"Kayo ay ang aming sulat, na nasusulat sa aming mga puso, nakikilala at nababasa ng lahat ng mga tao"* (2 Cor 3:2). Si Pablo ay hindi nangaral, nagturo, o sumulat sa kanila para lamang sa pangangaral, pagtuturo o pagsulat; kundi ang kanyang puso ay para sa kanila, at sila ay nasa kanyang puso, hindi tulad ng mga nagpapaluwalhati sa anyo, at hindi sa puso (2 Cor 5:12). Tunay nga, dahil napilitan ng pag-ibig ni Cristo, lubos na nagmalasakit si Pablo para sa kaligtasan at espirituwal na paglago ng mga taga- Corinto, anupat hindi niya ipinagkait ang kanyang buhay para sa kanila. Kung ano ang ginawa ng Panginoon at isinulat sa kanyang puso, *"Si Cristo ay nagsasalita sa akin"* (2 Cor 13:3), ay ipinasa ni Pablo sa mga taga- Corinto, na may hangaring ang kanilang mga buhay ay magsilbing salamin ng kanyang ipinangaral, itinuro, at isinulat sa kanila. Ito ang kahulugan ng sinabi ni Pablo na, *"Kayo ay ang aming sulat na nasusulat sa aming mga puso."* At marami ang nakabasa at nakakita ng mapagmahal na puso ni Pablo at ng bunga ng kanyang pagpapagal sa pamamagitan ng buhay ng mga taga- Corinto! Nawa'y ang pag-ibig ni Cristo ang siyang mag-udyok sa atin upang ang ating ginagawa para sa iba ay magmula sa ating puso at makaantig sa kanilang mga puso ayon sa Salita ng Diyos.

PAG-IISIP: Kung hindi tayo napilit ng pag-ibig ni Cristo, paano tayo maglilingkod sa Kaniya at sa iba?

PANALANGIN: Ama, nawa'y ang Iyong pag-ibig ang siyang mag-udyok sa akin na maglilingkod sa Iyo at sa iba.

KAYO'Y SULAT NI CRISTO (II)

Ang mga taga- Corinto ay hindi lamang sulat ni Pablo, kundi sila rin ay sulat ni Cristo, tulad ng sinabi niya, *“Hindi na ako, kundi si Cristo”* (Gal 2:20). *“Yamang nahahayag na kayo'y sulat ni Cristo”* (2 Cor 3:3). Makikilala ba ng iba na tayo ay mga sulat ni Cristo? Ang pagiging sulat ni Cristo ay pagsasalamain sa buhay at Salita ni Cristo sa ating pamumuhay (1 Juan 2:6). Maraming tao ang hindi pa nakakabasa ng Salita ng Diyos, at marami rin ang nakabasa na ngunit hindi nang tama o nailigaw. Mababasa ba nila ang Salita ng Diyos kapag nakasalamuha nila tayo? Paano tayo magiging sulat ni Cristo?

(a) **Isang Bagong Puso:** Natutunan natin na ang puso ng tao ay masyadong masama at tiwali upang mapabuti o mabago ng tao, kaya't ito'y kailangang linisin sa pamamagitan ng dugo ng Panginoong Jesucristo. Ang mahalagang kundisyon upang tayo'y magiging buhay na sulat ni Cristo ay ang ipanganak na muli (v.3; cf. Ezek 11:19).

(b) **Isinulat sa pamamagitan ng Banal na Espiritu:** Isa sa mga ministeryo ng Banal na Espiritu ay ang isulat ang Salita ng Diyos sa ating bagong puso. Nagsasalita Siya sa atin at sumusulat sa ating puso kapag binabasa natin ang Salita ng Diyos o kapag naririnig natin ang salita ng Diyos (Heb 8:10). Kaya't ialay natin ang ating puso sa Panginoon (Kaw 23:26), at buong kababaang loob na tanggapin ang Salita ng Diyos nang may ganap na pagsunod at pagpapasakop upang malaya Niyang maisulat ang Salita ng Diyos sa ating puso. Nangangahulugan ito na tunay nating isabuhay ang Salita ng Diyos (Col 3:16).

(c) **Ang Sulat ni Cristo:** Kung hindi natin iaalay ang ating puso sa Panginoon at hindi natin lubos na ipapasakop ang ating sarili sa nagiisang awtoridad ng Salita ng Diyos, paano maisusulat ng Banal na Espiritu ang Salita ng Diyos sa ating puso? Makatitiyak tayo na ang mga naglalakas-loob na husgahan, pagdudahan, punahin o kwestyunin ang Salita ng Diyos ay hindi kailanman magiging sulat ni Cristo. Hindi ba natin pahahalagahan ang mapagpalang gawa ng Banal na Espiritu na isinusulat ang Salita ng Diyos sa ating inialay at nagpapasakop na puso, at binabago tayo ayon sa larawan ng ating Panginoong Jesus?

PAG-IISIP: Upang maging sulat ni Cristo, kailangan natin ang lubusang pagpapasakop sa Salita ng Diyos.

PANALANGIN: Ama, nawa'y malaya Mong isulat ang Iyong Salita sa aking puso.

KAYO’Y SULAT NI CRISTO (III)

Isang dakilang pribilehiyo at pagpapala ang maging sulat ni Cristo, na sumasalamin ng Salita ng Diyos at buhay ni Cristo upang mabasa ng iba ang sulat ni Cristo sa pamamagitan ng ating pamumuhay:

Ito ay isang banal na sulat: Kung hindi tayo mamumuhay nang banal at maka-Diyos, na hiwalay sa kasalanan, sa pagiging makasarili, sa makamundong mga bagay, at sa maling doktrina, hindi tayo magiging sulat ni Cristo. Sinabi ng babae sa Sunem sa kanyang asawa tungkol sa propetang si Eliseo, *“Aking nahahalata na ito’y isang banal na lalake ng Diyos na nagdadaan sa ating palagi”* (2 Hari 4:9), kahit hindi pa siya nangangaral ng anuman sa kanya.

Ito ay isang buhay na sulat: Hindi ito isinulat gamit ang tinta sa *“mga tapyas ng bato”* (2 Cor 3:3; cf. Exod 24:12; 31:18), kundi sa pamamagitan ng Espiritu ng buhay na Diyos sa ating bagong puso kay Cristo. Ang ating mga buhay ba, kasama ang lahat ng ating mga gawain, ay isang buhay na sulat ni Cristo na maaaring basahin ng iba?

Ito ay ang ebanghelyo ni Cristo: Mababasa ba ng mga makasalanan ang mabuting balita ng pagkamatay ni Cristo para sa kanilang mga kasalanan at ang Kaniyang pagkabuhay na muli para sa kanilang pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng ating buhay at mga salita (Fil 1:27)?

Ito ay isang mapagmahal na sulat: Nakikita ba ng iba ang banal na pag-ibig ng Diyos sa ating mga buhay? Pag-ibig na *“Hindi nagagalak sa kalikuan, kundi nakikigalak sa katotohanan”* (1 Cor 13:6).

Ito ay isang nakaaaliw na sulat: Makakakuha ba ng lakas ng loob at kaaliwan ang iba mula sa atin sa kanilang mga problema at pagsubok sa buhay (2 Cor 1:3)?

Ito ay isang nagbabala na sulat: Makakakuha ba ng babala mula sa Diyos ang mga makasalanan at mga naligaw ng landas sa pamamagitan ng ating buhay (2 Tes 2:10-12)?

PAG-IISIP: Napakagandang maging sulat ni Cristo!

PANALANGIN: Ama, gawin Mo akong Iyong sulat na mababasa ng iba.

LUNES, SETYEMBRE 29

JUAN 13:1-17

JUAN 13:15

*“Kayo’y binigyan ko ng halimbawa
upang gawin naman ninyo ayon.
sa ginawa ko sa inyo.”*

MAPAPALAD KAYO KUNG INYONG GAGAWIN

Pinasasalamatan natin ang Diyos na sa nakalipas na tatlong buwan ay natutunan natin ang Salita ng Diyos lalo na ang tungkol sa kung ano ang Kaniyang inaasahan sa atin at kung ano ang ating gagawin. At tiyak na, sa pagbabasa ng Kaniyang Salita, malalaman natin ang higit pa tungkol sa Kaniyang kalooban at kung ano ang inaasahan Niya na magiging ano tayo at ano ang ating gagawin. Sa madaling sabi, nais ng Diyos na tayo ay magiging tulad ng Kaniyang bugtong na Anak, ang ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo, at gagawin ang tulad ng Kaniyang ginawa - nagtitiwala sa Diyos at sa Kaniyang Salita nang may buong pag-asa, pagpapasakop, at maging pagsunod hanggang kamatayan. Napakasaya natin kung sa pamamagitan ng biyaya at lakas ng Diyos, ay maisasagawa natin ang lahat ng ating natutunan at nalalaman mula sa Salita ng Diyos!

Noong panahon ni Jesus sa Palestina, karamihan ng tao ay nakasuot ng sandalyas at naglakad sa maalikabok na daan, kaya naging marumi ang kanilang mga paa matapos ang mahabang paglalakad. Kaugalian nila ang maghubad ng sandalyas at maghugas ng paa bago pumasok sa kanilang bahay. At kapag sila ay kumakain, hindi sila nauupo sa mesa gaya ng ginagawa natin ngayon, kundi sila ay humiga sa mga kutson habang kumakain. Ang ipininta ni Da Vinci noong huling bahagi ng ika-15 siglo tungkol sa Huling Hapunan ay hindi naaayon sa Biblia!

Dito, ang ating Panginoong Jesucristo at ang Kaniyang mga alagad ay halos natapos nang maghapunan. Pagkatapos, tumayo ang ating Panginoon mula sa hapag, hinubad ang Kaniyang mga kasuotan, kumuha ng tuwalya, itinali ito sa Kaniyang sarili, nagbuhos ng tubig sa palanggana, at sinimulang hugasan ang mga paa ng Kaniyang mga alagad at pinunasan ang mga iyon gamit ang tuwalya. Sinabi Niya sa kanila, *“Nalalaman бага ninyo kung ano ang ginawa ko sa inyo? Tinatawag ninyo akong Guro, at Panginoon: at mabuti ang inyong sinasabi; sapagka’t ako nga. Kung ako nga, na Panginoon at Guro, ay naghugas ng inyong mga paa, kayo naman ay nararapat ding mangaghugasan ng mga paa ng isa’t isa. Sapagka’t kayo’y binigyan ko ng halimbawa, upang gawin naman ninyo ayon sa ginawa ko sa inyo”* (vv. 12-15).

PAG-IISIP: Ninanais ko bang maging tulad ni Cristo at sundan ang Kaniyang mga yapak?

PANALANGIN: Ama, tulungan Mo akong sundan Ka at ang Iyong halimbawa sa lahat ng panahon.

MAPAPALAD KAYO KUNG INYONG GAGAWIN (II)

Isang dakilang pribilehiyo ang maging katulad ng ating Panginoon. Pinapasalamatan natin ang Diyos na hindi lamang Niya tayo pinalaya at iniligtas mula kay Satanas at sa mga kasalanan kundi *“nagpasimula ng mabuting gawa” sa atin hanggang tayo ay “maging katulad ng larawan ng Kaniyang Anak”* (Fil 1:6; Roma 8:29). *“...Nalalaman natin na, kapag siya ay magpakita, ay magiging katulad niya tayo... At ang bawa’t tao na taglay ang pag-asang ito sa kaniya ay dinadalisa ang kaniyang sarili, maging gaya ng siya ay dalisay”* (1 Juan 3:2-3).

Tayo ba ay nababago at nagiging higit na katulad ng ating Panginoong Jesus araw-araw? Mahalaga na tumingin tayo sa ating Panginoong Jesus. Maraming Kristiyano ang natutuksong tumingin sa ibang tao, maging sa kapwa Kristiyano o mga lider, at pagkatapos ay ikumpara ang kanilang sarili sa mga iyon. Tunay ba nating ninanais, nang may sinseridad at kaseryosohan, na maging tulad ng ating Panginoon?

Dapat pansinin na nang turuan ng ating Panginoon ang Kaniyang mga alagad, *“Kung ako nga, na Panginoon at Guro, ay naghugas ng inyong mga paa, kayo naman ay nararapat ding mangaghugasan ng mga paa ng isa’t isa.”* (v 14), hindi Niya sila tinuruan na gawin iyon bilang isang relihiyosong seremonya o ritwal tulad ng ginagawa ng ilang grupo sa ngayon. Sa halip, dapat tayong maglingkod at tumulong sa isa’t isa sa pamamagitan ng pananalangin para sa isa’t isa, pagpapatawad sa isa’t isa, pagpasan ng pasanin ng iba, paglilingkod sa Panginoon nang magkakasama, at paggawa ng anumang kaya natin para sa Panginoon at sa isa’t isa.

Tunay na, *“Kung nalalaman ninyo ang mga bagay na ito, mapapalad kayo kung inyong gagawin (at patuloy na gagawin) ang mga ito.”* Matatamasa natin ang pag-ibig ng Diyos at ang Kaniyang presensya sa ating buhay (Juan 14:16,23), mas makikilala natin Siya (Juan 14:21), matalinong maitayo ang ating buhay at ministryo sa isang matibay na pundasyon (Mat 7:25), *“hindi mapapahiya sa harap niya sa kaniyang pagdating”* (1 Juan 2:28), at *“kung siya’y mahayag, tayo’y magiging katulad niya.”* Ang ating Panginoong Jesucristo ay malapit nang dumating na may dalang gantimpala (Pahayag 22:12). Handa at sabik ba tayong salubungin Siya?

PAG-IISIP: Isang pagpapala ang mabuhay para sa Panginoon at sa Kaniyang pagbabalik!

PANALANGIN: Ama, tulungan mo akong gawin ang lahat para sa Iyo.

Notes

Notes

The RPG Ministry

*The Read Pray and Grow Daily Devotional Booklets
A Literature Ministry of Calvary Pandan B-P Church*

Translated into Tagalog by the
Filipino Worship Service (*FiWS*) -
True Life Bible-Presbyterian Church

FiWS meets at 10.30 am every Sunday in
Rm. 601, RELC, Orange Grove Road, Singapore 258352
For enquiry, please contact us at +65 8185 3623
or visit our website at: www.truelifebpc.org.sg/